




UJOS PANGKULTURANG DYORNAL NG PAMBANSA DEMOKRATIKONG KILUSAN

NOYEMBRE 2013



UJOS



PANGKULTURANG DYORNAL NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN SA
PANGANGASIWA NG ARTISTA AT MANUNULAT NG SAMBAYANAN (ARMAS)
SA PAMAMATNUBAY NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS (MLM).



U/OS

ANG BAWAT LIKHANG-SINING SA ISYUNG ITO NG AY MAAARING
 IPALAGANAP SA ANUMANG PARAAN O ANYO; ANG MGA AWIT, TULA, KWENTO, SANAYSAY AT
 SINING BISWAL AY MAAARING SIPIIN SA MGA PANUNURI AT ITANGHAL SA MGA PULONG-MASA
 AT MGA PAGTITIPON NG MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA; MAAARING ISALIN SA IBANG
 WIKA AT ILATHALA SA MGA PUBLIKASYON NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN.

HINHIKAYAT ANG LAHAT NG KASAMA SA KANAYUNAN MAN O SA LUNSOD NA MAG-AMBAG
 NG KANILANG MGA AKDA AT IBA PANG LIKHANG SINING. ANUMANG MGA PUNA AT SUHESTYON
 AY MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA DIWA NG IBAYO PANG PAGPAPAUNLAD SA ATING
 REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN.

NILALAMAN

SI BONIFACIO AT ANG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG REBOLUSYON, <i>mula sa Patnugutan ng ULOS</i>	5
PAG-IBIG SA TINUBUANG LUPA, <i>ni Andres Bonifacio</i>	18
KATAPUSANG HIBIK NG PILIPINAS <i>ni Andres Bonifacio</i>	23
TALUMPATI SA PAGTATATAG NG KATIPUNAN, <i>ni Andres Bonifacio</i>	26
ILANG KWENTO NG MGA LABANAN SA REBOLUSYONG 1896, <i>ni Santiago Alvarez</i>	27
MGA TALA NG AKING BUHAY, <i>ni Gregoria de Jesus</i>	39
SULAT NI GREGORIA DE JESUS KAY EMILIO JACINTO	44
WALANG PAMAGAT, <i>ni Gregoria de Jesus</i>	52
KALULUWA NG BAYANI, <i>ni Jose Corazon de Jesus</i>	55
BONIFACIO, <i>ni Amado V. Hernandez</i>	60
SAMPAGUITA, <i>ni Lorena Barros</i>	62
SAMPAGUITA, <i>SALIN NG ULOS</i>	63
ANG DIGMANG MAGSASAKA SA NEGROS AT PANAY NOONG REBOLUSYONG 1896, <i>ni MayaMor</i>	64
ANG NAGPAPATULOY NA PAKIKIBAKA PARA SA LUPA SA NEGROS, <i>ni Maria Catalonan</i>	77
ANG MAG-AASIN, <i>ni Jhun Mendoza</i>	82
AGUNYAS SA HACIENDA LUISITA, <i>ni Bienvenido Lumbera</i>	84
LABANAN SA PINAGLABANAN, <i>kolektibong likha ng mga kabataan</i>	86

BONIFACIO, BAYANI NG ANAKPAWIS, <i>ni Fidel Evangelista</i>	92
ASERO, <i>ni Tirko Lucero</i>	94
GASERA, <i>ni Ka Louie</i>	96
AGUINALDO O BONIFACIO: SINO ANG TUNAY NA BAYANI, <i>kolektibong likha ng mga kabataan</i>	97
EL DEPOSITO, <i>ni Ka Arman</i>	104
PAANO MO NAALALA SI BONIFACIO, <i>ni Ka Arman</i>	105
ALAY KAY ANDRES BONIFACIO, <i>ni Eduardo Roson Serrano</i>	107
AWIT KAY GAT ANDRES BONIFACIO, BAYANING MANGGAGAWA, <i>ni Renante Gamara</i>	109
SA ALA-ALA NI KA ANDRES BONIFACIO, DAKILANG DESAPARECIDO, <i>ni Silvia Madiaga</i>	111
SUPREMO BONIFACIO: PULANG OBRERO, <i>kolektibong likha ng mga kabataan</i>	114
ANG BAGONG ALAMAT NG BAHAY-TORO, <i>ni Maria Catalonan</i>	116
PASASALAMAT	129

SI BONIFACIO AT ANG PAMBANSA- DEMOKRATIKONG REBOLUSYON

MULA SA PATNUGUTAN



Inihahandog ng *ULOS* ang isyung ito sa paggunita kay Andres Bonifacio sa kanyang ika-150 kaarawan. Napakalaki ng ginampanang papel ni Andres Bonifacio sa paghubog ng kamalayang kumikilala sa Pilipinas bilang isang bayang hiwalay sa Espanya, at kumikilala sa armadong pakikibaka bilang tanging daan sa pagkamit ng kasarinlan. Sa paglathala ng mga akda ni Andres Bonifacio, itinatanghal din siya ng *ULOS* bilang isang manggagawang pangkultura na nagpanday ng kanyang sining mula sa pagganap sa entablado ng dulaan tungo sa entablado ng digmaan, mula sa pagsulat sa dahon ng pahayagan tungo sa dahon

ng kasaysayan. Tulad ng iba pang mga dakilang lider ng rebolusyon, si Bonifacio ay isang artistang pumalaot sa digmaan at isang mandirigmang patuloy na nagpaunlad ng kakayahan sa arte sa gitna ng labanan. Ang kanyang karanasan sa buhay at pakikibaka, ang kanyang kasanayan sa pagganap sa dulaan at kasanayan sa kaligrapiya, panulat at pagtalumpati, ang ginamit niya nang lubos para sa pagpapakilos ng masa para sa pambansang kalayaan.

Ngunit gaano man kadakila, hindi ginugunita ang isang lider sa kanyang indibidwal na personalidad o mga kakayahan lamang kundi sa mga kalagayan at pakikibakang nagtakda ng kanyang lugar sa kasaysayan. Kaya't ang kagitingan ni Andres Bonifacio bilang isang bayani ng masang anakpawis, ang kanyang nasyunalismo, o ang kanyang matatag na pagtangan sa armadong pakikibaka, ay hindi mauunawaan nang lubos kung hindi magbabalik-tanaw sa mga pangyayaring nakapalibot sa pakikibakang naghubog sa kanya bilang isang bayani: ang Rebolusyong Pilipino ng 1896.

Ayon sa paliwanag ni Jose Maria Sison,

“Ang Rebolusyong Pilipino ng 1896 ang unang pambansa at demokratikong tugon ng mamamayang Pilipino sa dominasyong kolonyal at pyudal. Ang uring ilustrado ang nangungunang uri sa rebolusyong ito. Sa esensya, binuo ang uring ito ng mga edukadong anak ng mga pamilya ng panginoong maylupa, burukrata at mangangalakal na sumunod sa ideolohiya ng burgesyang liberal.

“Sa simula, noong dekada 1880, dinala ng mga ilustradong tulad ni Jose Rizal ang repormistang linya ng pagtatamo ng mga repormang liberal sa balangkas ng kolonyalismong Espanyol. Itinaguyod nila ang kilusang propaganda sa Espanya dahil sa di-matiis na kundisyong pang-intelektwal, pampulitika, at sosyo-ekonomiko ng kolonyang Pilipinas. Nailantad ng pinakamahuhusay na repormista, tulad nina Jose Rizal at Marcelo H. del Pilar, ang pinakamasamang mga katangian ng kolonyalismo at pyudalismo.

“Sa ganap na pagkabigo ng kilusang repormista, na humantong sa pagsupil sa La Liga Filipina (ang pinakaambisyonang pang-organisasyong proyekto ng mga repormistang liberal) at pag-

aresto kay Jose Rizal, ang Katipunan ay itinatag at naging pampulitikang organisasyon ng rebolusyonaryong burgesyang liberal upang mamuno sa bansang Pilipino sa pakikipaglaban para sa pambansang kasarinlan laban sa kolonyalismong Espanyol.

“Ang prinsipal na lider at tagapagtatag ng Katipunan, si Andres Bonifacio, ay isang naliliwanagang manggagawa mismo. Ang kasapian ay nagmula sa naliliwanagang petiburgesya ng kalunsuran, mga manggagawa at iba pang maralita ng lunsod, magsasaka at iba pang mamamayan. Ang pagkakalantad ng Katipunan sa mga prayle at ang sumunod na pang-aaresto ang nagpasiklab sa Rebolusyon ng 1896.

“Maaaring ilarawan ang rebolusyong ito bilang isang pambansa at burges-liberal na rebolusyon. Ngunit di tulad ng mga burges-liberal na rebolusyon sa Europa, hindi ito udyok ng isang uniiral na kapitalismo sa pagmamanupaktura o industriya. Ang mga rebolusyonaryong lider na Pilipino ay mga burges-liberal na naliwanagan sa labas ng mga iskwelahan ng prayle,



Pagawaan ng tabako

at naghangad ng maunlad na industriya at komersyo, bagay na naobserbahan nila sa Europa.

“Halos wala pang manupaktura sa Pilipinas. Ang pinakamalusay dito ay ang pagmamanupaktura ng tabako na nagsimula noon pang naunang siglo. Sa pangkalahatan, ang pag-unlad ng manupaktura ay napigil ng pag-iimport ng mga namanupakturang produkto.

“Samantalang nasa disbentahe ang bansang Pilipino sa di

pantay na palitan ng mga namanupakturang produkto at inieeksport na pananim na pang-agrikultura, ang papalaking paniningil ng mga kolonyal na awtoridad at prayle ang naging dahilan kung bakit di matiis ng mamamayang Pilipino ang lipunang kolonyal at pyudal. Ang kolonyal na pang-aapi ang nagpagalit sa mga katutubong panginoong maylupa, mangangalakal, burukrata, manggagawa't magsasaka.

“Ang uring magsasaka, na siyang pinakamarami, ang ganap na pinagsasamantalahan. Tulad sa mga liberal-demokratikong rebolusyon sa Europa, ang uring magsasaka ang naging pangunahing pwersa ng Rebolusyong Pilipino. Pero kaugnay ng usapin sa lupa, isinentro ng mga liberal na rebolusyonaryong Pilipino sa mga prayleng panginoong maylupa ang kanilang antipyudal na pagtuligsa.” (Jose Maria Sison, Pangkasaysayang Ugat ng Krisis ng Pilipinas, Una sa Serye ng mga Lektyur tungkol sa Krisis At Rebolusyong Pilipino, U.P.,1986)



Manggagawang bukid sa tubuhan, 1890

“Kung masusi nating pag-aaralan ang panimulang pag-unlad ng pambansa-demokratikong kilusan, makikita natin ang malalim na batayan nito sa sitwasyong agraryo sa Pilipinas noong kolonyal na panahong Espanyol. Naging makatwiran lamang ang paggigiit ng masa sa kalayaang pampulitika nang matanto nilang maipagtatangol sila ng isang pambansang estado, ng sarili nilang soberanyang bayan, laban sa

mapagsamantalang kapangyarihang kolonyal na pinakikinabangan lamang ng mga kolonyalista at ng kanilang mga lokal na ahente. Ganap lamang na nagkahugis ang rebolusyong Pilipino ng 1896 pagkatapos mamobilisa ang uring magsasaka sa isang makapangyarihang kilusan sa pambansang pagpapalaya laban sa kolonyalismo at pagkatimawa. Ang uring magsasaka ang tumayo bilang suportang masa sa rebolusyonaryong gubyernong Pilipino at lumahok ito sa pinakamatinding makabayang digma laban sa kolonyal na awtoridad, laluna sa mga lugar na napakatindi ng kontradiksyon ng magsasaka at panginoong maylupa. Pyudalismo ang naging kahulugan ng kolonyal na paghahari. Kinailangan itong maibagsak ng armadong lakas ng uring magsasaka.

“Kung masigasig nating pag-aaralan ang mga akda at karanasan ng naunang pambansa-demokratikong mga bayani, hindi natin maiiwasang makita ang linyang naggigiit na ang kawalan ng pampulitikang kalayaan ng isang bansa ay nakabatay sa pagsasamantala at kontrol sa ekonomya ng isang dayuhang kapangyarihan. Sa mamamayang Pilipino noong panahon ng Espanyol, ang teokratikong kaisahan ng simbahan at estado at ang kawalan ng pambansa at indibidwal na kalayaan ay nakabatay sa pyudal na kaayusan ng ekonomya at sa mutwal na pamamanginoong maylupa ng awtoridad na sibilyan at awtoridad ng simbahan.

“Ipinahayag ni Andres Bonifacio, ang manggagawang tagalunsod na ispontanyong nakakadama sa praternal na ugnayan ng kanyang sumisibol na uri at ng uring magsasakang matagal nang buo, sa maalab na rebolusyonaryong lenggwahe, ang protesta ng magsasaka laban sa pyudalismo sa kanyang tulang **Katapusang Hibik ng Pilipinas**:

Ang lupa at bahay na tinatahanan,
 Bukid at tubigang kalawak-lawakan,
 Sa paring kastila’y binubuwisan...
 Ikaw nga, Inang pabaya’t sukaban
 Kami’y di na iyo saan man humanggan.
 Ihanda mo, Ina ang paglilibingan
 Sa mawawakawak na maraming bangkay.

“Ang panawagan ni Bonifacio na mag-alsa laban sa pyudal na pagsasamantala ay naihanda na ng mahabang serye ng

pakikibakang magsasaka na sumasaklaw sa daan-daang taon bago pa dumating ang panahon niya. Pagkatapos mailunsad ang mahabang serye ng kalat-kalat at di koordinadong rebelyon saka lamang natanto ng magsasakang Pilipino na kailangan ang isang organisadong-organisado at mulat na bansa ng mga magsasakang kumikilos bilang iisang malaking pwersa para matagumpay na mabira ang kapangyarihang pyudal at maitatag ang isang bansa-estado. Sa rebolusyonaryong tula ni Bonifacio, pansining maigi na ang pagtuligsa sa pagsasamantalang pyudal ay kasabay ng kanyang panawagan para sa armadong pakikibaka sa kolonyal na kapangyarihan.” (Jose Maria Sison, *Ang Reporma sa Lupas at Pambansang Demokrasya*, Talumpati sa unang Panrehiyong Kumperensya ng Gitnang Luzon ng Kabataang Makabayan, 1965)

Sa ganitong kapaligiran at kapanahunan nakalugar ang mga sulatin ni Andres Bonifacio na inilalabas dito ng ULOS. Inilalatag ng kanyang walang-kamatayang **Pag-ibig sa Tinubuang Lupa** ang diwa ng pagmamahal sa bayan. Bagama’t itinuturing na tula ng pag-ibig, nagbigay ito ng mas malalim na kahulugan sa pag-ibig at inilagay ito sa nararapat na lugar sa gitna ng pakikibaka. At hanggang ngayon, ang pakahulugang ito ang nagbibigay ng inspirasyon sa nagpapatuloy na rebolusyon.

Samantala, inilalarawan ng **Katapusang Hibik ng Pilipinas** ang pang-aapi ng paghaharing Espanyol. Mula sa kalupitan sa mga nagrereklamo – “pag nagpatirapang sa iyo’y humibik/ lunas na gamot mo ay kasakit-sakit... bangkay nang mistula’y ayaw pang tigilan,/ kaya kung ihulog sa mga libingan,/linsad na ang buto’t lumuray ang laman.”; hanggang sa pagpapahirap sa larangan ng ekonomya sa pamamagitan ng mga *patente, recargo, alumbrado* at pagbubuwis sa mga pananim, malinaw na nailalatag ang kawalang-saysay ng paghingi ng reporma mula sa isang “Inang pabaya’t sukaban”, “Inang kuhila”, o “Inang walang habag” mga kalagayang pinagbabatayan ng panawagan para sa ganap na kasarinlan na inilinalaw sa pamamagitan ng “paalam, paalam, Inang walang habag,/ paalam na ngayon, katapusang tawag.” Sa gayo’y napakalinaw ng batayan ng armadong rebolusyon bilang paghihiwalay – “ihanda mo, Ina, ang paglilibingan/ sa mawawakawak na maraming bangkay./Sa sangmaliwanag ngayon ay sasabog/ ang barila’t kanyong katulad ay

kulog/ ang sigwang masasal sa dugong aagos/ ng kanilang bala na magpapamook.”

Kaya’t walang pag-aalinlangang ipinanawagan ang armadong rebolusyon sa **Talumpati sa Pagtatatag ng Katipunan**: “Sukat na! Papagsalitain natin naman ang sandata!” at tinugunan ito ng malawak na masa ng sambayanan, lalo na ang mga magsasaka. Ipinapakita ng **Ilang kwento ng mga Labanan sa Rebolusyong 1896** mula sa **Ang Katipunan at Paghihimagsik** na sinulat ni Santiago Alvarez ang magiting na pagpupunyagi ng masang Pilipino, kahit pa pinamumunuan ng mga ilustrado ang rebolusyon. Lumaban ang mamamayan kahit kapos na kapos sa sandata, tulad ng paglusob ng Katipunan sa Sta. Mesa kung



saan “dumaluhong ang Kawal ng Bayan, at nang totoong magkahigpitan na ng kalagayan sa pagpapangagaw ng kani-kanilang buhay, ang Katipunan ay wala nang pinaiwan sa mga Morong huramentado; baril-dito, baril-doon; taga rito, taga roon,” at mapanlikhang gumagawa ng iba’t ibang paraan upang mapangibabawan ang kakulangan ng armas, tulad ng grupo ni Bonifacio na “lahat ng mga walang baril ay pinagpapasan ng tig-isang urang, upang kung matanaw ay akalaing baril din.” Kitang-kita rin dito ang pangmasang katangian ng digmang bayan

kung saan kahit ang mga hindi armado ay gumagawa ng kani-kanilang paraan tulad ni Ginang Francisca Angeles na nagkulong ng isang tumatakas na Gwardya Sibil sa paminggalan at kumuha sa baril nito, o ng patuloy na pagdikit ng mga mamamayan sa sundalong Apolonio Esguerra hanggang nilayasan niya ang tenyenteng Kastilang namumuno sa kanya at sumama sa mga anak ng bayan.

Ipinakikita naman ng mga siniping bahagi ng **Mga Tala ng Aking**

Buhay ni Gregoria de Jesus ang naging papel ng kababaihan sa pakikibaka, mula sa paggampan sa mga suportang serbisyo sa kilusan, hanggang sa paglahok mismo rito bilang mandirigma. At pagdating sa maitim na bahagi ng kasaysaysan ng Rebolusyong 1896—ang pagligpit kay Bonifacio sa utos ni Aguinaldo, nakalahad sa **Sulat ni Gregoria de Jesus kay Emilio Jacinto** ang kanyang pagkasaksi sa mga nakasisindak na pangyayari kaugnay ng pagbihag kay Bonifacio, pati ang dinaanan niyang kahirapan bilang babaeng nakikidigma at bilang asawang naghahanap ng nawawalang mahal sa buhay. Ngunit sa kabila ng kanyang pagdadalamhati sa pagkawala ni Bonifacio, sa kanyang tulang walang pamagat, ay kinailangan niyang kimkimin ang hrap ng loob dahil patuloy silang nasa labanan. Matatandaang sa panahong isinulat niya ito’y pinaghahanap pa rin ni Aguinaldo ang kanilang hukbo, may utos pa ngang iligpit ang pangunahing mga heneral ni Bonifacio na sina Emilio Jacinto at Julio Nakpil. Kaya’t walang puwang para sa kahinaan ng loob: “Sama ng loob ko’y sa aking mag-isa,/ Di maipahayag sa mga kasama;” at patuloy na tinatandaan ang bilin ni Bonifacio na sa kabila ng kawalang katiyakan at pagkapanandalian ng indibidwal na buhay sa pakikibaka, ang mga tungkulin sa rebolusyon ay nagpapatuloy: “Ako’y lalakad, usok ang katulad;/Pagtaas ng puti, agiw ang katulad;/ Ang bilin ko lamang, tandaan mo, liyag,/Kalihiman natin huwag ihahayag.”

Ang pagligpit kay Bonifacio sa utos ni Aguinaldo ay pag-agaw ng pamunuan ng Rebolusyon mula sa isang lider na ayon kay Jose Maria Sison ay “manggagawang tagalunsod na ispontanyong nakakadama sa prternal na ugnayan ng kanyang sumisibol na uri at ng uring magsasaka” tungo sa isang ilustrado, na ayon kay Apolinario Mabini, ay may “walang sukat na ambisyon sa kapangyarihan” at di naglaon ay nagbenta ng rebolusyon sa mga Espanyol sa kasunduan ng Biak-na-Bato. Hindi nito napigilan ang patuloy na pakikibaka ng sambayanan hanggang maitaboy ang mga dayuhang kaaway. Gayunman, hindi rin lumaya ang uring magsasaka mula sa pyudalismo dahil ginamit na itong baseng panlipunan ng pumalit na imperyalistang kapangyarihan. Ayon pa rin kay Jose Maria Sison sa kanyang Pangkasaysayang Ugat ng Krisis ng Pilipinas:

“Kung pag-uusapan ang paglipol sa kolonyalismong Espanyol, matagumpay ang lumang demokratikong rebolusyon ng 1896. Ang Rebolusyonaryong Gobyerno ng Pilipinas at Hukbo sa

pamumuno ni Emilio Aguinaldo ay nakapagtagumpay sa pambansang saklaw. Ang rebolusyonaryong konggreso noong unang parte ng 1899 ay nakapaglabas ng Konstitusyon ng Malolos na pundamental na batas ng bansang Pilipino.

“Sa konstitusyong ito, pinagtibay ang pambansang soberanya at independensya ng mamamayang Pilipino, mga prinsipyo ng gubyernong republikano at demokratiko; batas ng mga karapatan; pagkakahiwalay ng simbahan at estado; at pagsasabansa sa mga propyedad ng prayle.

“Isinulong ng rebolusyonaryong kilusang Pilipino ang isang pambansa at demokratikong kultura. Nabigyan ito ng inspirasyon ng progresibong ideolohiya. Naglabas ito ng mga publikasyon, at nagtaguyod ng mga akdang pangkultura. Nagtayo ito ng modelo ng susunod pang unibersidad, at napagsama-sama ang Pilipinong propesyonal sa panlipunan at pangkalikasang mga syensya.” (Jose Maria Sison, Pangkasaysayang Ugat Ng Krisis Ng Pilipinas, Una sa Serye ng mga Lektyur tungkol sa Krisis At Rebolusyong Pilipino, U.P.,1986)

“Nang manghimasok at manalakay ang militar ng US noong 1898 para linlangin at matapos nito’y durugin ang rebolusyong Pilipino sa Digmaang Pilipino-Amerikano ng 1899-1902,



Labanan sa Paco, 1899

nabigo ang pangunahing rebolusyonaryong mga layunin na itatag ang malayang bansa-estado at kamtin ang reporma sa lupa. Para magtagumpay sa reaksyunaryong pakikipagsapalaran ang imperyalismong US, pinatay nito ang mahigit 250

libong mandirigma at sibilyang magsasaka.” (Jose Maria Sison, Ang Reporma at Pambansang Demokrasya, 1965)

Kaya't ang paggunita sa buhay at pakikibaka ni Andres Bonifacio ay paggunita rin sa pakikibaka ng masang anakpawis laban sa kolonyalismong Espanyol at imperyalismong US. Ang pagpaparangal sa kanya ay pagpaparangal sa lahat ng bayani at martir para sa kalayaan sa ating napakahabang kasaysaysan ng pakikibaka bilang isang bansa.

Ang pinakamataas na parangal para sa kanila ay ang pagsasabuhay at pagpapatuloy ng kanilang ipinaglaban. Ito ang ginagawa ngayon ng libu-libong rebolusyonaryo sa bagong demokratikong rebolusyon. Ang katangian ng rebolusyong ito'y inilinaw ni Jose Maria Sison:

“...Pagpapatuloy ito ng lumang demokratikong rebolusyon ng 1896 para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Ngunit bagong tipo ito ng pambansa-demokratikong rebolusyon dahil pinamumunuan ito ngayon ng uring manggagawa, at inilulunsad sa isang malakolonyal at malapyudal na bayan sa panahon ng modernong imperyalismo at pandaigdigang rebolusyong proletaryo-sosyalista.

...

“Sa malakolonyal at malapyudal na Pilipinas, ang uring manggagawa ay lumaki nang husto mula sa panimula nito noong katapusan ng ika-19 na siglo, at naging pinakaabanteng pwersa sa produksyon at pulitika. Hindi lamang sila nagbuo ng mga unyon para sa pang-ekonomyang pakikibaka kundi nagbuo rin ng partido para sa rebolusyonaryong pakikibakang pampulitika noon pa mang 1930, nang itatag ang unang PKP. Ang partidong ito'y pinapatnubayan ng rebolusyonaryong teorya ng uring manggagawa, na Marxismo-Leninismo, at ang teoryang ito'y inilalapat sa kongkretong kundisyon ng rebolusyong Pilipino para gumawa ng praktikal na programa ng bagong demokratikong rebolusyon.

...

“Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay itinatag uli noong Disyembre 26, 1968 batay sa teoretikal na pundasyon ng Marxismo-Leninismo. Ang kongreso ng muling pagtatatag ay nagtakwil at nagwasto ng mga pagkakamali ng pangkating Lava at Taruc-Sumulong sa lumang pinagsanib na partido ng mga partido Komunista at Sosyalista ng Pilipinas at gumawa ng wastong pagsusuri ng kasaysayan ng Pilipinas at kasalukuyang kalagayan para maitakda ang mga rebolusyonaryong tungkulin.

“Ang PKP ay nagpatuloy na muling magtatag ng sarili sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon; at lumikha’t gumamit ng dalawang sandata nito, ang armadong pakikibaka at nagkakaisang prente. Noong Marso 29, 1969, itinatag nito ang Bagong Hukbong Bayan at maingat na naghawan ng daan para sa organisasyong nagkakaisang prente, ang Pambansang Nagkakaisang Prente, na ang Panimulang Komisyon ay itinatag noong Abril 24, 1973, pagkaraan ng pagpapataw ng batas militar at pasistang diktadura noong 1972.” (Jose Maria Sison, Ang Bagong Demokratikong Kilusan, Ikaanim sa Serye ng Lektyur tungkol sa Krisis at Rebolusyong Pilipino, U.P, 1986)

Ang mga akdang tinipon dito sa ULOS ay nagdurugtong ng mga luma at bagong rebolusyon. Sa panahong ang bayan ay tuwiran pang kolonya ng imperyalismong Amerikano, naigiit ng mga makabayang makata ang pagpaparangal kay Andres Bonifacio sa mga tulang **Bonifacio** ni Amado V. Hernandez at **Kaluluwa ng Bayani** ni Jose Corazon de Jesus. Inilalarawan ng mga tulang ito ang pag-agaw ng imperyalismong US sa tagumpay ng Rebolusyong 1896, ang ipinataw nitong kolonyal na paghahari, at ang pangangailangan ng muling pagtangan ng armas para sa pambansang kalayaan. Ayon kay Amado V. Hernandez, “Ah! Kay saklap! Anung saklap! Ang sa atin ay sumakop/ isang naging busabos

ding tila ibig mambusabos/ kung kaya ang ating laya’y isa lamang bungang tulog/ nasa kurus hanggang ngayon itong si Juan dela Cruz.” Sinasambit rin ni Jose Corazon de Jesus ang kalagayan sa ilalim ng imperyalismo at ang dapat na pagkilos ng mamamayan: “Nguni’t ngayon, kung sino ang magsalita ay dakila,/ at ang laya’y tinutuklas sa halinghing at pagluha;/Hindi ganyan! Mali kayo, ang laya ay parang bata,/lumuluwal sa Daigdig na sa dugo’y natitina.”

Sa panahon na malapyudal at



malakolonyal na ang katangian ng lipunang Pilipino, ang pagpapatuloy ng pakikibaka sa bagong demokratikong rebolusyon sa pamumuno ng muling itinatag na PKP-MLM ay inilalarawan naman ng tulang **Sampaguita** ni Lorena Barros na muling inilathala ng ULOS: “Walang habas na hinaplit, hinagupit/ Ng mga sigwa ng bomba/ Di ba’t ang bayan natin dito sa Asya/Ay patuloy na namulaklak?/Masdan kung gaano katapang ang ating hanay/Na namumukadkad sa bawat patlang.” Kasaysayan ito ng paglahok ng kababaihan mula kay Gregoria tungo kay Lorena, na kapwa humawak ng armas, pumalaot sa digmaan at nagpatuloy ng pakikibaka kahit namartir na ang asawa.

Binabaybay ng sanaysay ni Mayamor na **Ang Digmang Magsasaka sa Negros at Panay Noong Rebolusyong 1896** ang pakikibaka para sa lupa sa Negros noong panahon ng Rebolusyong 1896 hanggang sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano, at dinugtungan ito ng sanaysay na **Ang Nagpapatuloy na Pakikibaka Para sa Lupa sa Negros** tungkol sa kasalukuyang pakikibaka. Ang mga tulang **Ang Mag-aasin** ni Jhun Mendoza at **Agunyas sa Hacienda Luisita** ni Bienvenido Lumbera ay naglalarawan ng patuloy na pakikibaka ng masang magsasaka at manggagawang bukid para sa lupa na siyang pangunahing nilalaman ng kasalukuyang pambansa-demokratikong rebolusyon at ang mahigpit na ugnayan nito sa armadong pakikibaka o digmang magsasaka. Isinasaysay naman ng dagli na **Labanan sa Pinaglabanan** ang kasalukuyang pakikibaka ng mga maralitang lunsod doon mismo sa pinangyarihan ng unang opensiba ng Katipunan.

Iba’t ibang sektor ng lipunan ang nagpaparangal kay Andres Bonifacio sa isyung ito. Ang mga kathang parangal na inilabas dito ay mula sa mga kasamang aktibong kalahok ng pakikibaka sa kanayunan at kalunsuran. Ang tulang **Bonifacio, Bayani ng Anakpawis** ni Fidel Evangelista ay sinulat ng isang manggagawa sa pier, samantalang ang mga tulang **Asero** ni Turko Lucero at **Gasera** ni Ka Louie ay isinulat habang nakikipaggitgitan sa piketlayn kaharap ng paulit-ulit na pandarahas ng mga pulis, goons at eskirol. Ang mga tula namang **Aguinaldo O Bonifacio: Sino Ang Tunay Na Bayani?**, **El Deposito**, at **Paano Mo Naalala Si Bonifacio?** ay isinulat ng mga kabataan, na naghahamon ng muling pag-aaral sa kasaysayang binaluktot ng kolonyal na edukasyon at pagwawasto nito sa balangkas ng pambansa-demokratikong pakikibaka. Ang tulang **Alay kay Andres Bonifacio**

ni Eduardo Roson Serrano at ang **Awit kay Gat Andres Bonifacio, Bayaning Manggagawa** ni Renante Gamara ay ambag ng mga kasamang detenidong pulitikal, samantalang ang **Sa Ala-ala ni Ka Andres Bonifacio, Dakilang Desaparecido** ay naghahalintulad ng pagpatay kay Bonifacio sa pagdukot ng mga kasama ngayon at ang patuloy na paglaban na itinatugon sa ganitong represyon.

At tanda ng patuloy na pagsulong, inilalathala ng **ULOS** sa unang pagkakataon ang dalawang bagong porma ng panitikan, ang awiting “rap” na **Supremo Bonifacio: Pulang Obrero** na kolektibong likha ng mga kabataan sa komunidad ng maralitang lungsod, at ang kwentong pambata na **Ang Bagong Alamat ng Bahay-Toro** upang maikintal na sa murang isipan ng mga bata ang mga pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas.

Mula kay Gregoria hanggang kay Lorena, mula kay Bonifacio hanggang kay Ka Mando, nagpapatuloy ang laban ng mamamayang Pilipino.



Si Ka Lorena ang nanguna sa pagtatatag ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) noong 1971. Nasawi siya sa isang reyd sa Mauban, Quezon noong 1976.

Si Ka Mando ay kadre na kagawad ng Komite Sentral, Kawanihang Pampulitika at Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral ng Partido at kalihim ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan. Pumanaw siya dahil sa malubhang karamdaman noong 2000.

PAG-IBIG SA TINUBUANG LUPA

NI ANDRES BONIFACIO

*unang lumabas sa pahayagang **Kalayaan** noong Enero-Marso, 1896*



Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
Sa pagkadalisay at pagkadakila
Gaya ng pag-ibig sa tinub'ang lupa?
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

Ulit-ulitin mang basahin ng isip
At isa-isahing talastasin ng pilit
Ang salita't buhay na limbag at titik
Ng sangkatauhan ito'y namamasid.



150 taon

Banal ng pag-ibig! Pag ikaw ang nukal
 Sa tapat na puso ng sino't alinman
 Imbi't taong-gubat, maralita't mangmang
 Nagiging dakila at iginagalang.

Pagpupuring lubos ang palaging hangad
 Sa Bayan ng taong may dangal na ingat,
 Umawit, tumula, kumatha't sumulat,
 Kalakhan din niya'y isinisiwalat.

Walang mahalagang hindi inihandog
 Ng may pusong mahal sa Bayang nagkupkop,
 Dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod,
 Buhay ma'y abuting magkalagut-lagot.

Bakit? Alin ito na sakdal nang laki,
 Na hinahandugan ng busong pagkasi?
 Na sa lalong mahal nakapangyayari,
 At ginugugulan ng buhay na iwi?

Ay! Ito'y ang Inang Bayang tinubuan:
 Siya'y ina't tangi na kinamulatan
 Ng kawili-wiling liwanang ng araw
 Na nagbigay-init sa lunong katawan.

Sa kaniya'y utang ang unang pagtanggap
 Ng simoy ng hanging nagbibigay-lunas
 Sa inis na puso na sisinghap-singhap
 Sa balong malalim ng siphayo't hirap.

Kalakip din nito'y pag-ibig sa Bayan,
 Ang lahat ng lalong sa gunita'y mahal,

1863-2013



Mula sa masaya'y gasong kasanggulan
Hanggang sa katawa'y mapasalibingan.

Ang nangakaraang panahon ng aliw,
Ang inaasahang araw na darating
Ng pagkatimawa ng mga alipin,
Liban pa sa Bayan saan tatanghalin?

At ang balang kahoy at ang balang sanga
Ng parang n'ya't gubat na kaaya-aya,
Sukat ang makita't sasaalaala
Ang ina't ang giliw, lumipas na saya.

Tubing n'yang malinaw na anaki'y bubog,
Bukal sa batisang nagkalat sa bundok,
Malambot na huni ng matuling agos,
Na nakaaaliw sa pusong may lungkot

Sa aba ng abang mawalay sa Bayan!
Gunita ma'y laging sakbibi ng lumbay,
Walang alaala't inaasa-asam
Kundi ang makita'y lupang tinubuan.

Pati ng magdusa't sampung kamatayan
Wari ay masarap kung dahil sa Bayan
At lalong maghirap, O! Himalang bagay!
Lalong pag-irog pa ang sa kanya'y alay.

Kung ang Bayang ito'y nasasapanganib
At siya ay dapat na ipagtangkilik,
Ang anak, asawa, magulang, kapatid;
Isang tawag niya'y tatalikdang pilit.

1863, Nobyembre 30:

Isinilang si Andres Bonifacio y Castro sa isang bahay na pawid sa Azcarraga (Recto), Tundó, Maynila. Ito ngayon ay nasa harapan ng Tutuban.



*Tutuban
noong
1892*

Dapwat kung ang bayan ng Katagalugan
Ay linapastangan at niyuyurakan
Katuwiran, puri niya't kamahalan
Ng sama ng lilong taga-ibang bayan

Di gaano kaya ang paghihinagpis
Ng pusong Tagalog sa puring nilait?
Aling kalooban na lalong tahimik
Ang di pupukawin sa paghihimagsik?

Saan magbubuhay ang paghinay-hinay
Sa paghihiganti't gumugol ng buhay
Kung wala ding iba na kasasadlakan
Kundi ang lugami sa kaalipinan?

Kung ang pagkabaon n'ya't pagkabusabos
Sa lusak ng daya't tunay na pag-ayop,
Supil na panghampas, tanikalang gapos
At luha na lamang ang pinaaagos?

Sa kaniyang anyo'y sino ang tutunghay
Na di aakayin sa gawang magdamdam?
Pusong naglilipak sa pagkasukaban
Ang hindi gumugol ng dugo at buhay.

Mangyayari kaya na ito'y malangap
Ng mga Tagalog at hindi lumingap
Sa naghihingalong Inang nasa yapak
Na kasuklam-suklam sa Kastilang hamak?

Nasaan ang dangal ng mga Tagalog?
Nasaan ang dugong dapat na ibuhos?

1881:

Natigil sa pag-aaral si Bonifacio nang mamatay ang ina sa sakit na TB; ang ama naman ay pumanaw nang sumunod na taon. Nagsimulang maglako ng pamaypay at baston sa Calle Azcarraga ang magkakapatid upang mabuhay.



*Escolta,
Maynila
noong
panahon ni
Bonifacio*

Baya'y inaapi, bakit di kumilos
At natitilihang ito'y mapanood?

Hayo na nga, hayo, kayong nangabuhay
Sa pag-asang lubos na kaginhawahan
At walang tinamo kundi kapaitan,
Hayo na't ibangon ang naabang Bayan!

Kayong natuy'an na sa kapapasakit
Ng dakilang hangad sa batis ng dibdib,
Muling pabalungi't tunay na pag-ibig
Kusang ibulalas sa Bayang piniit.

Kayong nalagasan ng bunga't bulaklak
Kahoy n'yaring buhay na nilanta't sukat,
Ng bala-balaki't makapal na hiras,
Muling manariwa't sa Baya'y lumiyag.

Kayong mga pusong kusang niyurakan
Ng daya at bagsik ng ganid na asal,
Ngayon ay magbango't Baya'y itangkakal,
Agawin sa kuko ng mga sukaban.

Kayong mga dukhang walang tanging palad
Kundi ang mabuhay sa dalita't hiras
Ampunin ang Bayan kung nasa ay lunas
Pagkat ang ginhawa niya ay sa lahat.

Ipaghandug-handog ang buong pag-ibig
Hanggang sa may dugo'y ubusing itigis;
kung sa pagtatanggol, buhay ay kapalit,
Ito'y kapalaran at tunay na langit!

1892, Hulyo 3:

Sa Tundo, Maynila, itinatag ang La Liga Filipina, isang hayag na organisasyong naglalayong pagkaisahin ang buong bayan para sa reporma. Kasama si Jose Rizal, isa sa mga pangunahing tagapagtatag at masigasig na tagapagtayo ng mga balangay nito si Andres Bonifacio.



KATAPUSANG HIBIK NG PILIPINAS

NI ANDRES BONIFACIO



Sumikat na, Ina, sa sinisilangan
Ang araw ng poot ng Katagalugan,
Tatlong daang taong aming iningatan
Sa dagat ng dusa ng karalitaan.

Walang isinuway kaming iyong anak
Sa bagyong masasal ng dalita't hirap,
Lisa ang puso nitong Pilipinas
At ikaw ay di na Ina naming lahat.

Sa kapuwa ina'y wala kang kaparis
Ang layaw ng anak dalita't pasakit;
Pag nagpatirapang sa iyo'y humibik,
Lunas na gamot mo ay kasakit-sakit.

Gapusing mahigpit ang mga Tagalog;
Hinain sa sikad, kulata at suntok

1892, Hulyo 6:

Dinakip at ipinatapon ng mga
Espanyol si Jose Rizal.
Nanghina ang La Liga.



*Monumento ng
pagdaong ni Rizal
sa Dapitan,
Zamboanga del
Norte kung saan
siya ipinatapon*

Makinahi't 'biting parang isang hayop
Ito бага, Ina, ang iyong pag-irog?

Ipabilanggo mo't sa dagat itapon
Barilin, lasumin, nang kami'y malipol.
Sa aming Tagalog, ito бага'y hatol
Inang mahabagin, sa lahat ng kampon?

Aming tinitiiis hanggang sa mamatay
Bangkay nang mistula'y ayaw pang tigilan,
Kaya kung ihulog sa mga libingan,
Linsad na ang buto't lamuray ang laman.

Wala nang namana itong Pilipinas
Na layaw sa Ina kundi pawang hrap;
Tiis ay pasulong, patente'y nagkalat,
Recargo't impuwesto'y nagsala-salabat.

Sari-saring silo sa ami'y inisip
Kasabay ng utos na tutuparing pilit;
May sa alumbrado bayad kami'y tikis
Kahit isang ilaw ay walang masilip.

Ang lupa at buhay na tinatahanan
Bukid at tubigang kalawak-lawakan
At gayon din pati ng mga halamanan
Sa paring Kastila ay binubuwisan.

Bukod pa sa rito'y ang iba't-iba pa
Huwag nang saysayin, O Inang Espanya!
Sunod kaming lahat hanggang may hininga
Tagalog di'y siyang minamasama pa.

1892, Hulyo 6-7:

Sa 734 Calle El Cano, kanto ng Azcarraga (Recto),
itinatag ang Kataastaasang, Kagalanggalangang
Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK), isang lihim na
organisasyong naglalayong pagkaisahin ang bayan para
sa pambansang kalayaan mula sa Espanya. Dinala ni
Bonifacio ang pangalan sa pakikibaka na *Maypag-asa*.



*Bahay
kung
saan
itinatag
ang
KKK*

Ikaw nga, O Inang pabaya't sukaban
 Kami'y di na iyo saan man humanggan
 Ihanda mo, Ina, ang paglilibingan
 Sa mawawakawak na maraming bangkay.

Sa sangmaliwanag ngayon ay sasabog
 Ang barila't kanyong katulad ay kulog;
 Ang sigwang masasal sa dugong aagos
 Ng kanilang bala na magpapamook.

Di na kailangan sa Espanya'ng awa
 ng mga Tagalog, O! Inang kuhila
 Paraiso namin ang kami'y mapuksa
 At langit mo naman kung kami'y madusta.

Paalam na, Ina, itong Pilipinas,
 Paalam na, Ina, itong nasa hiras,
 Paalam, paalam, Inang walang habag,
 Paalam na ngayon, katapusang tawag.

Makinahin – tortyur sa pamamagitan ng pagkokoryente

Recargo – patong na singil

Impwesto – buwis

Alumbrado – ilaw sa kalsada

*Patente – sertipiko ng rehistrasyon o sulat ng pagkamasunurin na
 pinadadala ng mga prayle sa kanilang mga nasasakupan*

*Wakawak – pagkasadlak sa kasawian, pagkakapadpad sa isang pook
 na hindi namamalayan*

*Sina Deodato
 Arellano,
 Ladislao Diwa
 at Andres
 Bonifacio ang
 ilan sa mga
 unang nagtatag
 ng KKK.*



TALUMPATI SA PAGTATATAG NG KATIPUNAN

NI ANDRES BONIFACIO

Mga Kapatid:

Tayo'y di mga pantás, kaya hindî mariringal na talumpatî at di maririkit na sulat ang ating idaraos; sa gawâ natin daanin: ang katubusa'y hindî nakukuha sa salita ó sa sulat; kinákamtan sa pagsasabog ng dugô.

Talastas na ninyo ang kalupitáng ginawâ sa ating kapatid na si Dr. Rizal, iya'y maliwanag na halimbawang nagpapakilala sa ating di tayo makaliligtas sa kaalipnan kung di daraanin sa pakikibaka.

Sukat na ang pagpapakababà! Sukat na ang pangangatwiran! Nangatwiran si Rizal ay hinuli pagkatapos na mapag-usig ang mga magulang, kapatid, kinamag-anakan at kakampí!

Sukat na! Papagsalitain natin naman ang sandata! Na tayo'y pag-uusigin, mabibilango, ipatatapon, papatayin? Hindî dapat nating ipanglumó ang lahat ng ito, mabuti pa nga ang tayo'y mamatay kay sa manatili sa pagkabusabos.

At nang maganap natin ang dakilang kadahilanan ng pagpupulong nating ito'y ating maitayô ang isáng malakás, matibay at makapangyarihang Katipunan ng mga Anák ng Bayan."

Mabuhay ang Filipinas!!!

1893, Marso:

Ikinasal sina Andres Bonifacio at Gregoria de Jesus; sumumpa si Ka Oryang sa balangay ng kababaihan sa Katipunan sa pangalang *Lakambini*. Kasama niya sa mga pinakaunang kasapi ng balangay ng kababaihan sina Josefa Rizal, Marina Dizon, at Angelica Lopez.



ILANG KWENTO NG MGA LABANAN SA REBOLUSYONG 1896

Ang sumusunod ay ilang kwento mula sa Ang Katipunan at Paghihimagsik ni Santiago V. Alvarez, isang heneral ng Katipunan. Kabilang siya sa grupong Magdiwang ng Cavite kung saan dinala niya ang pangalang Apoy. Nilagyan ng bilang ang mga kwento dahil magkakaliwalay itong naisaysay sa kanyang aklat.

I.

Nang ika-5 oras ng umaga araw ng Linggo, ika-30 ng Agosto, 1896: Ang Hukbo nang punong Ramon Bernardo, na natatalatag sa Santa Mesa, mula pa nang sinundang araw, ay patuloy rin sa kasiglahan sa pag-aantay sa mga kasamahang Hukbong papasok nang Maynila, na ipinalalagay na nababalam



Batalyon ng KKK bago pumunta sa labanan sa Alapan, Cavite

lamang sa ilang maliliit na labanan, dahil sa mga putukang kanilang nangaririnig. At upang maging handa sa isa't isang sandali, madaling pinakain nang punong Bernardo ang kanyang mga kawal, na sa pagmamadalian ay

g a g a h a m a n g hinihigop ang manok, nguni't

1893, Abril:

Muling pinaaktibo ni Bonifacio ang hayag na La Liga Filipina upang maging daluyan ng mas malawak pang pag-oorganisa. Itinalaga si Bonifacio bilang Puno sa Propaganda. Ang mga balangay na inorganisa ni Bonifacio sa Maynila at mg arabal nito ang pinakamalaking kasapian ng La Liga.



walang anu-ano'y sa-lulusob ang kaaway na mga Veterana, Impanteria at Carabinero, na nangakasubok at sila'y pinagbabaril. Nawaag ang mga tao at nagkanya-kanyang ligtas. Sumigaw nang malakas ang punong Ramon Bernardo:

–Sisid!....

Dumaluhong at sumugod ang mga Katipunan nang walang taros na pamamaril at pananaga nang mga gulukan. Nagtakbuhan ang mga kaaway sa paghanap ng kanilang kapaanyuan, upang makaiwas sa gayong gipit na subuan. Muling sumigaw ang punong Bernardo:

–Kubkubin!.....

Ginawa ng Katipunan ang lahat nang magagawa, nguni't hindi inabot ng kulong ang matuling mga kaaway, na ang karamiha'y pawang kabayuhan.

Ika-6 oras ng umaga; kasalukuyan pa nang paghahagaran nang sadarating sa kabilang pampang ng ilog Santa Mesa ang pulutong ng Katipunang pinamumunuan ni Ricardo Losada na may dalang isang baril; at sa nasang maharang ang takbuhan nang mga Kaaway na kabayuhan, ay inaglawan at nakipagbarilang mabuti, datapwa't isang sandali lamang ang gayong putukan; biglang dumating ang malaking pulutong nang impanterya at kabalyerya ng mga kalaban, at kinulong ang magkabilang pampang ng ilog na pinagtatanggulan ng mga Kawal ng Bayan, tuloy namaril nang katakut-takot, kasaliw ng pagpapabuga ng mga dalang “canyon de montaña”.

Ang Katipunan, na nalamangan sa mga sandatang pamatay, bagama't hindi sa dami ng tao, ay sumabog: datapwa't pagkarinig ng lalong malakas na sigaw ng punong Bernardo na: “Sisid, mga

1894, Oktubre:

Sa takot ng mga ilustrado na maging radikal ang La Liga, nilusaw nila ito at itinayo ang repormistang Cuerpo de Compromisarios na ang tutok ng pagkilos ay ang pangangalap ng suporta para sa La Solidaridad sa Espanya.

1895, Disyembre:

Naging Supremo ng Katipunan si Andres Bonifacio at mabilis na lumawak ang kasapiang ng KKK. Umabot ng 30,000 - 40,000 kasapi ang KKK sa bisperas ng Rebolusyon. Mahigpit na katulong sa pagpapasigla ng KKK si Emilio Jacinto, pangalan sa pakikibaka si *Pingkian*.

Kapatid!!!!...” ay muling dumaluhong ang Kawal ng Bayan, at nang totoong magkahigpitan na ng kalagayan sa pagpapangagaw ng kani-kanilang buhay, ang Katipunan ay wala nang pina-iwan sa mga Morong huramentado; baril-dito, baril-doon; taga rito, taga roon. Dahil dito’y kapwa napuksa at sumabog ang magkakalaban, na may mga sugatan at patay; ngunit palibhasa’y natatali sa “diciplina militar” ang mga kaaway, kaya’t nang ika-8 oras ng umaga, sa isang hihip ng kanilang kornetin, ay muling nabuo at nagkaayus-ayos. Samantalang sa kabilang dako naman, sa punong Bernardo ay wala nang nalalabi kundi mga tatlumpung Kawal ng Bayan na lamang, at di niya malaman kung saan naparoon ang karamihan, kaya noon di’y naglagos sa Santol, Barong Pipa, Kailokohan, Matalahib, hanggang sa San Francisco del Monte, na kanyang binalak pag-ipunan ng mga kawal.

Nang ika-6 oras ng umaga, bago sumapit ang ika-8:00, na nasasaad sa itaas nito, ang Hukbo ng Supremo Bonifacio ay halos malapit na sa Balara nang huminto, at sinabi sa mga kasamahan, na ang putukang kanilang naririnig ay sa gawing Santa Mesa; dahil doo’y inaasahan niyang napalaban ang Hukbo ni Heneral Ramon Bernardo. Noon di’y pinasyahang sila’y magbalik at sumaklolo; lahat ng mga walang baril ay pinagpapasan ng tig-isang urang, upang kung matanaw ay akalaing baril din, at inilagay sa hulihang hanay ng tatlumpu’t walong barilan, samantalang ang lahat ng may-rebolber ay sa kanyang piling; at sila’y lumakad.

Nang ika-7:30 ng umaga ring iyon; sa nayon ng Ermitaño, ang Hukbo ng Supremo ay pinasalubungan ng bala ng mga Kalabang nasa tinatawag na “Vista Alegre”, “Deposito” ng tubig. Hindi ito sinagot ng putok ng mga Katipunan, at nagpatuloy sila hanggan sa kuwartel nang “Polvorista”. Pagkatanaw ng mga Kaaway na Kastila ay kaagad kumalat at sumalubong sa Katipunan,



*Mga selyo ng
iba't ibang
balangay ng
KKK*

at doon sila nagbarilan. Ang mga impanteryang pilipinong nangasa kuwartel, ay namamaril nang pataas; kung minsa'y pinatatamaan ang mga Kastila at kinakawayan nang lihim ang mga anak ng Bayan na magpatuloy sa paglusob. Inayos ng Supremo ang mga taong sasalakay sa kuwartel "Polvorista" at nang nahahanda na ay sadarating naman ang mga "infanteria" at "caballeria" na nakalaban sa Santa Mesa nang Hukbo ng Punong Bernardo. Kinulong sa likuran ang mga Katipunan at pinagbabaril nang walang tuos; ang mga ito'y sumabog sa pagliligtas ng kani-kanyang buhay at nangapatay doon sina Hermogenes Losada, Apolonio Ordino, Anastacio Reyes, Venancio Binangunan, Francisco Vicencio, Jose Magno, at iba pa. Sa ganito'y ika-10 oras na ng umaga nang sila'y muling magkatipun-
tipon, na iilan nang Katipunan. Ang Supremo ay nagpasyang sila ay magsiahon nang Balara, upang muling mag-ayos at maghanda ng pakikilaban, tuloy inutusan ang mga pinunong Genaro, Lucino at Kalentong, na kanilang siyasatin ang bilang ng nangamatay at nangasugatan sa katatapos na labanan at hanapin ang baril na nawawala; saka sumunod na madali sa Balara. Sila'y naghiwalay, at lumakad ang Supremo na



1896, Marso 14:

Pinasumpa ni Supremo Andres Bonifacio si Emilio Aguinaldo y Famy bilang kasapi ng Katipunan sa pangalang *Magdalo*.



may kasamang limampung Katipunan. Dalawampu't pito sa mga ito ang may baril, tangi sa mga may-rebolber.

2.

Dumating ang Hukbo ng Supremo galing Mandaluyong at patungo ng San Juan del Monte, gaya ng sinasabi sa una nito, humarap ang Katipunang Bernabe Sunga at nagsabi ng:—Narito na po kami na pawang gulukan, saan po naroroon ang mga baril na aming gagamitin?—Hindi sumagot agad ang Supremo, tumingin-tingin munang tatawa-tawa, at saka nagsalita:—Kapatid: kung saan naroroon ang lusong, doon din naroroon ang halo, at makapamili kayo ng ibig gamitin.

—Aba ano ang ibig ninyong sabihin?

—Wala kayong dapat ipag-alinlangan; sukat ang tunay na pag-ibig sa Inang-Bayan, hangga't may tumatakbong dugo sa ating mga ugat na ating isinumpa. At nagsama-sama silang tuloy ang lakad ng pakikidigma.

Sa bahay ng mga magulang ng asawa ng Katipunang Bernabe Sunga, napaakyat ang nagtutumakbong mabilis na “guardia civil”, na totoong natakot at ibig makaiwas sa nag-uusig at mabagsik na Hukbo ng Supremo. Sa mga dinatnan sa bahay ng walang malamang takbuhan, ay kabilang si Ginang Francisca Angeles; ito ang kumuha ng baril, nagbukas ng pinto ng paminggalan, nagpasok sa loob na humahangos, at nagpinid ng mahigpit sa pinto saka ibinigay ang baril sa Supremo, at itinuro ang nakukulong.

3.

“Ako’y si Juan Maibay, tubo at tahan sa bayang Nobeleta ng lalawigan ng Kabite, may 81 taong gulang, ngayong ika-25 ng Hunyo, 1927, sapagka’t sumipot ako sa maliwanag nang ika-24

1896, Enero-Marso:

Inilathala ang **Kalayaan**, ang pahayagan ng Katipunan, sa lihim na palimbagan sa San Nicolas, Maynila..



*Ang makinang ginamit sa paglimbag, at ang unang pahina ng **Kalayaan***



ng Hunyo 1846, bagama't may kalabuan sa dati ang aking mata, maliwanag pa ang isip, masigla ang katawan at may lakas pa sa paglilingkod ng dati kong gawaing panggagamot (herbolario).

Nang araw na iyon ng linggo ika-30 ng Agosto 1896, ...



Karihan sa Pasong Kalabaw, Mapagtiis.

Labanan sa Francisco de Malabon (Trias ngayon), Cavite

ang Pang-ulong Mainam ay tumanggap ng isang mabilis na balita na ang Tenyenteng Kastila ng Guardia Civil ng kuwartel sa Malabon (Gral. Trias), may kasamang isang kawal, ay darating na magdaraan sa loob ng bayan patungo sa kuwartel ng Nobeleta, at hina-handaang harangin at bihagin ng mga tao:—Huwag ninyong gamba-lain, hayaang sila'y maipon sa isang kuwartel, at saka natin tutupin”—ang isinagot ng Pang-ulo...At tuloy inutusan ang mga punong Hipolito at Jemenez sa Kilayan na talibaan at harangin ng kanilang pangkat, huwag pabalikin ng Malabon, Kabite, ang tenyente at kasamang kawal na “guardia civil”

Nang malapit nang mag-ika-11 oras ng tanghali, galing Malabon, lilis ang mga baro ng bisig at ang mga salawal ng paa, hawak ang isang kampet na karaniwang pantilad ng bunga at isang dulong kawayang mahayap ang tulis, ang Katipunang *Kugon*

1896, unang linggo ng Abril:

Itinatag nina Bonifacio, Pio Valenzuela, Emilio Jacinto, at Pantaleon Torres sa Noveleta, Cavite ang konsehong panlalawigan ng KKK na pinamunuan ni Mariano “Mainam” Alvarez bilang presidente, at tinawag na balangay ng Magdiwang. Ang balangay na ito ang nagdala ng maraming matagumpay na labanan nang maganap na ang Himagsikan.



Sagisag na ginamit ng Magdiwang

(Aquilino Munton), ay humahangos na nagbigay alam sa Pangulong *Mainam*, na nananalakay na sa mga kaaway ang Katipunan ng Balangay *Mapagtiis*, at di pa lubhang naluluwatan sa mga nagsisihanga ang bagong balita ay umugong ang sigawan ng marami na: “Harang!...Harang!....” at kaginsaginsa’y natanawan na lamang ang nagtutumugis na takbuhan ng tenyenteng kastila at isang kawal na guwardiya sibil, pabalik sa kuwartel ng Nobeleta; hinarang ng mga talibang binatasang magsipag-abang sa nayon ng Dos Rocas o pinagsabangan ng dalawang ilog, pagitan ng Nobeleta at Malabon.

Ang tatlong ALVAREZ, Mariano, Pascual at Santiago, o mga Katipunang *Mainam*, *Mabini* at *Apoy*, pagkaraan ng mga nagtakbuhan, madaling nag-ayos at naghanda ng mga tao sa mga panulukang-daan at sa silong ng Pamahalaang-bayan (Tribunal), tuloy pinagbilingang huwag silang magsisikilos anuman ang dumating kung hindi kikibuin; hayaang mapasok sa loob ng



karamihan ang mga kalaban; ang unang putok na naririnig ay siyang hudyat ng sabay-sabay at biglang pagtalikop sa mga kaaway.

Dating mga sundalo ng Espanyol na lumipat sa KKK

Marahil, dala ng aking pagka-masindakin, kaya nanginig na naman ang buo kong katawan at ang mga labi na di tuloy makapagsalita ng ibig sabihin; humina ang mga kasu-kasuan at ako’y biglang nanlambot, binabayo ng malakas na pangamba ang aking dibdib sa pag-aalaala ng aking

Kasunod na itinatag ang isa pang konseho sa teritoryo ni Aguinaldo na tinawag na Magdalo.



Sagisag na ginamit ng Magdalo

sasapitin, hanggang ako'y nahalata, at nasigawan ng Pang-ulo, at sinabing: higitan ko ang hawak sa aking gulok at ako'y humanda sa di maaaring iwasan na pakikilaban, at kaginsa-ginsa ay biglang sumipot ang isang katipunang nagbalita sa Pang-ulo ng malapit na pagdating ng Kapitan at Tenyente ng Guardia Civil, kasama'y maraming kawal; noo'y humigit-kumulang sa ika-labing dalawa ng tanghali. Hesus, Marya'y Hosep, at maghuhukom na! Ang nasabi ko, pinagpilitan ko nang buhayin ang aking loob ng pagtalaga sa lahat ng mangyayari, sapagka't maliban sa paglaban ay wala nang magiging kaligtasan pa ang aking buhay!

Dumating ang Kapitan at Tenyenteng Kastila, kasama'y apat na kawal na guardia sibil na siyang madaling nagsihanay sa lupa ng mandipang agwat sa harapan ng Tribunal (Presidencia). Ang dalawang Puno'y nagpatuloy na umakya't; sinalubong ng Pangulong *Mainam* sa hagdanan at inabutan ng kamay ang Kapitan. Ito'y galit, tumanggi at iniwaksi ang kamay, saka nagtumuling pumanhik na kasabay ng Tenyente, at pagdating sa bulwagang tanggapan ng pamahalaang-bayan (Presidencia) ay sumigaw na malakas ng:—"Donde esta el Directorcillo?" At hinanap ang Pangulong *Mainam*; sinagot nito ng isang kalbit ng tangan niyang rebolber, hindi pumutok, kinalabit uli hindi rin pumutok. "Ay!"—ang gulat na sigaw ng Kapitan. Sumungaw sa bintana at inutusan ang kanyang mga kawal ng:... "Ar..." na nasabayan na putok ng hawak na baril ng Katipunang *Apoy* at ang tatlong punlong tingga na kasing-lalaki ng bunga ng kalambibet, ay tumama sa ulo sa dakong ibabaw ng taingang kaliwa at naglagusan sa dakong kanan, na siyang ikinabulagta ng kinulang-palad na kapitan. Sunod sa putok ang pagdaluhong ng mga kawal ng bayan sa mga binihag, inagawan ng baril, punlo at hinubdan ng damit na mga kawal guardiya sibil, na natatanod sa lupa. Patuloy ang paglalaban ng Tenyenteng Kastila sa tatlong Alvarez, hanggang ang sinabing

1896, Mayo 3:

Pinapunta ni Bonifacio si Pio Valenzuela bilang kinatawan para humingi ng payo kay Jose Rizal tungkol sa ilulunsad na himagsikan. Hindi sumang-ayon si Rizal sa armadong pakikibaka, pero ipinayo na sumangguni kay Antonio Luna dahil sa kahusayan nito sa militar.



Tenyente ay nabalian ng ipinaglalabang sable, sa sandalang sandata ng isang baril na luma at sira, may kabit na bayonetang kalawangin, na siya namang ipinanlaban. Ayaw pumutok ang rebolber ni *Mainam*, bagama't dinalas na ng kalbit, hindi maiputok ang eskopetang hawak ni *Apoy* sa pag-aalaalang dahil sa kaliksihan ng kilos ng mga paghahamok, baka magkataong tamaan ang kasamarin; nguni't sa kaluwatan ng gayong pagpapangagaw ng buhay ang Tenyente, ang Tenyente ay nayapos sa likod ng Katipunang *Mabini*, at biglang binaunan nito sa dibdib ang kaaway ng kanyang balaraw, saka pinailag sa harap ang kanyang tiyo Mariano, bago binunot ang patalim at malas na itinulak na siyang inilagpak na pataob ng Tenyente. Ito'y hindi agad namatay at manaka-naka ay hinihigit ang mga balikata nang malakas na tighabol ng hininga, na marahil ay paghihingalo. Siyang pag-akyat ng Katipunang Francisco de Castro, at nang makita ang gayong paghinga ng nakataob ay sinabing:— “Vivo pa este rayo?” Binunot ang kanyang talibong at binigyan ng malakas na taga sa ulo sa itaas ng batok!

Matapos maganap ng tatlong Alvarez ang kanilang mga lihim at sari-sariling panalangin sa ikaluluwalhati ng mga kaluluwa ng mga namamatay sa labanan, ay ipinasiya ang paglilibing sa mga kinulang-palad na mga bangkay, at nangailibing sa buhanginan ng ilog, dakong silangan ng malaking tulay ng loob ng bayan, saka ipinalinis na mabuti ang mga dugong dumanak sa pinaglabanang bulwagan ng Pamahalaan na ako pa ang nangasiwa.

4.

Mga habol na salita ni Juan Maybay:

Araw ng Miyerkoles, ika-2 ng Setyembre, 1896, kung sa kasalukuyang ugali ng panahon, ay isang masaya at masiglang pasalubong sa pagpasok ng Bagong Taon, ang kalampagan ng mga

1896, Agosto 19:

Sinalakay ng Guardia Civil Veterana (kolonyal na pulis) ang palimbagan ng *Diario de Manila* at nakakuha ng mga tiyak na impormasyon laban sa Katipunan. Abril o Mayo pa lang ay minamanmanan na sina Bonifacio, ngunit dito ay nagsimula nang mangdakip ang Espanyol. Napabilis ang pagbabalak na simulan na ang armadong pakikibaka.



Mga selyo ng Katipunan na nakuha ng Espanyol sa reyd

lata, sigawang di magkamayaw at paputukan nang malapit nang mag-ika 12:00 n. hg. ang naririnig sa dakong Salinas na bumababa sa Nobeleta, sa mga taong bayang sumusunod nang alalay sa tinitiyakang mga lito na at pasulingsuling na isang tenyenteng kastila at dalawang kawal na guwardiya sibil ng bayang Naik, na nagsisipamaril na mabuti, sa bawa't masaglapang nalalapit sa kanila.



...

Nang marinig na sa Nobeleta ang alingawngaw ng mga kawal at taungbayan ng Salinas, nang pagtataboy sa hindi malapitang namamaril na kalaban, sa daang Klero ng Nobeleta (nayong San Rafael), malapit sa nakuhang himpilan ng Katipunan sa mga Kaaway, inihanay nang Hen. *Apo*y ang sampung barilan, at si G. Hipolito Sakilayan, ang kapitang pinapamahala sa mga nabanggit na kawal, upang doon harangin at tapusin, sakaling makaabot pa ang mga Kaaway na hinahagad ng mga taung-bayan. Si Apolonio Esguerra, isa sa dalawang kawal na kasama ng tenyenteng kastila, ay hindi tinigilan ng kaway ng mga taung-

1896, Agosto 24:

Nagtipon ang mga pamunuan at kasapiang ng Katipunan sa kamalig ni Melchora Aquino at itinatag ang **Haring Bayang Katagalugan** kung saan napiling Pangulo si Bonifacio sa unang pambansang halalan. Nahalal rin sina Emilio Jacinto, Teodora Plata, Briccio Pantas, Enrique Pacheco at Aguedo del Rosario bilang Kabinete. Tinawag ito ng mga publikasyong Espanyol bilang *La Republica Tagala*.

bayang na sumusunod, sapagka't nakikitang sa itaas tumatakbo ang punlo kung magpapatok, di katulad ng kasama nitong si Caballero, na halos gumapang sa lupa ang mga bala sa pamamaril, gaya ng tenyente sa paggamit ng kanyang rebolber, bagay na di naglao't si Apolonio ay tumanan sa kanyang kasamahan at sumama sa kawal ng bayan. Ang heneral *Apoy*, sa pagnanasang ang tenyenteng kastila at isang kawal na kasama nito'y mapasuko sa mabuting salitaan, at huwag na sa pamamag-itan ng dugo at buhay, bagama't maraming punong pumigil sa nagbabantang kapanganiban, may ikatlong ulit na nakipagtanawan sa kaaway at nagwasiwas nang puting panyo; datapwa't ang tenyenteng kastila ay hindi nasiyaha't nagwalang-bahala, anopa't patuloy rin sa pamamaril sa bawa't masaglapan, at sa pag-uutos sa kanyang kawal na tinatapik sa balik, ng "Sigue! Fuego! Valiente Caballero!". Patuloy rin ang lakad at pamamaril, na unti-unti namang napapasubo sa nangakahandang Kawal ng Bayan, na nangagsisipanganlong sa malagong bakuran ng mga kahuy-late, at nang makalipas ang ilang saglit, ang heneral Apoy ay nagpapatok ng rebolber, at siya namang pagsigaw ni kapitang Hipolito nang: "Fuego!".—Isang sabayang paputok ang ginawa ng mga kawal na barilan, at noon di'y nabulagta't namatay ang tenyenteng Kastila; sumusuray at lumalaban ang kahinahinayang at matapang na Pilipinong si Caballero, bagaman nakitang patay na ang kanyang puno.

5.

Nang araw ng biyernes, ika-4 ng Set., 1896. Mahigpit na ika-10:00 n.u., ang may limampung kastilang kawal ng impanterya marina, galing sa loob ng Kabite, ay sumalakay sa Nobeleta, at sapagka't hindi nangakaraan sa sirang tulay ng Kalero, at nanganib pa sa tanggulang natatayo (baterya), ay nagsipanunton ng pilapil na malaki ng palaisdaan, hanggan sa tapat ng himpilang nasa



Ang Pangulo ng Haring Bayan,

Andres Bonifacio

Pirma at selyo ni Andres Bonifacio bilang
Pangulo ng Haring Bayang Katagalugan

pagtatangkilik na ng mga kawal ng Bayan, bago namaril na mabuti. Ang Katipunan ay hinati ng heneral *Apoy*: iniwan ang kalahati sa lupa, at ang kalahati ay isinama sa itaas ng himpilan, saka nilaban ang mga dumating na kaaway, hanggan sa ang mga ito'y nagtakbuhang may mga pangkong kasamahang sugatan o patay. Nang matapos ito, at nang marahil may ika-2:00 n. h. ang mga Katipunan ay tinapatan sa dagat ng isang munting sasakyang panganyon at hanggan magiika-4:00 n.h., ay pinaulanan ng kanilang malalaking punlo ang magkabikabila ng kinalalagyang himpilan ng mga Katipunan. Sa labanang nangyari, nakuha sa loob ng tangke ng sutea ng nabanggit na himpilan, ang bangkay ng isang Kawal ng Bayan, na si Marcos Torres; sa gitna ng noo dumapo ang punlong naglagos sa likod ng ulo, at nakuha rin ang kanyang munting terserolang ginagamit sa pagtugon sa mga kaaway. Sa pinagbantungan ng mga kaaway na Kastila, nakita naman ang maraming dugong nakakalat sa pilapil at sa mga pinagdaanan, at nakakuha pa ng isang mauser (baril) at isang kananang may lamang mga punlo.



Urang – tulos, mahabang kawayan na matulis ang dulo at ginagamit na sandata

1896, Agosto 25:

Matagumpay na napaurong ng mga pwersa ng Katipunan ang mga tropang Espanyol na sumalakay sa lugar ni Melchora Aquino sa Pasong Tamo, Caloocan kung saan pansamantalang humihimpil ang mga Katipunero. Ito ang unang labanan sa kasaysayan ng Rebolusyong 1896.

MGA TALA NG AKING BUHAY

NI GREGORIA DE JESUS

*ilang bahagi mula sa talambuhay na ibinigay ni Oryang kay Jose P. Santos
noong 1928.*

Minarapat naming humanap ng sariling tahanan at kami ay nakakita sa Daang Anyahan, tapat ng bisita ng San Ignacio noong araw, at mula nga noon ay nagsimula na akong gumawa nang buong sikap at labis na pagmamalasakit sa pag-unlad at ikaaayos ng lahat ng Kataastaasang Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan. Sa katunayan ay ang lahat halos ng kagamitan ng Katipunan kagaya ng rebolber, sandata, balaraw, timbre at lahat ng

kasulatan at kalihiman ay nasa aking pag-iingat sapagkat sa aming tahanan nakatira ang kalihim na Emilio Jacinto nang mga panahong yaon kaya't siya ang namamahala sa naging limbagan ng Katipunan. Siya rin ang unang humiling ng mga Palatuntunan at Sampung Aral na munukala nilang dalawang



1896, Agosto 26:

Iniladlad ni Bonifacio ang bandila ng Katipunan at nanawagan ng paglaban sa Espanya (batay sa mga tala nila Gregoria de Jesus at Mariano Alvarez, ito raw ay nangyari noong Agosto 25. May nagsasabi ring naganap ito nang Agosto 23. Pinagtatalunan pa rin kung ito ay nangyari sa Balintawak o sa Pugad Lawin)



parang magkapatid na Andres at Emilio Jacinto. Kaya sila rin ang namumudmod sa mga balangay ng mga panahong yaon. Si Andres ang unang sumulat ng Palatuntunan at Sampung Utos at saka pa lamang si Emilio Jacinto. Kaya masasabing ito'y munukalang tunay ni Andres



Gregoria de Jesus

ngunit dahil sa kanyang pagmamahal at pagbibigay kay Emilio Jacinto, ay ang Kartilyang sinulat nito ang siya nilang pinairal at ginamit ng mga Katipunan.

...

Noong mga panahong yaon ay lubhang mapanganib ang aming kalagayan at palibhasa'y ang mga anak ng bayan ay inip na sa kanyang pagkagapos, ay bumalikwas at nagkaisa na tulad sa isang tao lamang ang lahat kaya't biglang lumaganap ang Katipunan at gabi-gabi ay puno halos ang aming tahanan sa mga taong duminig sa tinig ng inang bayan at dito ay kabilang ang tatlong mag-aama na Enrique Pacheco, Cipriano Pacheco, Alfonso Pacheco, Tomas Remigio, Francisco Carreon na pawang kaanib sa Katataastaasang Sanggunian ng Katipunan at mga tao rin na mga kasama sa unang sigaw ng Katipunan ay halos ang lahat ay madalas na inuumaga sa pagganap ng tinatawag na oramiento o panunumpa. Minsan o makalawa sa isang buwan ay nagkaroon ng hunta ang mga punong tagapaganap. Dahil dito'y lalong nagkaroon ng maraming gawain ang limbagang pinamamahalaan ng kalihim na Emilio Jacinto, kaya't kinailangan na niya ang pamamahala sa buong maghapon at noon ay ang

1896 Agosto 28:

Sa Hagdang Bato, Mandaluyong, inilabas ni Bonifacio ang pahayag na nagtatakda ng Agosto 29 bilang simula ng Rebolusyon laban sa Espanya



Gusali ng El Deposito na pinusisyunan ng mga Espanyol sa San Juan

dinadamit ko halos ay ang mga kasulatan na lubhang mapanganib ingatan nang panahong iyon. At labis nang banggitin pa dito kung saan ako ihahantong ng kapalaran kung madakip sa aking pag-iingat at gayon din naman sa mga taong nakatala sa kasulatang yaon na pawang anak ng Pilipinas na umiibig sa kalayaan. Sapagka't may mga pangyayaring sa pamamagitan lamang ng suplong ay maraming buhay ang napuputi.

Madalas na kung may dumarating na pahatid-sabi na sasalakayin ng mga *veterana* (pulis) ang tahanan ay kahit anong oras ay agad kong iipunin ang mga papeles, armas at timbre at sa isang iglap ay patatawag ako ng *quiles* na hindi ko makuha ang kumain halos sapagkat kadalasang mangyari ito'y katanghalian at alas otso ng gabi at inaabot ako ng hatinggabi sa lansangan sakay ng *quiles* na linilibot ang baybayin ng Tundo at mga lansangan ng Binundok (Binondo ngayon) upang mailigtas ko lamang ang mapanganib na lagay ng taumbayan. Ngunit ang dinaramdam ko lamang na

madalas na ako'y napatutulong sa ilang kapatid na inaasahan kong magmamalasakit ay hindi naman tumutulong sapagka't kapag naalamang ang taglay ko ay mga bagay na totoong mapanganib nang panahong iyon ay pinakailag-ilagan ako. Ang pinakatelepono nang panahong yaon ay mga tao rin kaya alam ko agad kung tahimik. Saka pa lang ako uuwi ng bahay at mananahimik ng kaunti.

...

Noon ay mahigpit na ang pagtugaygay ng pamahalaang Kastila sa Katipunan sapagka't kalat na halos sa lahat ng sulok ng kapuluang Pilipinas. Kaya't nang nahuli na ang ibang kalihiman ng Katipunan, noon di'y umuwi kami dito sa Caloocan. Sapagka't mahigpit nang totoo ang pagtugaygay sa amin ng pamahalaang Kastila, kaya mga ilang araw lamang, ang karamihan ng mga lalaki ay lumabas na ng bayan, pati ni Andres Bonifacio. Iyan nga ang unang sigaw ng kalayaan na naganap nang ika-25 ng Agosto ng 1896. Samantalang ako'y nasa piling ng aking mga



pinta ni Carlos Francisco

1896, Agosto 29-30:

Unang opensiba ng Katipunan sa San Juan Del Monte. Nabigo ito nang hindi dumating ang katulong na pwersa mula sa Cavite. May kasabay pang mga opensiba sa Mandaluyong, Sampaloc, Santa Ana, Pandacan, Pateros, Marikina, Caloocan, Makati, Taguig at Pasig, na sa kabuua'y isang kampanyang Labanan sa Maynila.

magulang, sa tulong ng mga kapatid ay naalaman kong ako man ay huhulihin na rin kaya't noon din ay tumakas ako ng may ika-11 ng gabi at ang tangka ko'y bumalik ng Maynila ngunit kailangan ko ang magkanlong kaya't minarapat kong tahakin ang kabukiran tuloy sa Loma. Noon ay para akong isang katatakutan pagka't lahat ng akyatin kong bahay upang magparaan muna ng oras ay pinagtatabuyan ako at mamamatay wari sila sa takot. Noo'y naghihinanakit ako, ngunit nang mabalitaan kong lahat ng aking inakyat ng bahay ay pinaghuhuli, ang mga tao ay pinahirapan at ang iba ay itinapon kung saan-saang lupalop, at noo'y hinuli ang isa kong amain, na namatay sa tapunan na ang tanging kasalanan ay dahil sa pagpasok ko ng tahanan niya nang gabing iyon upang humalik sa kamay. Noon din ay hinuli ang aking ama at dalawang kapatid na lalaki.

Sa di kawasa'y nakarating ako sa Liko, ngayo'y Solis, ng alas kwatro ng umaga sa bahay ng aking amain,

Ginoong Simplicio de Jesus, eskultor. At nang magkaroon ng limang oras ay ako'y umalis din doon sapagka't malapit sa kwartel ng *veterana*. Lumulan ako sa isang *carromata* upang humanap ng bahay na walang panganib at ako nama'y nakakita sa daang Clavel, kaya't doon ako tumirang kasama ng aking hipag na si Esperidiona Bonifacio, at dito'y nagkanlong ako sa pangalang Manuela Gonzaga, na tumagal ng isang buwan. At dahil din sa tinig ng Inang Bayan at ako'y isang tunay na Katipunan, lumabas ako ng bundok nang ika-1 ng Nobyembre, 1896 at doon ako ay sinalubong ni Andres Bonifacio sa San Francisco del Monte. Nagtuloy kami sa lugar ng makasaysayang Balara, pook na pinagriyalan ng mga anak ng bayan, pagitan ng bayang Caloocan at Marikina, at doon din kami nagsipanggaling bago pumasok ng lalawigang Cavite.

...

Na ako ang unang nagtranser o nagsalin ng akdang alpabeto na ipinadala sa akin sa Pasig ni Emilio Jacinto kasama ang kanyang

1896, Agosto 30-Setyembre 3:

Labanan sa Noveleta, Cavite kung saan matagumpay na nahawakan ng Magdiwang ang bayan at nasamsam ang mga armas ng Espanyol.



Mga kasapi ng KKK dala ang kanyon na nasamsam sa mga Espanyol

kapirasong buto ng hita noong siya ay tamaan ng bala sa paki-kipaglaban sa Nagcarlan, sakop ng La Laguna nang panahong yaon. Ako naman ay nasa bayang Pasig, lalawigan ngayon ng Rizal kaya doon ko rin ginawa o isinalin ang nasabing alpabeto o akda ng Katipunan.

...

Ilang mahalagang bagay na aking napagdanasan sa panahon ng himagsikan ay itong sumusunod: nang ako'y kasama ng mga kawal nang naghihimagsik sa parang ng digmaan ay wala akong pangiming sumuong sa anumang kahirapan at sa kamatayan man. Sapagka't wala akong nais nang panahong yaon kundi ang mawagayway ang bandila ng kasarinlan ng Pilipinas. At palibhasa'y kasama ako at sumaksi sa maraming laban kaya't kabilang din akong isa sa mga kawal at upang maging ganap na kawal, ako'y nagsanay na magsakay ng kabayo at nag-aral na mamaril at humawak ng ilang uri ng sandata na nagamit ko rin naman sa maraming pagkakataon. Napagdanasan ko rin naman ang matulog sa lupa nang walang

kinakain sa buong maghapon, uminom sa mga labog ng maruming tubig o kaya'y katas ng isang uri ng baging sa bundok na totoong mapakla, nagiging masarap din ng dahil sa matinding uhaw. Anupa't sa gulang kong tinataglay noon kung babalikan kong alalahanin ngayon, ako sa sarili'y nagtataka kung papaano ko natawid ang kabuhayang yaon at kung bakit ako buhay pa sa gitna ng mahigpit na pag-uusig sa akin nang panahong yaon.



*pinagriyalan - pinagkampuhan o
pinaghimpilan
quiles at carromata - mga sasakyang
pampasahero na hinihila ng kabayo*




*Mga labanan ng
KKK sa iba't
ibang lugar sa
kapuluan*



LIHAM NI GREGORIA DE JESUS KAY EMILIO JACINTO

*isinulat noong 1897, matapos bihagin nina Aguinaldo si Bonifacio noong
Mayo*

Sila [ang mga taga Magdalo] ay nagdaos ng isang lihim na pulong at pinagpasyahang usigin siya at siya'y hamunin sa isang kagalitan, at kung siya'y mamuhi ay pagpapatayin sila o sila'y disarmahin at gapusin, [A. Bonifacio] na kasama ang kanyang mga kawal. Nang dumating ang mga kawal, sila ay nagpadala ng pasabi sa aming bahay na galing sa malayo, na isalong namin ang mga armas. Hindi namin inaalumana'y sila ay dumating, at nang sila'y malapit na sa aming bahay, kanilang kinubkob ang bahay at ang kanilang koronel ay pumanhik. Siya'y lumapit at itinanong kung saan siya patutungo; sumagot ang koronel at sinabing sila'y nagmamamang



1896, Agosto 30, alas 8:00 ng gabi:

Idineklara ni Gobernador-Heneral Blanco ang batas militar sa Maynila, Bulacan, Pampanga, Nueva Ecija, Tarlac, Laguna, Cavite, at Batangas. Binuo ang *Batallon de Leales Voluntarios de Manila* na ang pangunahing gawain ay mangdakip at pumatay ng mga pinaghihinalaang Katipunero at mga simpatisador.



patungo sa Indang; at sila'y naparaan sapagka't sila'y hindi pa nag-aalmusal. Kanyang itinanong ang aming kalagayan at sinabing marahil ay kapos na kami ng mga pangangailangan. Sinabi nam-ing hindi kami kinakapos at mabuti ang lagay namin dito kaysa Indang sapagka't may nagbibigay sa amin ng bigas na pinawa. Sumagot ang koronel: Mabuti ang kanilang kalagayan sa bayan sapagka't sila'y tumatanggap ng bigas na galing sa Naic, at kung iibigin ma'y magsama na tayo. Siya [ang aking asawa] ay sumagot: Ano ang aking gagawin sa Indang samantalang masama ang tingin sa akin ng ating mga kapatid? Hindi na ibig man lamang na makita pa silang muli. Pagkasabi nito'y naghari sandali ang katahimikan, pagkaraa'y sila'y nag-agahan. Sila'y nagpaalam pagkatapos at sinabing gumagabi na at nangakong sila'y magbabalik na kasama ang kanilang mga kawal at dito maghahapunan.

Samantalang sila'y umaalis, ang kanilang ginawa't pagdating sa labas ng aming kublihan upang iutos na iyon ay ipinid samantalang nagbibigay ng atas na ibinigay na sino mang sumuway ay makakapalit ang buhay. Ito ang utos nang ibinigay sa naturang kublihan na kanilang binantayan na kasama ang ilang kawal. Nang ang aming mga tauhan na kumukuha ng rasyon sa labas ng kublihan ay dumating, tinanggihan silang paraanin ng mga bantay. Pagkaraa'y ipinagbigay-alam ng mga taong di pinaraan ng mga bantay, at sa gayo'y nalaman namin kung ano ang nangyari. Tangi rito'y kanilang dinisarmahan ang aming mga kasamahan sa labas at kinuhang lahat ang mga lalaki. Dahil dito'y hinabol sila ng aking asawa upang itanong sa kanila kung bakit sila'y nag-aasal ng gayon, nguni't sila'y hindi niya inabutan at yaong kasama nila ay nagbalik at naghintay na sila'y magbalik din upang itanong sa kanila kung sila'y gumagawa bilang pagsunod sa kanilang opisyal.

Sumapit ang gabi sa kanilang paghihintay. Kanilang inagaw ang

1896, Agosto 31:

Matagumpay na mga labanan sa San Francisco de Malabon at Pasong Kalabaw (General Trias ngayon) at sa Kawit, Cavite.



Kurhan sa Pasong Kalabaw, Mayagtic.


mga babae at mga kasangkapan, ngunit isa sa mga babae ay nakatakas at nakapagsabi sa aming kawal na ang aming mga babae ay pinagdudukot. Ibig sanang umalis ng mga kawal upang humingi ng paliwanag, nguni't sila'y aming pinigil kaya't hindi sila lumayo sa labas ng kublihan, at sila'y naghintay na lamang doon. Nang kanyang malaman ang nangyari sa kanyang mga kasamahan, siya'y nag-utos at nagpabalitang siya'y humihingi ng isang pagpupulong ng mga opisyal sapagka't ang wika niya hindi nararapat na magkaroon sila ng pag-aalit. Sinabi nila sa mga tagapagbalita na tumanggi silang makipagpulong at mga punlo ang dapat na magkaroon ng karapatan na lumutas ng mga suliranin. Ang inutusang tagapagbalita ay nagbalik at ngayon ay naririto at buhay.

Nang magmamadaling araw ay nakarinig ng mga putok. Sila'y aking ginising at nang sila'y lumabas nasalubong niya ang isang kawal na nagsabi sa kanya na sila'y dumarating na napakarami at sila'y malapit na. Nang sila'y malapit, sila'y nagpaputok ng mabilis, at patuloy ang kanilang pakikihamok at kami'y kanilang kinubkob. Siya, sa kabila ng ganitong pangyayari, ay nag-utos na huwag magpaputok ang kanyang mga tauhan; at ang aming tao ay sumigaw: mga kapatid, huwag kayong magpapaputok; sabihin ninyo kung ano ang inyong kailangan.

Hindi sila nakinig; at nang kami ay nalalapit, kanilang pina-putukan ang aking asawa, at nang siya'y nalugmok, siya'y kanilang pinagsasaksak at pinalo ng kulata ng kanilang baril. Ang aking bayaw na si Ciriaco ay inagaw ng dalawang tao at binaril hanggang sa mamatay. Si Procopio ay kanilang iginapos at pinalo ng rebolber. Kanilang inilagay ang mga sugatan sa hamaka at kanilang dinala sa bayan. Nang makita nilang ako'y lumabas sa pinagtaguan, ang opisyal ng mga kawal ay tumakbo sa aking dako at pinipilit na sabihin ko kung saan nakatago ang salapi ng Cavite o ng Tesoreria.

1896, Agosto 31:

Publikong pagpatay ng mga Espanyol sa 57 Katipunan na nadakip sa labanan sa San Juan. Marami pang sunud-sunod na mga pagpatay sa mga Katipunan at may mga nadakip ring namatay dahil sa tortyur.



Kinuha nila ang aking rebolber at ang kaunti naming salapi. Pagkatapos ay iginapos nila ako sa punong-kahoy at pinipilit nilang ipagtapat ko sa kanila kung saan nakatago ang salapi na kanilang sinasabing nailak namin. Ang magkapatid ay makasasaksi sa bagay na ito, gayon din ang mga naninirahan dito na siyang nagdadala ng pagkain sa amin buwan-buwan.

Nang hindi makuha sa akin ang kanilang hinahanap, dinala nila ako sa Tribunal ng Indang at doon ay inalagaan ko ang lalaking sugatan nang kanilang hinubaran, pagkaraang kunin nila ang kanyang damit at siya'y kanilang balutin sa isang kumot. Nang ako'y lumapit, bahagya nang napagpala ko siya sapagka't ibig nilang gapusin ako at dalhin sa Naic, nguni't sa pakiusap ng iba ako'y pinalaya.



Nang umaga, dinala kami ng mga kawal at kami'y pinagbalik-balik sa mga bayan ng Indang, Maragondon at Naic.

Ay! mga kapatid ko. Nang kami'y bagong dating iniwan kami sa kusina ng bahay, sa paliguan ng mga pare at kami ay ipiniit sa tila tapunan ng mga bilanggo at tila hindi maaaring maabot ko pa siya, at nang ako'y magpumilit ay inilagay ako sa isang silid na may pagbabawal na makipag-usap kahit kanino. At kanilang sinabi na kami ay pasasaksihin, pinakiusapan ko ang lahat ng General na bigyan kami ng hustisya at kanilang sinabi na kung kanilang magagawa ay kanilang sisikaping bago kami pasaksihin ay tawagin



Ang pagbaril at paggarote ang ilang paraang ginagamit ng Espanyol sa pagpaparusa sa mga nadakip na kasapi ng Katipunan.

ang ibang Puno at kami ay litisin sa gitna ng bayan sa harap nila. Sila'y pumayag sa aking pakiusap at sinabing ito'y makatarungan at sinabing ito'y hindi ginawa, at pagkaraan ng mahigit na isang linggo, kami'y dinala sa Maragondon at kinunan kami ng mga patotoo nang ikatlong araw.

Kanilang sinuhulan si Pedro Giron at kanilang tinuruang mabuti ng kanilang ibig ipasaksi sa kanya na siya [ang asawa ko] ay nag-utos na silang lahat ay patayin. Siya'y sumang-ayon sapagka't siya'y pinangakuan nang ililigtas, at bilang katuparan nito, siya'y pinaalis pagkatapos na siya'y makasaksi. Kaya, nang hilingin ng aking asawang humarap sa kanya, kanilang sinabi na si Giron ay napatay sa Naic. Bakit siya kasama nila ngayon?

Nang matapos ang paglilitis, ipinag-utos alinsunod sa kanila, ni Capitan Emilio na barilin ang asawa ko sa loob ng 24 na oras. Hindi man lamang nila pinahintulutang makapagtanggol sa kanyang sarili. Nakalipas ang ilang panahon at siya ay pinatawag; nguni't pagkaraan ng mga apat o limang araw ay iniutos ang pagpapatapon sa kanya. Nakalipas ang ilang araw, at nang ibigay ang hatol, itinanong sa ilan sa mga Puno kung ang laman ng hatol ay siyang katotohanan na kanilang sinagot na huwag akong makinig sa bulung-bulungan, at upang patotohanan ito, ang hukom na siyang may hawak ng usapin ay lumapit at sinabi sa akin huwag akong mag-alaala sapagkat wala pang nangyayari, at pagkatapos ay dumating... isang utos sa Capitan Kastila na sa ikatlong araw, ikawalo ng gabi, samantalang malakas ang ulan, kanilang ilalabas na sapilitan sa bahay ang aking asawa.

Hinanap ko ang komandante Lazaro Macapagal na siyang kumuha sa kanya, iyong tumupad ng mga utos na huwag ilabas ang maysakit hangga't hindi tumitigil ang ulan o ilabas sa kinabukasan na ng

1896, Setyembre 12:

Pagpatay sa 13 kasapi ng Katipunan sa Cavite, na tinatawag ngayong Trese Martires.



umaga. Hindi niya gagawin ang gayon sa matwid na alinsunod sa kanya, ay utos ng kanyang Puno; nguni't sinabi niya sa akin na paroon ako sa bahay ni Capitan Emilio at makiusap sa kanya.

Ako'y naparoon na kasama ang dalawang babae. Halos kinailangan namin na lumakad na apat-apat sa gitna ng dilim ng gabi at sa gitna ng malakas na ulan samantalang tumatawid kami sa ilog.

Dumating kami sa bahay ni Emilio nguni't hindi kami makaakyat agad sapagka't kami ay basang-basa. Nang kami ay makapanhik si Emilio ay nagtago sa kanyang silid at sila'y pinagbilinang sabihin sa amin na siya'y maysakit at namamahinga; nguni't napansin kong siya'y nagigising at nakikipagusap kay Jocson. Nang si Jocson ay lumabas at lumapit kay Pedro Lipana na nagsasabing siya'y kalihim ni Emilio, siya'y lumapit sa akin at itinanong kung ano ang aking kailangan. Ipinakiusap ko na kung maaari ay huwag lamang ialis ang maysakit hanggang kinabukasan. Siya'y tumanggi kaya't ako'y umalis upang makabalik; nguni't samantalang ako'y nananaog sinabi niyang maghintay kami at kami'y bibigyan ng sulat para sa mga tanod.



Nang bihagin si Aling Oriang nina Yntong, Guhit ni Ronelito Escauriaga mula sa Hiyas ng Kalayaan

1896, Oktubre 31:

Naglabas ng dalawang manipesto si Aguinaldo na nananawagan ng kasarinlan ng bayan, ng Kalayaan, Pagkakapantay-pantay, at Pagkakapatiran, at panawagan na magtayo ng isang sentral na rebolusyonaryong gubyrerno. Nauna rito ay itinatag na ni Bonifacio noong Agosto 1896 ang **Haring Bayang Katagalugan**, isang sentral na rebolusyonaryong gubyrerno kung saan siya nahalal na Pangulo.

Pagkasulat ng liham, kanyang ibinigay sa dalawang kawal na pinagutusang samahan kami. Kailangang antalain siya sa Tribunal at ako nama'y ikulong sa aming pagbabalik ng malayo sa bahay ng Pangulo. Nakipagtalo ako nguni't sinabi nilang babarilin ako at magbuhat sa sandaling iyon ay hindi pinahihintulutan ang sinomang lumapit sa akin. Nang tanghali ng sumunod na araw kanilang inilabas ang dalawang magkapatid; sa gawing hapon ay nagkaroon ng labanan sa labas ng bayan na malapit sa kinaroroonan ko at pinawalan nila ako.

Nang ako'y makalaya, naparoon ako sa kabilang ibayo upang siya'y hanapin, at nakasalubong ko na ang mga kumuha sa kanya. Dala nila ang mga damit na aking napaglimusan at ang gamot at ang kumot na aking ipinagbalot sa aking bayaw. Nang aking hingin ang kanilang kinuha, kanilang sinabi na iniwan nila sa bundok, sa bahay ng isang tenyente. Itinanong ko kung bakit dala nila ang mga damit sinabi nila sa akin na sinabi niya sa kanila na dalhin ko sa kanila ang damit na yaon. Ay! mga kapatid. Sila'y hinanap ko sa mga pook na kanilang itinuro at nang ako'y dumating sinabi sa akin na sila'y nasa ibang bundok na lubhang mataas. Dumating ako sa mataas na bundok na sinabi nguni't siya'y hindi ko nakita. At kami'y nagpatuloy ng paglalakad. Ay! mga kapatid. Kami'y hindi nagtigil ng paghanap sa kanya sa loob ng dalawang linggo na nagpapahinga lamang kung gabi. Sapagka't hindi ko siya natagpuan at wala namang makapagsabi ng kanyang kinaroroonan, aming sinundan ang mga kawal nguni't ang mga kawal na ito'y nagkaila at kung anu-anong pook ang itinuturo sa amin. Binuo na namin ang aming loob at ang aming balak ay makabalik nang sabihin sa amin ng isang amain ko ang katotohanan sapagka't siya ang nagbigay ng pagkain sa pook na hinintuan ng pangkat ng

1896, Nobyembre 9-11:

Matagumpay na mga labanan sa Binacayan at Dalahican sa Cavite kung saan napaatras ang lumulusob na mga tropang Espanyol.



Diorama ng Labanan sa Binacayan, mula sa museo sa Binacayan, Cavite

manunudla bago nila inialis sila.

Mapalad pa rin ako, mga kapatid, na manatiling buhay pa pagkaraan ng lahat ng aking dinanas. Kami'y nagpalibot-libot sa loob ng isang buwan na walang kinakain kundi saging na hilaw. At kung ang aking kasamahan ay nagtagumpay na makuha sa pamamagitan ng kawanggawa, ng isang dakot na bigas, kanilang isinasaing ito at ibinibigay nila sa akin. Ang damit ko sa katawan ay sira-sira na at napakarumi na hindi na masusunog kung ito man ay sigan.

(Lagda) Gregoria de Jesus
Lakambini

Bigas na pinawa – binayong palay
Hamaka - duyan



1896, Disyembre 17:
Nagpunta sa Cavite, si Bonifacio sa pag-anyaya ng balangay ng Magdiwang upang mamagitan sa alitan ng Magdiwang at Magdalo.



*Mariano Alvarez
ng Magdiwang*



*Emilio Aguinaldo
ng Magdalo*

WALANG PAMAGAT

NI GREGORIA DE JESUS

isinulat ito noong Agosto 31, 1897, tatlong buwan matapos mawala si Andres Bonifacio sa kamay nina Emilio Aguinaldo. Sa panahong ito, kahit may ilan nang nakapagsabi na pinatay nga si Bonifacio, ay makikitang hindi pa rin ito tinitiyak o tinatanggap ni Gregoria.


Magmula, giliw, nang ikaw ay pumanaw,
Katawan at puso ko'y walang paglagyan;
Lakad ng dugo sa ugat ay madalang,
Lalo't magunita ang iyong palayaw.

Lubhang malabis ang aking pagdaramdam
Sa biglang paggayak mo't ako'y panawan,
Alaala ako sa iyong pagdaraan,
At gayundin naman sa iyong katawan.

Na baka sakaling ikaw ay kapusin,
Lumipas sa iyo oras ng pagkain;
Sakit na mabigat baka ka sumpungin
Na lagi mo na lamang sa aki'y daing.

Saan patutungo yaring kalagayan,
Dalamhating lubos liit ng katawan,
Magsaya't kumain hindi mapalagay,
Maupo't tumindig, alaala'y ikaw.

Kalakip ang wikang "magtiis, katawan,
Di pa nalulubos sa iyo ang layaw,



1896, huling bahagi ng Disyembre:

Nagpanukala ni Baldomero Aguinaldo na magtayo ng rebolusyonaryong gubyerno. Di sinang-ayunan ni Bonifacio ang borador ng konstitusyon dahil kinopya lang ito ni Edilberto Evangelista sa dokumento ni Antonio Maura, ministro sa ugnayang panlabas ng Espanyol. Iginiit ng marami sa mga kasapi ng Katipunan na may nakatayo nang gubyerno at may sariling konstitusyon na ginagamit.

Bagong lalaganap ang kaginhawaan
Ay biglang nag-isip na ikaw ay iwan.”

At kung gumabi na, banig ay ihihiga,
Matang nag-aantok pipikit na bigla,
Sa pagkahimbing panaginip ka, sinta
Sabay ang balon ng di mapigil na luha.

Sa pagka-umaga, marahang titindig,
Tutop ng kamay yaring pusong masakit,
Tuloy sa dungawan, kasabay ang silip,
Sa paroroonan mong hrap ay mahigpit.

Matapos sumilip, pagdaka’y lalabas,
Sa dulang kakanan agad haharap;
Ang iyong luklukan kung aking mamalas,
Dibdib ko’y puputok, paghinga’y banayad.

Sama ng loob ko’y sa aking mag-isa,
Di maipahayag sa mga kasama;
Puso ko ay lubos na pinagdurusa,
Tamis na bilin mo’y “magtiis ka, sinta.”

Sa akin ay mahigpit mong tagubilin,
Saya’y hanapin at ang puso’y aliwin;
Naganap sumandali’y biglang titigil,
Alaala ka kung ano ang narating.

Mukha’y itutungo, luha’y papatak,
Katawan pipihit, lakad ay banayad;
Pagpasok sa silid, marahang igagayak
Damit na gagamitin sa aking paglakad.

Pagkatapos ng Pasko, lumaganap ang mga sulat na paninira kay Andres Bonifacio sa mga bayang hinahangaan siya, na si Bonifacio ay walang pinag-aralan, hindi naniniwala sa Diyos, at ang kanyang kapatid na babae ay kabit ng Kastila. Natunton na ang nagpalaganap nito ay si Daniel Tirona, nagkahamunan sila ni Bonifacio.



Lilimutin mo yaring kahabag-habag,
 Puhunang buhay tatawirin ang dagat;
 Pag-alis ay sakit, paroroonan ay hirap,
 Masayang palad mo sa huli ang sikat.

Ako'y lalakad, usok ang katulad;
 Pagtaas ng puti, agiw ang katulad;
 Ang bilin ko lamang, tandaan mo, liyag,
 Kalihiman natin huwag ihahayag.

Paalam sa iyo, masarap magnahal,
 May-aring puso ko't kabiyak na katawan;
 Paalam na nga yaring pinalalayaw
 Paalam, giliw ko, sa iyo'y paalam.

Masayang sa iyo'y aking isasangla
 Ang sulam pamahid sa mata ng luha,
 Kung kapusin palad, buhay mawala,
 Bangkay man ako, haharap sa iyong kusa.



Sulam – panyong may burda

1896, Disyembre 29:

Nagpulong ang mga pamunuan ng Magdiwang at Magdalo sa Imus para ayusin ang mga di pagkakaintindihan, at pagtatayo ng pinagsanib na pamunuan sa Cavite. Nagpanukala si Bonifacio na magbalangkas muli ng bagong konstitusyon para lang magkaisa sila, hindi sumang-ayon si Aguinaldo. Nagbuo ng planong iligtas si Rizal, pero hindi natuloy dahil ayaw ng huli.



KALULUWA NG BAYANI

NI JOSE CORAZON DE JESUS

Binigkas sa lamayang parangal kay Andres Bonifacio noong ika-29 ng Nobyembre, 1922



At ang lupang nakabaon sa puntod ng aking hukay,
ay payapang inalis ko't binuksan ko ang libingan.
Nagliparan ang maraming kalapati't ibong parang
at nagulat silang lahat sa muli kong pagkabuhay . . .

Walang tanda kahit kurus, ang malungkot kong basahan
kaya ako'y nakaahon, nang di ninyo namalayan . . .
Kilala pa kaya ako ng irog ko't mutyang bayan?

1897, Enero:

Ang Magdiwang na ang pinakamalaking pwersa sa Cavite, mas malawak ang teritoryo at may 3,400 armas kumpara sa 2000 ng Magdalo. Pero may kasaping tulad ni Mariano Tiras na may sama ng loob sa Magdiwang nang nadisiplina sa pagtutol na lansagin ang pribadong hukbo. Bumaliktad siya sa Magdalo pagdating ng panahon.



Ang balangay ng KKK sa ilalim ni Alvarez

Alam pa rin kaya ninyo ang buhay ko't kasaysayan?

Ako'y isang kaluluwa na laon nang namayapa
at nalagas sa karimlan sa pagtuklas ng Paglaya.
Ang bungo ko at kalansay na nabaon na sa lupa'y
nanariwa't nagkalaman sa patak ng tuyong luha.

Narinig ko sa libingan ang tawag ng Inang Wika
narinig ko sa libingang kayo rito'y walang laya
kaya ako ay umahon . . . ibig ko lang maunawa.
Kung marapat sa pamuling maghimagsik ang mahina.

Ang bayan ko'y ang Silangan na ligid ng mga dagat,
ang lupa ko'y ang alaga ng Araw na maliwanag.
Ang dangal kong katutubo'y ang Wika ng aming palad
at ang aking kapuriha'y ang sarili kong Watawat!

Ang Ina ko'y isang Mutyang kung tawagi'y Pilipinas,
ama ko'y si Huan de la Krus, magbubukid na masipag:
Mayroon kaming isang dampang kahit kubo ay panatag
Nakabukas ang pintuan sa lahat ng tumatawag,

Isang araw kami noo'y tumanggap ng panauhin
na galing pa sa malayong mapangarap na pampangin . . .
At inampon namin siya . . . Kami'y walang inilihim
magkapatid na sa pingga'y magkasalo pa sa pagkain.

Nguni't laking kasawian . . . Hindi namin akalaing
Pagkatapos na sila pang kupkuping buong giliw,
Ang iganti'y paglililo at kami ay alipinin . . .
May pugad na pala doon ang mga ahas sa dampa namin.

1897 Pebrero 14:

Simula ng 52 araw na opensiba ng Espanyol para
bawiin ang Cavite. Mabilis na bumagsak ang mga
bayan sa ilalim ng Magdalo, samantalang
nakapagtanggol ang Magdiwang. Ang pamunuan ng
Magdalo ay kumanlong sa San Francisco de Malabon
at iba pang teritoryo ng Magdiwang.



*Ang katatagan sa pagitan ng
Pera Espanyol ng mababag ng mga Katipulo.*

Di naglaon ang lupa ko'y napasangla sa Simbahan
 At ang lahat ng bayani'y pinatay at pinugutan
 Sina Rizal, Burgos, Gomez at Zamora'y nagsipanaw
 Ito'y mga kapatid kong binaril sa Bagumbayan . . .

Ang ina kong Pilipinas ay linatag sa sadlak
 At ang aking ama nama'y dinala sa bilangguan
 Pagkatapos sa atas ng Lintang Puting magnanakaw
 Sa kapatak na bendita'y nalunod ang buong bayan.

Nang ang lason sa bibig ko'y hindi na malunok halos
 nang ang apoy sa puso ko'y malabis nang tumutupok
 nang ang punyal sa dibdib ko'y mabaon sa pagkatusok
 ang mata ko ay magdilim sa harap ng gayong salot. . .

Ah! Oras na! Natanganan ko ang Watawat at ang gulok,
 at sa tawag ng tambuli'y ginising ko ang busabos
 Ang kumbento't ang Simbahan siya naming pinasabog . . .
 hanggang yaring Kalayaan ay tanghalin sa Malolos.

Kung sabagay nang sumikat ang Araw sa Katubusan
 ang bangkay ko'y nabulid na sa gitna ng kadiliman
 Marahil ang isip ninyo'y hindi ko namalayan
 pagka't ako'y nasangla na sa gitna ng kaparangan.

Nguni't hindi! Kung ang aking buong buhay ay pumanaw,
 ang buo kong kaluluwa'y buhay pa rin! Naglalamay!
 Sinusukat ko ang gabi, hinahanap ko ang Araw
 upang ikaw . . . oh! Bayan ko'y Makita sa Kalayaan.

Nang lumipas na ang dilim, nang ang gabi ay tumakas,

1897, unang hati ng Marso:

Inanyayahan ng Magdalo ang Magdiwang sa isang pangkalahatang assemblya para diumano magbalangkas ng estratehiya para sa rebolusyon. Ang grupong Magdalo, sa pamumuno nina Baldomero Aguinaldo, Emiliano Riego de Dios, Santiago, Daniel Tirona, Severino de las Alas, at iba pa, ang nag-ayos ng pagtitipon sa kanilang lugar sa Tejeros.

ang ina ko't ang ama ko'y aking muling nakayakap
Ako, kahit kaluluwa na sa dilim ay nalagas
kaming tatlo ay masayang nagsihalik sa Watawat . . .

Nguni't Langit! . . . Nang ang Araw ay payapang sumisikat
may Agila ng Kanluran na sa Araw ay nagpaulap
Kami'y muling tinalian ng kadenang rosas
Tanikala ng pangako sa layang pabukas-bukas!

Tanikala! Oh! Bayan ko! Alayan man ng ilang-ilang
isabit man sa liig mo'y tanikala rin ang ngalan!
Ang bilanggo, kahit na nga nasa gintong bilangguan,
sa papano't papano ma'y bilanggo ring kung turingan!

Maganda nga iyang ibong umaawit sa kulungan
nguni't lalo ang malaya na lumilipad sa parang
Matamis man ang tubig na sa baso'y sakdal linaw
nguni't lalo ang malayang dumadaloy sa batisan.

At kay laking kasawian . . . Ngayo'y aking namamalas
sa Bayan kong Bandila'y walang layang matatawag!
At saka ang iyong Wika'y nahihiyang ipangusap
ng marami sa anak mong asal Kain, dugong Hudan!

Nakita ng aking mata na ang laya mong pangarap
sinasabing darating na'y nakasabit pa sa Ulap!
Nakita kong kaya ikaw, aking Bayang naghihirap
ay sapagka't marami kang pulitikong manenekas!

Noong araw, kaya kami sa paglaya'y namayapa,
pagka't pati buhay nami'y nasasangla sa paglaya,

1897, Marso 22:

Sa halip na asembleya para magbuo ng estratehiya ng rebolusyon, nagdaos ng halalan na tinawag na kumbensyon ng Tejeros. Sumang-ayon si Bonifacio sa kondisyon na ipatupad ang mapagkakaisahan, ngunit pati ang resulta ay gustong ipabago ng grupong Magdalo. Bago pa man maghalalan, nagbabala na si Diego Mojica, Tesorero ng Magdiwang, kay Bonifacio na ang mga balota ay may laman na para tiyaking si Aguinaldo ang mananalohang wala siya roon.


Noong araw kaya kami sa pangako'y walang nasa,
ay may tabak ang Katwirang nagtuturo ng Tadhana;

Nguni't ngayon, kung sino ang magsalita ay dakila,
at ang laya'y tinutuklas sa halinghing at pagluha;
Hindi ganyan! Mali kayo, ang laya ay parang bata,
lumuluwal sa Daigdig na sa dugo'y natitina.

Bago ako yumao na . . . Bago ako magpaalam,
sasabihin ko sa inyo ang tunay ko't buong pangalan:
Ako'y Andres Bonifacio, ang Ama ng Katipunan
sa parang ng Balintawak pinasikat ko ang Araw!

Kung ako ma'y namayapa, dahilan sa iyo Bayan
Anong tamis na mamatay, dahilan sa Kalayaan!
Kung dumating ang panahong ako'y iyong kailangan,
tawagin mong muli ako't magbabangon sa libingan.

Paglililo - pagtataksil



Sa “Kumbensyon ng Tejeros” inihalal si Bonifacio bilang Kalihim sa Interior ngunit tinutulan ito ni Daniel Tirona sa batayang kailangan ay isang abugado ang ilagay sa nasabing pusisyon.

BONIFACIO

NI AMADO V. HERNANDEZ

Pag malubha na ang init sumasabog din ang bulkan
Pag labis ang pagkadusta'y naninigid din ang langgam
at ang bayan kahit munti kung inip na sa karimlan
sa talim ng isang tabak hinahanap ang liwayway.

Walang bagay sa daigdig na di laya ang pangarap
iyang ibon kahit ginto ang kulunga'y tumatakas
kung бага sa ating mata kalayaan ay liwanag
at ang bulag, tao't bayan ay tunay na sawimpalad.

Parang isang bahagharing gumuhit sa luksang langit
ang tabak ni Bonifacio'y tila kidlat na gumuhit
sa palad ng ating bayang nauuhaw'y na sa tubig.

Sa likuran ng supremo'y kasunod ang buong lahi
samantalang libo-libo ang pangiting nasasawi
sa gitna ng luha't dugo ang paglaya'y ngumingiti.


Ang kalansay ng bayaning nangelagas sa karimlan
naging hagdan sa dambana ng atin ding kasarínlan
at ang araw kaya pala anong pula ng liwayway
ay natina sa dumanak na dugo ng Katipunan.

Namatay si Bonifacio subalit sa ating puso
siya'y mutiyang mutiyang kayamanang nakatago;
wari'y kwintas ng bulaklak na sa dibdib ay natuyo
na bagkus nating nalanghap ang tamis ng dating samyo.

Sa ama ng Katipuna'y kautangan nati'y lahat
ang dunong na matutunan ng lakas sa kapwa lakas

1897, Marso 23:

Pinirmahan ni Bonifacio at 40 pang Katipunero
kasama si Emilio Jacinto, ang Acta de Tejeros na
nagdedeclarang walang bisa ang tinaguriang
Kumbensyon sa Tejeros.



*Unang pahina ng
7-pahinang Acta
de Tejeros*

batong buhay nang magpingki'y may apoy na naglagablab

Natanto ring kung may tubig na pandilig sa pananim
ang laya man kung nais na mamulaklak, ay dapat ding
diligin ng isang lahi ng dugo ng magigiting.

Iyang mga baya'y tulad ng isda rin palibhasa
ang maliit ay pagkain ng malaking maninila
ang kawawang Pilipinas pagka't munti at kawawa
kaya lupang sa tuwina'y apihin ng ibang bansa

Ah! Kay saklap! Anung saklap! Ang sa atin ay sumakop
isang naging busabos ding tila ibig mambusabos
kung kaya ang ating laya'y isa lamang bungang tulog
nasa kurus hanggang ngayon itong si Juan dela Cruz.

At ang bayan sa malaking kasawiang tinatawid
ang ngalan ni Bonifacio ay lagi nang bukambibig
tinatanong ang panahon kung kailan magbabalik.

Kailan nga magbabalik ang matapang na Supremo?
Tinatawag ka ng bayan, Bonifacio, Bonifacio.
Isang sinag ng paglaya bawat patak ng dugo mo.



This morning Little Comrade
gave me a flower's bud
I look at it now
Remembering you, Felix
dear friend and comrade
and all the brave sons and daughters
of our suffering land
whose deaths make our blades sharp
give our bullets
surer aim.

How like this pure white bud
Are our martyrs
Fiercely fragrant with love
For our country and people!
With what radiance
they should still have unfolded!

But sadness should not be
Their monument
Whipped and lashed desperately
By bomb-raised storms
Has not our Asian land
Continued to bloom?

Look how bravely our ranks
Bloom into each gap.
With the same intense purity and fragrance
We are learning to overcome.



1897 Marso 24:

Ipinaggiitan at lihim na sumumpa si Aguinaldo bilang "pangulo" sa isang paring Espanyol kahit laganap na ang Acta de Tejeros nina Bonifacio. Lihim ring sumumpa si Artemio Ricarte bilang opisyal ng "gubymong" Aguinaldo kahit mayroon siyang deklarasyon na nagsasabing marumi ang halalang naganap sa Tejeros.

SAMPAGUITA

salin ng ULOS, Nobyembre 2013

Kaninang umaga si Munting Kasama'y
naghandog ng buko ng bulaklak
Minamasdan ko iyon ngayon
Habang ginugunita kita, Felix
mahal na kaibigan at kasama
at lahat ng magigiting na anak
ng nagdurusa nating bayan
ang kamatayan nila'y
lalong nagpapatalas sa ating mga patalim
nagbibigay sa ating mga punglo
ng mas tiyak na tudla.

Katulad nitong dalisay, puting buko
Ang ating mga martir
Na mabangis ang halimuyak ng pagmamaha
Sa ating bayan at mamamayan!
Anong rikit ng liwanag
ang kanila pa sanang pamumukadkad!

Ngunit hindi lungkot ang dapat
Nilang bantayog
Walang habas na hinaplit, hinagupit
Ng mga sigwa ng bomba
Di ba't ang bayan natin dito sa Asya
Ay patuloy na namulaklak?

Masdan kung gaano katapang ang ating hanay
Na namumukadkad sa bawat patlang.
Nang may kasing sidhing kadalisan at halimuyak
Natututo tayong manaig.



Lorena Barros

ANG DIGMANG MAGSASAKA SA NEGROS AT PANAY NOONG REBOLUSYONG 1896

NI MAYAMOR

salin mula sa Hiligaynon



Si Teresa Magbanua at ang Bolo Batalyon ng KKK sa Iloilo

Sa pagpupugay natin ngayong seskisentenaryo ni Andres Bonifacio, kasabay rin nating inaalala ang mga lokal na lider ng Katipunan tulad ni Dionisio “Papa Isio” Segobelas¹ ng Negros, at ang hindi kilalang lider ng tinaguriang Bolo Batalyon sa Panay na naglunsad ng armadong pakikibaka noong lumang burges na Rebolusyong 1896. Binigkis nila at pinakilos sa rebolusyon ang uring magsasaka at mamamayan na siyang tunay na bayani at tagapaglikha ng kasaysayan.

1897, Marso 25:
Nasakop ng
Espanyol ang Imus



Ang Rebolusyong 1896 ang ambag ng mamamayang Pilipino sa pandaigdigang rebolusyong burges na kinatampukan ng Rebolusyong Pranses noong 1789. Ang sunod-sunod na mga burges demokratikong rebolusyon sa iba't ibang bayan ang bumigwas sa pyudalismo na siya noong nangingibabaw na sistema sa buong daigdig. Kasabay ng Rebolusyong 1896 ang pakikibaka ng mga kolonya sa Latina Amerika na nagbigay ng pangwakas na dagok sa pyudal na imperyo ng Espanya.

Ngunit nang mapabagsak ng mamamayang Pilipino ang pyudal na Kolonyalismong Espanyol matapos ang mahigit 300 taong pagkakaalipin, iba na ang ihip ng hangin. Panahon na ng imperyalismo at inagaw ng US ang mga pyudal na kolonya ng Espanya sa Digmaang Espanyol-Amerikano ng 1898. Naging isa sa mga bagong kolonya ang Pilipinas. Ang mamamayang Pilipino na nagsulong ng isa sa pinakaunang demokratikong rebolusyon sa Asya noong 1896-1898 ang kauna-

unahan ring sumuong sa pinakamalupit na agresyon ng imperyalismong US noong 1899-1902 sa Digmaang Pilipino-Amerikano.

Hindi napalaya ang mga magsasaka ng bayan; hindi nadurog ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupang nakatungtong sa kanilang monopolyo sa lupa. Nabigong harapin ng ideolohiyang liberal burges ang penomenon ng imperyalismo na umagaw sa tagumpay ng Rebolusyong 1896. Hindi nito nakumpleto ang burges demokratikong kahilingan — ang pagpawi sa pyudalismo na siyang sentral na usapin sa isang demokratikong rebolusyon. At hindi napigilan ang US na patatagin ang pyudalismo at gawin itong base sosyal ng imperyalismo.

Sa panahon ng imperyalistang agresyong US, may papel na ang kahinaan ng programa ng Rebolusyong 1896 sa pagpapanatili ng pyudalismo sa bayan. Ipinaliwanag ni Prof. Jose Ma. Sison sa kanyang lektura



Mga bangkay ng kasapi ng KKK matapos ang paglusob ng Espanyol




noong 1986 hinggil sa malapyudalismo na ang mga rebolusyonaryong Pilipino ng lumang rebolusyon ay may malinaw na panawagan sa pagwasak ng monopolyo sa lupa ng mga prayle sa pamamagitan ng kumpiskasyon at pamamahagi nito sa mga magsasaka, ngunit tahimik sila sa monopolyo sa lupa ng lokal na mga panginoong may lupa ng mestizo.

Sa paglaganap ng Rebolusyong 1896, sa mga lugar na relatibong hindi malawak ang kultibadong kalupaan ng mga prayle, may mga patriotikong asenderong nasa pamunuan at ang iba'y heneral mismo ng Katipunan. Ang paninindigan ng uring panginoong maylupa ay para sa pyudalismo, kaya kung lumalahok man ang ilan sa rebolusyon, iyan ay dahil naliwanagan sila. Ngunit dahil sa interes sa lupa, sila ang potensyal na kaalyado ng

imperyalismong US at bulnerable sa kolaborasyon kasama ng iba pang di-naliliwanagang panginoong maylupa.

Pabrika sa paghahabi ng tela



Noong pumutok ang Rebolusyong 1896 sa Negros, malawak pa ang pronterang hindi nahahawanan sa isla. Nagbubukas pa lamang ng mga bagong asyenda ng tubo ang mga panginoong maylupang nakabase sa Iloilo at dinadala nila sa Negros ang mga migranteng magsasaka, manggagawang bukid, panday at artisano mula sa Panay. Dumagsa naman papuntang Negros ang mga migranteng Panayanon na nawalan ng hanapbuhay dahil pinabagsak ng Briton na si Nicholas Loney ang

1897, Marso 28:

Katulong si Hen. Apoy, pinamunuan ni Bonifacio ang Magdiwang sa paglaban sa mga Espanyol para mabawi ang Imus, pero hindi kinaya dahil masyadong malakas ang tropang Espanyol.

1897 Abril 3:

Pagsalakay nina Bonifacio para mabawi ang Noveleta na nasakop na ng Espanyol. Maraming kaswalti ang Espanyol pero hindi kinayang paalisin nina Bonifacio.

lokal na manupaktura ng tela sa Iloilo noong 1885-1890 at ang kapital ng mga negosyante sa tela ay ibinaling sa ekspansyon ng asyenda at produksyon ng tubo kasabay ng armadong paglusob at pang-aagaw ng lupa sa Negros.

Ang mga panginoong maylupang ito ay masugid na tagasunod at matapat sa Kolonyalismong Espanyol. Hindi iilan sa kanila ang nagbigay ng pondo sa kontra-rebolusyonaryong pwersang *voluntarios* na ipinadala sa Luzon mula Iloilo para makipaglaban sa mga Katipunero. Ang Ayuntamiento de Iloilo (Konseho ng Syudad) na nagdesisyon nito ay binubuo ng mga asenderong tapat sa mga Espanyol, tulad ng mga Dela Rama at mga Lopez. Nang sumuko sa gubyernong Espanyol si Hen. Emilio Aguinaldo batay sa Kasunduan ng Biak-na-Bato, nagbalik sa Panay ang mga *voluntarios* sa lokal na pangangalaga ng mga Espanyol at naging *goons* ng mga asendero noong 1897.

Kabilang ang mamamayan ng Negros at Panay sa nagpatuloy ng pakikibaka kahit bumaligtad na si Aguinaldo. Sa paglaganap at pagtindi ng rebolusyon, ang pwersa ng Bolo Batalyon sa Iloilo ay naging isang salik na nagtulak sa pagbaligtad ng mga *voluntarios* na hawak ni Martin Delgado, isang guro, at pagsanib sa rebolusyon. Umugnay sila sa iba pang nakikipaglaban sa Capiz sa pamumuno ni Adriano Hernandez, pagkalipas ng nauna nang nabigong pag-aalsa nina Del Castillo² at Candido Iban sa Kalibo noong Marso 1897.

Bumilis ang pagsulong ng lumang rebolusyon sa Panay nang dumating noong Setyembre mula sa Maynila ang ekspedisyunaryong pwersa nina Hen. Leandro Fullon sa Antique at Hen. Ananias Diokno sa Capiz³. Ang Bolo Batalyon ni Diokno ay hinawakan ni Hen. Teresa Magbanua, isa ring guro ng Pototan, Iloilo, noong huling bahagi ng 1898 hanggang lumaban siya sa agresyon ng US sa Panay noong Pebrero, 1899. May mga panginoong maylupang

1897, huling linggo ng Abril:

Sumuko sa Espanyol ang tatlong matataas na opisyal ng Magdalo na sina



Tirona, del Rosario
(ang ipinapalit sana ni Tirona kay Bonifacio) at Ten. Hen. Juan Cailles.



naging malapit din sa rebolusyon, tulad ng mga Jalandoni, at naging upisyal pa nga sina Pablo Araneta at Quintin Salas. May 2,000 tropang may baril ang rebolusyonaryong kilusan sa Panay nang magwagi sila laban sa Espanyol. Ang pwersang ito rin ang humarap sa agresyon ng US gamit ang kanilang superyoridad sa pulitika at militar.

Sa Negros, ang pinakamalakas na panlaban ng mga magsasaka at manggagawa sa asyenda noong Rebolusyong 1896 ay ang pwersang pinamunuan ng 50 taong gulang nang si Papa Isio, isang magsasakang inagawan ng lupa ng mga asendero sa tubo. Dinala ng paglabang ito ang islogang “Mabuhay ang Malayang Pilipinas,” at “Kamatayan sa Espanyol”. Ang diwa ng nasyunalismo ay sinangkapan ng adhikain ng mga magsasaka na magkaroon ng lupa at nasangkapan ng lokal na pre-Espanyol na praktika at paniniwala ng mga Babailan nang matipon ni Papa Isio ang mga

natirang kalat-kalat na paglaban ng mga pwersa sa ilalim nina Ponciano Elofre at Martin dela Cruz ng Dios Buhawi sa katimugan ng Negros.

Katulong si Rufo Oyo, pinamunuan ni Papa Isio ang 2,500 pwersa sa armadong pakikibaka laban sa mga Espanyol sa Sentral Negros sa paanan ng



Lugar na kinilusan ng KKK sa pamumuno nina Teresa Magbanua at Candido Iban

1897, Abril 7:

Tinanggap ni Bonifacio sa kanyang himpilan ang bumisitang magpinsang Aguinaldo para pag-usapan ang magiging parusa sa mga sumukong sina Tirona at Cailles, nakipagkaisa ang mga Aguinaldo. Isang linggong nakipagmabutihan sa mga Magdiwang ang mga Aguinaldo para makahiram ng armas at nagkaisang ang Magdalo muna ang lalaban para makapahinga ang mga Magdiwang. Nag-ambag rin ng armas si Bonifacio mula sa kanyang grupong Balara.

Bundok Kanlaon. Sa kalaunan, lumaki hanggang 10,000 ang pwersang ito at sumaklaw mula San Carlos sa Hilaga hanggang sa Hinobaan sa Katimugan. Kinumpiska nila ang lupa at mga gilingan ng tubo ng mga panginoong maylupa. Noong simula, inatake lamang nila ang mga asyendang Espanyol sa paniniwalang hindi dapat magmay-ari ng lupa sa Negros ang mga dayuhan. Nagsimula noong Disyembre 1896 ang agraryong digmang ito at gumanting-salakay agad ang Espanyol. Sa buong taon ng 1897, binigo nina Papa Isio ang operasyon ng kaaway at malaki ang kaswalti na idinulot nila sa mga Espanyol.

Ang pakikibakang ito ng mga magsasaka ay isang salik ding nagtulak sa pag-oorganisa ng mga komiteng rebolusyonaryo ng Katipunan noong Agosto 1898 sa Negros. Ang asenderong si Hen. Aniceto Lacson ang tumayong pinuno sa Hilagang Negros at ang asendero ring si Hen. Juan Araneta ang pinuno sa Katimugan ng isla. Ang ibang asendero ay nagtayo rin

ng mga lokal na paramilitar na yunit sa pamamagitan ng pagrerekluta sa mga manggagawang bukid sa kani-kanilang mga asyenda. Ngunit karamihan ng mga magsasaka at manggagawang bukid ay mas sumama sa grupo ni Papa Isio kaysa sa mga panginoon nilang asendero. Si Hen. Lacson mismo ay kumuha pa ng mga bayarang mersenaryong Macabebe mula sa Pampanga upang may magamit na mga sundalo ang Katipunan.

Dahil sa lakas na ipinakita nina Papa Isio, nakipag-alyansa sa kanila ang mga Katipunero sa Negros sa ilalim nina Lacson-Araneta at ibinagsak ang paghahari ng Espanyol sa Negros noong Nobyembre 1898. Walang layuning magpailalim sa gubyerno ng Malolos, ipinahayag ng pamunuang Araneta-Lacson ang “Probisyunal na Gubyerno ng Republika ng Negros” doon sa plasa ng Bago at inilagay si Hen. Lacson bilang presidente at si Araneta bilang Delegado sa Digmaan. Nobyembre 27, 1898, itinayo ang Cantonal na gubyerno

1897, huling bahagi hanggang katapusan ng Abril:

Gamit ang mga armas ng Magdiwang, pinatag ng mga Aguinaldo ang pwersang Magdalo.



kung saan may kinatawan mula sa mga munisipalidad sa sentro ng maliit na “republika”. Sa desisyon ng Cantonal na gubyerno, pinagtibay ang paghahati ng Negros sa dalawang probinsya at muling ipinahayag ang nagsasariling “Pederal na Republika ng Negros”.

Binigyan ng pamunuang Lacson-Araneta si Papa Isio ng ranggong Punong Militar ng Katipunan sa distrito ng La Castellana noong 1898 sa ilalim ng gubyernong cantonal. Ilang araw lamang matapos ipahayag ang “Pederal na Republika”, nagpetisyon sa matataas na upisyal ng imperyalismong US sina Lacson, Araneta, at Melecio Severino na “makipag-alyansa”, dahil kanilang merkado rin naman ng tubo ang US bago pa ang Rebolusyong 1896. Ang ganitong mga hakbang ng Lacson-Araneta ay itinuring ng Gubyernong Malolos na *defection* o paghihiwalay ng Negros at nagbunga ng hindi mabuting relasyon kina Aguinaldo. Humingi ng proteksyon sa US ang

mga asendero laban umano sa posibilidad ng pagpasok sa Negros ng mga tropa ni Aguinaldo at pananakalay ni Papa Isio sa mga asyenda. Kaya’t walang putok mula sa asenderong pamunuan ng “republika ng Negros” ang pagsakop ng imperyalismong US sa islang ito.

Ngunit nagpatuloy sina Papa Isio ng digmaan laban sa dayuhan at laban na rin sa mga taksil na asendero. Dinala nila ang plataporma ng pagpapatigil sa operasyon ng mga gilingan ng tubo, kumpiskasyon ng lupa sa mga asendero, at libreng pamamahagi nito sa mga magsasaka para tamnan ng palay. Wika nga ni Hen. James Francis Smith ng US: “ang mga babailanes ay bumaba sa mga asyenda upang ipahayag na ang mga lupang ito ay muling hahati-hatiin sa mamamayan, na ang mga makinarya ay hindi na papayagang pumasok sa isla, at walang dapat na itanim kundi palay lamang, at ito ang nakahikayat sa mga ignoranteng manggagawa sa 50 asyenda upang sumapi sa kanila at

1897, Abril 15:

Itinalaga ni Bonifacio si Emilio Jacinto bilang pinakamataas na kumander ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa Maynila.



Dokumento ng pagtatalaga kay Jacinto, pirmado ni Bonifacio

sunugin ang mga tubuhang dating nagbigay sa kanila ng hanapbuhay.”

Mula sa Bundok Kanlaon ay inilunsad ng hukbong magsasaka at manggagawang bukid ang kampanyang militar ng 1899 sa La Carlota-Isabela sa sentral Negros. Sa loob ng apat na

pinalikas ang 40 Espanyol; sinunog ang 56 na asyenda; at pinarusahan ng kamatayan ang 12 lokal na asendero. Dahil sa pagharap sa usapin sa lupa, napagkaisa ni Papa Isio ang umaalab na galit ng mga magsasaka at manggagawa sa hindi kukulangin sa 50 asyenda sa Negros.

Humugis ang Digmaang Pilipino-Amerikano sa Negros sa pagtatalaga ng unang batalyon ng tropang Amerikanong First California Volunteers sa ilalim ni James Smith, hanggang naging tatlong batalyon, para durugin ang digmang gerilyang ito ng magsasaka. Pagdating ng kalagitnaan ng taong 1899, ang tropa ng US ay nakatanod na sa palibot ng La Carlota, habang ang grupo nina Papa Isio ay pumunta sa kanluran ng Ma-ao at sinalakay ang mga asyenda kasama na ang pag-aari ni Juan Araneta. Dinala nila ang digmaan hanggang sa Pontevedra at Himamaylan. Ang mga asenderong tulad nina Araneta, Lacson at Yulo ay nagtayo ng mga pribadong gwardya upang ipagtanggol ang sarili at ang pag-



Lugar na kinilusan nina Papa Isio sa Negros

buwang kampanya ay sinalakay ang maraming kabayanan,

1897, Abril 16:

Sumulat si Bonifacio kay Emilio Jacinto at inilinalaw na ang kabiguan ng Katipunan na mapigilan ang pagsakop ng mga tropang Espanyol sa Cavite ay dahil sa paksyunalismo at panlilinlang ng mga tropang Magdalo, at ang pakana ni Aquinaldo na makipagsabwatan sa kaaway.

Monumento ni Jacinto sa Laguna, ukit ni Florante Caedo



aaring lupa. Sinubukan rin ng tropang US na itayo ang lokal na mga tropa, ngunit itinigil ito nang marami sa mga magsasaka ay sumapi lamang para makakuha ng baril na dadalhin sa panig ni Papa Isio. Inilunsad ng mga asendero ang pagpaparehistro sa mga matagal nang kasamá sa kanilang asyenda para matiyak na walang sumusuporta kina Papa Isio. Dahil sa pursigidong paglaban sa bagong dayuhang mananakop, kinilala ni Hen. Miguel Malvar, ang supremong pumalit kay Aguinaldo, na ang grupo ni Papa Isio ang tunay na sangay ng Katipunan sa Negros, hindi ang humiwalay at bumaligtad na mga asendero.

Pagdating ng Hulyo ng taon ding iyon, sinalakay nina Papa Isio ang Bacolod ngunit dito'y nalagasan sila ng 170 tauhan. Tumagal pa ng walong taon ang kanilang pakikibaka hanggang makubkob sila sa Kabankalan noong 1907 kung saan sumuko si Papa Isio, mahina na sa katandaan, at namatay sa Bilangguan ng Bilibid noong 1908.

KUMILOS ANG MGA MAGSASAKA SA PAMUMUNO NG REBOLUSYONARYO AT patriotikong pwersa ng lumang rebolusyon. Ngunit ang pamunuan nito ay walang naibigay na programa hinggil sa paglutas sa suliranin sa lupa lalo na sa monopolyo ng mga lokal na asendero. Dahil hindi ganap na napakilos ang buong lakas ng mga magsasaka sa inilunsad na digmaang gerilya laban sa imperyalismong US. Ayon kay Prof. Jose Maria Sison, kulang ang programang magpapaalab sa sustenidong paglaban ng masang magsasaka sa pinakamalawak na lugar na naaabot ng lumang rebolusyon.

Kahit sa Panay na malakas ang pakikibaka ng mga rebolusyonaryo at patriotiko laban sa agresyon ng imperyalismong US, dahil sa kakulangan ng programa sa paglutas sa suliranin sa lupa, hindi tumagal ang digmang gerilyang pinamunuan ni Martin Delgado sa kabundukan ng Singit sa Janiuay hanggang sa Tinagong Dagat sa Lambunao.


1897 Abril 19:

41 Katipunero kabilang sina Bonifacio, Ricarte, Severino de las Alas at Pio del Pilar ang pumirma sa Kaunduang Militar sa Naik kung saan itinalagang pangkalahatang pinunong militar si Pio del Pilar at kinondena ang mga nakikipagsabwatan sa Espanyol.




Kahit pa nagbabala si Martin Delgado na “lalasapin ng US ang kapahamakan sa digmang gerilya tulad ng naranasan ng mga Norte Amerikano sa digmang gerilya ng mga katutubong Indian” nang mangamkam sila ng lupa sa Norte Amerika, hanggang dalawang taon lamang ang digmang gerilya sa Panay. Sumuko si Hen. Martin Delgado noong 1901.

Nang mabigo ang liberal burgesya na lansagin ang pyudalismo sa Pilipinas, ipinagpatuloy ng uring magsasaka ang pakikibaka para sa lupa ngunit kumapit na sila sa melinyarismo, ang daloy ng pinaghalu-halong relihiyon at paniniwala sa “anting-anting” at iba pang may “abilidad” na lider. Sa Panay at Negros, nariyan ang melinyarismo ni Flor Yntrencherado, pinaghalu-halong relihiyon ng mga Babailan at mga Pulahanes sa unang mga dekada ng kolonyal na paghahari ng imperyalismong US.



Jose Nava

Muling sumigla ang paglaban ng masang anakpawis sa Panay nang abutin ng pag-oorganisa ng unyon ng mga kasamá sa Pambansang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas noong maagang bahagi ng dekada 1930 sa pamamagitan ni Fernandito Togonon. Sa panig naman ng mga manggagawa sa pier ng Iloilo, sa mga asyenda at gilingan ng tubo hanggang sa Negros, inorganisa nina Jose Ma. Nava ang mga unyon sa ilalim ng Federacion Obreras de Filipinas (FOF), ang pinakamalaking unyon sa buong Pilipinas.



Ang 12-pahinang dokumento ng Kaunduang Militar ng Naic

1897 Abril 24:

Sumulat si Bonifacio kay Jacinto na nasa panganib sila mula sa ibang mga lider ng rebolusyon na taga-Cavite, at ukol sa pakikipagsabwatan ng ilang Magdalo sa mga Espanyol.

Ang pagsulong na ito ng pakikibaka ng mga manggagawa't magsasaka sa Panay at Negros ay ginabayan ng teorya ng Marxismo-Leninismo—ang ideolohiya ng uring manggagawa na naglalayon ng kalayaan mula sa kolonyal na paghahari ng imperyalismo sa Pilipinas. Naging mas malalim at sustenido ang pakikibakang ito na tuluy-tuloy na dumaloy hanggang sa pagtatanggol laban sa imperyalismong Hapon at sa pagtatayo ng HMB noong dekada 1950, na pinamunuan ng mag-asawang Fernandito “Andres” Togonon at Coronacion “Waling-waling” Chiva.

Nang muling naitayo ang PKP-MLM noong Disyembre 26, 1968, ibinandila nito ang linya at programa ng bagong tipong demokratikong rebolusyong may sosyalistang perspektiba sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan na naglalayong ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa Pilipinas.

Naging unang mga kasapi ang Bagong Hukbong Bayan sa Panay ang marami sa mga dating HMB na kasamahan nina Fernandito Togonon at Coronacion Chiva. Dito nagtagni ang pakikibaka ng unang henerasyon ng mga gerilya laban sa Hapon at mga mandirigma ng HMB sa mga kabataang aktibista ng Unang Sigwa ng 1970.

ANG PAGTATANGGOL laban ba mga kolonyalista at imperyalista at ang pagtangan sa usapin sa lupa ang nagtatahi sa Rebolusyong 1896 at bagong demokratikong rebolusyon ngayon. Nagpatuloy ang paglaban ng masang anakpawis hanggang lumitaw ang takdang kondisyon para sa wastong pamumuno sa bagong demokratikong rebolusyon – ang makauring pamumuno ng proletaryado sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa gabay ng teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM) na siyang tanging haharap at dadaig sa imperyalismo.

1897 Abril 27:

Sa Naic, inutusan ni Aguinaldo sina Col. Agapito Bonzon alias Intong/Yntong, Felipe Topacio, at Jose Paua/Pawa alias Insik Pawa na dalhin si Bonifacio sa kanya, patay o buhay, upang mahatulan diumano sa kanyang kasalanang ayaw magpailalim sa gubyernong Aguinaldo. Kasama ang ibang tauhan, lumakad papuntang Indang pagdating ng hapon. Malugod silang tinanggap nina Bonifacio na hindi nakakaalam ng kanilang sadya.



Jose Paua

Malayo na ang narating ng pakikibaka ng uring magsasaka sa paglutas ng suliranin sa lupa na siyang pangunahing nilalaman ng digmang bayan ngayon. Lumalagablab ang kanayunan sa iba't ibang sulok ng bayan. Ang programa sa pagsulong sa estratehikong pagkakapatas ng digmang bayan sa darating na mga taon ay hindi hiwalay sa pagsulong ng kilusang magsasaka at kilusang manggagawa. Ang hinihingi nitong komitment ay ang dedikasyon, sipag, pagsisikap, masinsing pagsusuri, pagkamapanlikha at pagkamapamamaraan sa mga pagkakataong tiyak ang magiging ang bunga.



Dala ang mapanlabang tradisyon ng mamamayang Pilipino at malawak na praktikang pamana nina Bonifacio at ng Katipunan, nina Andres Togonon at marani pang martir, isinusulong ng mga rebolusyonaryo ngayon ang bagong demokratikong rebolusyon hanggang sa maihatid ang lipunan sa sosyalismo.

na pangalan ni Papa Isio. Ilan sa mga ito ay Dionisio Segobela, Dionisio Magbuelas o Dionisio Seguela. Ayon sa iba't ibang kwento sa Negros, anak siya ng mga magsasakang nagmula sa Iloilo na naglinang ng sakahan sa Negros ngunit inagaw ng mga Espanyol. Naging manggagawang bukid siya sa iba't ibang asyenda at napatay o nasugatan niya ang isang Espanyol, asendero ba o katiwala ng kanyang tinatrabahuan kaya't nagtago siya sa kabundukan kung saan nakilala niya ang grupong Diyos Buhawi. (Modesto P. Sa-onoy, 1992, Negros Occidental

¹ *Maraming iba't ibang banggit sa tunay*

1897 Abril 28:

Sinalakay ng mga pwersa nina Bonzon at Paua ang himpilan nina Bonifacio. Binaril at patay agad si Ciriaco Bonifacio, binaril at sinaksak si Andres, pinagsasaksak si Procopio. Binihag si Gregoria de Jesus. Sugatang dinala sila at ikinulong sa Indang, walang maaaring makipag-usap.



*Nang Bihagin
si Aling Oriang
nina Yntong,
guhit ni
Ronelito
Escauriaga*

History at Cuesta, Angel Martinez, OAR: History of Negros., 1980)

² Ang labanang ito ay kasabay ng kabuuang opensiba ng Katipunan na naganap sa Maynila at iba pang bahagi ng kapuluan bilang pangbukas ng Rebolusyong 1896 noong huling linggo ng Agosto. Tulad ng Labanan sa San Juan, madalian itong inihanda dahil nagsimula na ang pananalakay ng Espanyol nang makumpirma nito ang organisasyon ng Katipunan. Sina Candido Iban at Francisco del Castillo ay mga maninisid ng perlas sa Australia na umuwi sa Pilipinas upang lumahok sa Rebolusyon. Ang napanalunan nilang pera sa loterya ang ginamit upang ibili ng palimbagan na ginamit ng Katipunan para mailabas ang Kalayaan. Sila ang pinadala nina Bonifacio upang mag-organisa ng Katipunan sa Panay.

³ Lihim na dumaong sa Inayawan, (Libertad ngayon) Pandan, Antique noong Setyembre 21, 1898 ang barkong Don Francisco lulan ang mahigít isang libong Tagalog na Katipunero na pinamunuan ni Leandro Fullon kasama sina Pedro Ledesma, Silvestre Salvio, Ruperto Abellon, Angel Salazar. (Hist of Panay, Franco & Regalado at John Foreman, "The Philippine Islands"). Pinadala sila upang tugisin ang pamunuan ng Espanya na umatras dito matapos ang labanan sa Manila Bay noong Agosto 13. Ginawang bagong kabisera ng probisyunal na gubernong Espanyol ang lungsod ng Iloilo sa pamumuno ni Diego delos Rios, ang huling Gobernador-Heneral ng Espanya sa Pilipinas. (Henry Funtecha, "The Iloilo Culmination of the Declaration of Philippine Independence", Sun Star online, August 8, 2009)

⁴ Nadakip sa magkahiwalay na labanan sina Fernandito "Andres" Togonon at Coronacion "Waling-waling" Chiva. Pagkalabas sa piitan, tumulong sila sa mablis na pag-uugat ng BHB sa Panay, at iniambag sa hukbo ang kanilang anak na naisilang sa bilangguan. Si Ka Waling-waling ay ipinabaril sa utos ng CenCom ng AFP sa Cebu. Si Ka Andres ay namatay na aktibong kumikilos sa BHB.



1897 Abril 29:

Pulong ng ilang pinuno ng Magdiwang sa Naic para iligtas si Bonifacio, kabilang ang pagbubuo ng rehimyentong naka-itak at magkukunwaring reinporsment para kina Aguinaldo. Hindi natuloy ang plano dahil sa biglaang paglusob ng mga Espanyol sa Indang at Naic.

1897 Abril 30:

Nagbalita si Luciano San Miguel kay Alvarez na marami sa matataas na pamunuan ng Katipunan, kabilang na si Miguel Malvar, ang tumututol sa pagbibihag kay Bonifacio.

ANG NAGPAPATULOY NA PAKIKIBAKA PARA SA LUPA SA NEGROS

NI MARIA CATALONAN

Tuwing nasasambit ang Negros, pumapasok agad sa isipan ang asukal. Totoo ngang naitatag at umunlad ang mga pamayanan sa isla dahil sa mga asyenda ng tubo na itinayo noong panahon pa ng kolonyalismong Espanyol. Ipinagmamalaki ng malalaking panginoong maylupang kumokontrol sa ekonomya at pulitika ng Negros na sila raw ang nagpundar at nagpaunlad ng isla, ang nakapanatili sa panapanahong paglakas at pagbagsak ng industriya sa asukal.

Ngunit hindi ang mga Cojuangco, Benedicto, o Arroyo, ang nagpalago ng tubo sa isla kundi ang masang anakpawis, ang mga magsasaka't mga manggagawang bukid – ang mga sakada - na naghawan



ng malalawak na lupain at patuloy na nagtanim ng tubo mula noong kolonya ng Espanya ang Pilipinas hanggang mahawakan na ito ng US. Lumakas o bumagsak man ang industriya ng asukal ay patuloy silang nagpapasan ng hirap, nagkakabaon-baon sa utang, nagtitiyaga sa kakarampot na sahod at mahabang oras ng paggawa, at namamatay o namamatayan ng maliliit na anak sa

1897, Mayo 8:

Pinagpasyahan ng Tribunal Militar nina Aguinaldo na gawaran ng kamatayan sina Andres at Procosio Bonifacio sa sala diumanong pagtataksil sa bayan



Bahay sa Maragondon, Cavite na pinagdausan ng di-makatarungang paglilitis sa magkapatid na Bonifacio

gutom o dahil sa kawalan ng ipagpapagamot.

Ang malalaking panginoong maylupa ang nandambong at nagwasak sa industriya ng asukal, at ngayo’y nagpatupad ng iba’t ibang pakana para linlangin ang nag-aalsang mamamayan. Tampok dito ang huwad na reporma sa lupa sa pamamagitan ng mga iskemang “corporative”, at pagbaling ng gamit sa lupa sa produksyon ng mga “high value export crops”, pagmimina, at pagtatayo ng mga tourist resort. Sa kalunsuran, isinasagawa ang huwad na “urban development” na kinatatampukan ng pagpapalayas ng mga maralitang lunsod sa kanilang mga lugar-tirahan.

Ang mga pakanang ito’y nagresulta lamang sa patuloy na paghihigpit ng sinturon ng masang anakpawis, na kasabay ng paghihigpit ng panunupil ng militar upang supilin ang anumang pagtatanggol ng mamamayan. Mula noong 2006, ang Negros ang naging pangunahing tutok at pinaglunsaran ng iba’t ibang oplan at kampanyang militar ng Central Command ng AFP mula sa Oplan Bantay Laya hanggang sa kasalukuyang Oplan Bayanihan. Umabot sa siyam hanggang sampung libo ng reaksyunaryong armadong pwersa ang ibinuhos sa Negros mula noong 2009 hanggang sa kasalukuyan na kinabilangan ng dalawang brigada ng impantri (302 at 303 Ibn), ang buong batalyon ng Scout Rangers, at Regional Mobile Group, maliban pa sa mga lokal na armadong pwersa tulad ng RPA-ABB at goons ng mga panginoong maylupa. Ang mga organisasyon mismo ng mga “sugar planters” ang naglalaan ng pondo para sa mga operasyong militar na inilulunsad ng mga pwersang ito. Naging laganap ang istraping, iligal na pang-aaresto, tortyur, pagdukot at pagsalbeyds kapwa ng mga rebolusyonaryo, ng mga lider masa, at ng mga karaniwang aktibista’t magsasaka. Pinakatampok na kaso ang pagpatay ng

1897 Mayo 10:

Lihim na pinatay ang magkapatid na Andres at Procopio Bonifacio sa Maragondon. Hindi natagpuan ang mga bangkay hanggang ngayon.



Pintang larawan ng pagpatay kay Bonifacio sa pamamagitan ng pananaga

mga elemento ng 61st IB noong Hunyo, 2010 kay Benjamin Bayles, isang aktibista ng Karapatan, kung saan tiyak nang nahuli ng mga rumespondeng pulis ng Kabankalan ang mga bumaril at inamin na mismo ng Kampo Crame na mga sundalo nga nila ito, pero hanggang ngayon ay malaya pa ring gumagala.

Ngunit gaano man katindi ang panunupil, nagpapatuloy ang rebolusyonaryong tradisyon ng mga mamamayan ng Negros. Nitong dekada 2010, nasaklaw na ng mga sonang gerilya ang halos lahat ng sampung kongresyunal na distrito at may humigit kumulang 120,000 baseng masa. Patuloy na isinusulong ng masang magsasaka sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas at sa tulong ng Bagong Hukbong Bayan ang pakikibaka para sa lupa. Sa sama-samang pagkilos, may 30,000 magsasaka na ang nakabenepisyo sa iba't ibang antas ng rebolusyong agraryo tulad ng pagtataas sa presyo ng produktong agrikultural, pagtataas ng sahod, pagpapababa ng interes sa pautang, pagdemanda ng subsidyo mula sa reaksyunaryong gubyrerno, at pagpigil sa mga pagtatangkang pag-agaw ng lupang sinasaka.



Noong 2011 lamang, ayon kay Andrea Guerrero, tagapagsalita ng Armando Sumayang Jr. Command ng BHB sa Timog-Kanlurang Negros, daan-daang magsasaka ang nagtagumpay sa

1897 Disyembre 1897:

Sa bahay ni Pablo Tecson sa San Miguel, Bulacan, pinirmahan ni Aguinaldo ang Kasunduan ng Biak-na-Bato, ang pagbenta ng Rebolusyon sa Espanya kapalit ng Mex\$800,000 kung saan Mex\$400,000 lang ang kanyang natanggap, at nagpatapon sa Hongkong kasama ang ibang pamunuan ng kanyang iginiit na gubyrerno. Naglabas ng pahayag na nagpapatigil sa paglaban ng mga Katipunero.

pagdagdag ng mula 5 hanggang 20 piso kada araw sa palayan at 50 pisong dagdag sa pagtatanim at pagtabas ng tubo. Mahigit isang libong pamilya naman sa anim na barangay ang nagkamit ng benepisyong dagdag sa presyo ng uling at pagpapababa ng interes sa utang nila sa mga kapitalistang nagnenegosyo sa uling.

Sa Central Negros naman, umabot sa 450 pamilyang magsasaka ang nakinabang sa matagumpay na aksyong antipyudal na inilunsad ng mahigit 100 magsasaka sa Barangay Buenavista, Guihulngan City, Negros Oriental. Tumaas ang sahod ng mga magsasaka sa mga asyenda ng tubo. Ang sahod sa pag-aararo ay tumaas mula sa 120 tungong 150 piso bawat araw. Tumaas din mula 180 tungong 250 piso bawat tonelada ang sahod sa pagputol at pagkarga ng tubo. Mula sa 80, naging 100 ang arawang sahod ng mga lalaki sa pagbubungkal ng lupa. Nanatiling 80 ang sahod ng mga babae pero mula sa walo ay naging pito na lamang kada araw ang oras ng pagtatrabaho nila at ng lahat ng iba pang manggagawa sa asyenda.

Ang tagumpay ng mga pagkilos na ito ay nakaimpluwensya at nagtulak rin ng mga pagbabago sa sahurang at presyo ng produkto sa mga katabing bayan.

Kasabay ng masisiglang pangmasang pagkilos ang paglakas din ng mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan. Maliban sa pagpapahina sa pwersa ng reaksyunaryong militar at pagdagdag ng armas sa hukbong bayan, ay lumilikha rin ng tuwirang benepisyo sa mamamayan tulad ng pagpapatigil sa operasyon ng Philex Mines, isa sa pinakamalaking korporasyon ng mina sa Pilipinas. Upisyal na inianunsyo sa midya noong Hunyo 17, 2013 ni Manuel Pangilinan, tagapangulo at chief executive officer ng Philex Gold Phils. Inc. (PGPI), na titigil na ang kanilang operasyon ng mina sa



Mga pinunong nakipagkasundo sa Biak na Bato, Bulacan



Pagsuko ng himpilan sa Biak na Bato, guhit mula sa libro ni Artemio Ricarte

Ang paghahalo ng Himpilan ng Biak na Bato.

Sipalay. Sinalakay ng isang platun ng BHB ang exploration site ng Philex Mining sa Sityo Umas, Barangay Camindangan noong Mayo 3. Pinaalis muna ng mga Pulang mandirigma ang mga tao sa dalawang bunkhouse bago sunugin ito kasama ang isang traktorang Kubota na may drilling machine at isang generator set, isang two-way radio set at iba pang kagamitan ng kumpanya.

Kasunod ng reyd na ito, naglunsad ng operasyong pagtugis ang mga tropa ng 47th IB ng Philippine Army laban sa BHB. Lima ang napatay at dalawang iba pa ang nasugatan sa militar nang tambangan sila ng BHB ilang kilometro mula sa exploration site noong Mayo 4. Ayon sa militar, nawalan sila ng apat na ripleng M16, isang M14 at isang K3 light machine gun. Ikatlong pagkakataon nang ginawaran ng parusa ng rebolusyonaryong kilusan ang Philex Mining dahil sa paulit-ulit na paglabag nito sa mga patakaran ng Demokratikong Gubyernong Bayan tungkol sa malawakang pagwasak sa kapaligiran at kabuhayan ng mamamayan. Ang unang pagparusa ay isinagawa noong 2001 at ang ikalawa ay noong 2008.

Patunay lamang na nagpapatuloy ang pakikibaka nina Papa Isio sa pakikibaka nina Apolinario Gatmaitan, Leonardo Panaligan at Armando Sumayang.



Pagsakay nina Aguinaldo sa mga lantsa sa daungan ng Sual, Pangasinan, para dalhin sila sa SS Uranus patungo sa Hongkong kung saan sila nagpadistyero.



ANG MAG-AASIN

NI JHUNE MENDOZA

Sa init ng araw at labis na hirap
 Ang patang mga katawan ay pinanday
 Kinalyo at kumapal ang mga paa at kamay
 Mga mata sa sinag ng araw ay nasanay

Kalimita'y kasama ang buong pamilya
 sa buong panahong pag-aasin nila
 ang ama'y nagtatasik, ang ina'y naghuhulip
 mga anak nama'y panulong ang bitbit

Ngunit sa kabila ng hirap at sakit
 mga mag-aasi'y sadyang ginigipit
 kulang sa sustento ng propetaryong ganid
 maging sa partehan mag-aasi'y walang makamit

Dumating ang panahong mag-aasi'y nagising
 sa kalagayang aba at pagmamalupit
 kanilang lakas, binuo't pinag-isa
 laban sa propetaryong mapagsamantala


Ngayon mag-aasi'y bigkis nang parang walis
 at saka hinarap ang propetaryong malupit
 propetaryo'y nangatog at tumulo ang pawis
 Dahil ang mag-aasi'y nag-aapoy na sa galit

Nagpatuloy ng pakikibaka ang
 Katipunan sa kabila ng babala
 ni Aguinaldo na ang hindi
 susunod sa kasunduan ay
 ituturing na mga bandido at
 parurusahan.



*Si Leon Kilat at
 mga Katipunero
 sa Cebu*

Sa pagkakaisa at lakas ng mga mag-aasin
 unti-unting makakamit, makatarungang hiling
 ganid na propetaryo'y tutungo sa dilim
 Samantalang liwanag ang para sa mag-aasin



Ilan sa mga pinunong nagpatuloy ng paglaban sa mga kolonyalistang Espanyol



*Hen.
Francisco
Makabulos
ng Gitnang
Luzon*



*Hen. Isabelo
Abaya ng
Ilocos*



*Hen. Emilio
Jacinto ng
Timog Luzon*

*Hen. Miguel Malvar ng
Katagalugan*



AGUNYAS SA HACIENDA LUISITA

NI BIENVENIDO LUMBERA

*Panata sa mga Welgistang Manggagawang-Bukid at Magsasaka ng Hda.
Luisitana na minasaker noong Nobyembre 16, 2004. Binasa ng makata sa
lamay para sa mga biktima.*

Walang kampanang kumalembang ng panangis
Nang kayo'y paslangin ng mga pulis at sundalong
Bayaran ng naghaharing uri.
Kalasti lamang ng gatilyong humaplit
sa balang inip na inip
sa baril ng mga berdugo.

Walang dalanging pumulas sa bibig
Ng mga matronang paladasal tuwing nobena
Kay San Isidro Labrador.
Buntong-hininga lamang: ay, nabawasan din
Ang bilang ng mareklamong magsasakang
Kasabwat ng mga NPA.

Walang benditang tumigmak sa amoy-lupang bihis
Ng mga welgistang humingi ng dagdag
Sa 9.50 lingguhang kita.
Dugong pumulandit sa dagsa ng bala,
Laway na tumalsik nang hatawin ng truncheon,
Plemang idinahak ng panginoong maylupa.

Hindi kalembang, hindi dasal, hindi bendita,
Ang dala ng ipo-ipong nagpupuyos
Sa mga dalisdis ng Sierra Madre

1898 Mayo 1:

Winasak ng Amerikanong iskwadron sa
kumand ni Commodore George Dewey
ang plotang nabal ng Espanyol na nasa
kumand ni Admiral Patricio Montojo.



Labanan sa Manila Bay, guhit ni J.D. Cleaver

Na papatag sa mga tubuhang Cojuangco
 At sa mga kamalig at pabrika ng asendero.
 May titis na nagliyab sa dibdib
 Ng bawat isa sa amin,
 At ang mga dila ng lagablab
 Ay sasanib sa ipo-ipong dumarating,
 Hahawanin ang lupaing sasaksi
 Sa itatanim naming lipunang
 Malaya at hindi na paaapi.

Agunyas - Tugtog ng kampanya para sa namatay.



1998 Mayo 4:

Nagpasya ang komite ni Aquinaldo sa Hongkong na tanggapin ang alok ng US na makipagtulungan laban sa Espanya.

Ang Hongkong Junta ni Aguinaldo



LABANAN SA PINAGLABANAN

Dagli na kolektibong likha ng mga kabataan

Sa patlang-patlang na liwanag ng mga ilaw sa poste, tinanaw ko ang estatwang tanso na tampok ng plasa. Dahil napakataas nito, hindi ko makita ang mukha ng lalaki, pero sa sinadyang eksaheradong liyad ng katawan at pagtaas ng kanyang kanang kamay sa langit, para siyang nanunumpa, pero para ding nanunuya, o kaya'y naniningil, nanghahamon, o nagmamakaawa tungkol sa mga pangyayari sa lugar na ito. Sino nga bang hindi magkakaroon ng pinaghalong damdamin dito sa Pinaglabanan, San Juan?



Rebulto ng Labanan sa Pinaglabanan, San Juan

Kahit hindi ako naniniwala sa kaluluwa, tuwing dumaraan ako rito'y nakapaninindig-balahibo pa rin kung maalala kong mahigit 150 Katipunero ang namatay dito at lampas 200 ang nabihag; na tinortyur at pinatay din matapos ang ilang araw.

Bagama't may nauna nang mga putukan tulad sa Pasong Tamo, ang labanan dito sa San Juan ang pinakaunang opensiba ng Rebolusyong 1896 at nagsilbing *signal fire* ng Katipunan para magsialsa ang iba't ibang rehiyon sa buong kapuluan. Gabi pa lamang ng Agosto 29 ay lihim nang pinalibutan ng pinaunang mga isandaang Katipunero ang El Polvorin, ang tinggalan ng pulbura at armas ng Espanyol. Madilim-dilim pa kinabukasan nang

Sa panahon ding ito, itinayo ng Espanyol na Gobernador-Heneral Basilio Agustin ang Konsultatibong Asembleya ng Pilipinas para mahimok sa kanilang panig ang mga Pilipino. Binuo ito ng 18 bumaligtad na Katipunero na pinamumunuan ni Pedro A. Paterno.



Ang kolaboreytor na si Pedro Paterno

sumalakay ang buong tropang dala ni Bonifacio. Napatay ang kumander ng mga kolonyal na sundalo at ilan niyang tauhan, samantalang tumakbo ang iba pa papuntang El Deposito, Tagumpay ang unang bugso.

Pero bandang tanghali, dumating ang Regimiento 73 na reinforcements ng Espanyol at nagtanggol sa El Deposito. Sina Bonifacio, na nagregrup muna sa Sta. Mesa para hintayin ang reinforcements galing sa Cavite, ay tumuloy na lang sa muling pag-atake nang hindi dumating ang mga Kabitenyo. Nadehado tuloy ang mga mandirigmang karamihan ng armas ay itak at sibat sa mga lokal na mersenaryong armado ng ripleng Remington at kolonyal na sundalong Espanyol na may mga German Mauser. Kaya nga ganoon karami ang namatay at nadakip sa kanila.

Sa ngayon, Pinaglabanan Elementary School ang nakatayo sa dating El Polvorin, sa harap ng estatwang tanso. Ang estatwa ay nakatayo sa dating kinatatayuan ng El Deposito. Sa bandang gilid at likod naman, sa ibabaw ng malalaking adobeng *tunnel* na dati'y lagusan o imbakan ng mga Espanyol ng tubig pero ngayon ay puno na ng lusak, lumago ang komunidad ng Corazon de Jesus. Komunidad ito ng mga maralitang nagsisiksikan sa mga barung-barong upang makapahinga matapos ang maghapon pagbabanat ng buto sa isang-kahig-isang-tukang pamumuhay, na dahil sa kanilang pagsisikap ay tinuring ng gubyernong mga *eyesore* sa isang plasang panturista. At doon nga ang sadya ko kaya ako nadaan sa plasang ito. Mag-aalas otso na, kaya't nagmamadali ako para maabutan pa ang gabi ng pangkulturang pagtatanghal na kanilang idaraos.

Matagal na ang pakikibaka ng komunidad ng Corazon de Jesus para sa sariling lupang titirikan ng tahanan na malapit sa

1898 Mayo 19:

Dumating si Aguinaldo sa Cavite sakay ng barko ng US na McCulloch. Kalakip sa mga kasunduan nina Aguinaldo at Dewey ang mag-alyansa laban sa Espanya.



Ang US Revenue Cutter McCulloch na sinakyan ni Aguinaldo

kanilang hanapbuhay, ngunit itinakda pa ring i-demolish ang komunidad dahil nga pagtatayuan daw iyon ng ikalawang city hall, ng White House. Ilang City Hall ba ang kailangan ng isang syudad, kung ihahambing sa ilang daang bahay na kailangan ng masa? Kaya humingi ang organisasyon ng maralitang lunsod doon ng suporta mula sa iba't ibang sektor. Kahit medyo pagod pa ako sa katatapos na pulong ng Kabataang Makabayan, dali-dali naman akong sumama sa mga tumugon.

Nadatnan kong nakatayo na ang mga barikada. Walang tigil na naghahanda ng mga kagamitang pandepensa ang mga tatay, nanay, kabataan at kahit mga bata. Bote, molotov, bato, kahit ano lang, maging ang T-Bomb. Para bang mauulit ang kasaysayan, may paghahanda sa gabi at putukan kinabukasan. Pero hindi ... nabaligtad yata ngayon, ang anakpawis na kung saan-saan lang pumulot ng gamit pandepensa ang magtatanggol ng El Deposito, ang mga naghaharing may mga baril ang lulusob!



Demolisyon sa Corazon de Jesus

Kinabukasan, wala pang alas nuwebe ay nagsimula ang labanan. Mahigit 400 pulis at goons laban sa ilandaang mamamayang nagtatanggol ng kanilang pamumuhay at buhay. Umulan ng bote at bato, sinagot ng tubig mula sa trak ng bumperong dala ng mga pulis. Umisplat ang mga T-bomb, umugong ang mga bulldoser.

1898, Mayo 24:

Sa Cavite, idineklara ni Emilio Aguinaldo ang pagtatatag ng gubyernong diktaduryal kapalit ng gubyernong Biak-na-Bato.



*Si Aguinaldo,
sakay ng
karwahe*

Palibhasa'y dayo, hindi ko alam kung saan ako lulugar, at isang malaking bato ang sumalpok sa sikhura ko, halos mawalan ako ng malay. Agad namang may umakay sa akin at inihatid ako sa isang bahay para makapahinga at makahinga ng maayos. Naku! Ang bahay na ito pala ang napili ng mga goons na unang gigibain, at hindi pa ako nakaalis nang sila'y sumalakay. Kasama akong binalot ng nakasusulasok na tear gas sa loob ng bahay.

Hinang-hina sa tama ng bato, lumuluha, umuubo at halos masuka sa mahapding usok, patakpong-patumba akong umatras sa kabilang bahay. Anong malas nga naman, kung totoo ang malas, at pagpanhik ko ng bahay ay isang *live wire* pa ang nakapitan ko.

Sa ospital na ako nang nagkaulirang. Namumutiktik ang pulis sa loob, dahil doon din pala dinala ang mga residente, mga pulis at goons na nasugatan. Mahigit tatlumpung pulis at residente ang dinala sa ospital.

Noon ko lang naalala ang USB sa bulsa ko na naglalaman ng katitikan ng mga pinag-usapan namin sa pulong ng KM. Nalimutan ko palang idaan sa pinagtataguan ko bago lumakad kagabi. Talaga naman. Hindi lang pala kamalasan ang dala-dala ko, pati kapabayaang. Dahil S.O.P. at bawal na bawal magdala ng mga lihim na dokumento kung pumupunta sa komunidad. At katitikan pa! Nalimutan ko ang pananakit ng katawan ko at kakabog-kabog ang dibdib, unti-unti akong tumayo papuntang CR habang nakikipagtigang sa isang pulis na parang interesado sa akin.

Pinilit kong *i-flush* sa inidoro ang USB. Ang walang-hiya at lumutang, ayaw pumasok! Sa paulit-ulit, mauubos na ang tubig sa dram at tumatagal na ako sa loob, kaya dinampot ko na lang at

1898 Mayo 27:

Natanggap ng grupo ni Aguinaldo sa Cavite ang unang bungkos ng biniling armas mula kay US Consul Rounseville Wildman na bahagi ng kasunduan sa Hongkong. Hindi na ipinadala ni Wildman ang susunod na bungkos na binili sa halagang P67,000.



Rounseville
Wildman

pigil-hiningang itinulak ng mga daliri ko sa kailaliman ng butas ng inidoro. Sa wakas ay pumasok rin. Pawisan na ako sa pagkakataranta. Naku, talaga. Walang ganitong problema sina Bonifacio noon. Buhay at kamatayan lang ang problema nila.

Dinampot ako ng pulis paglabas ko sa CR at dinala sa presinto, pero maluwa ang paghinga ko dahil wala na ang USB. Kinunan ng litrato, fingerprint, imbestigasyon, lahat na. Alas singko ng hapon nang palabasin ako dahil walang ebidensya.



Papadilim nang makabalik ako sa Pinaglabanan. Giba na ang mga bahay, pero nagreregrup ang masa at nagpaplano ng susunod na gagawing kilos protesta kasama ang pagkilos ng iba pang sektor. Kahit wasak-wasak na ang kakaunting pag-aaring kanilang pinaghirapang ipundar, kahit sugatan, pagod at gutom sila sa maghaponing labanan, patuloy silang nagpaplano ng pagkilos, hindi nga nila napansing bumalik ako. Matatag ang kanilang organisasyon, kaya't humaharap sila sa pakikibaka hindi lang para sa pagpapanatili ng kanilang tahanan kundi kaugnay ng kabuuang pakikibaka para sa demokrasya at kalayaan. At napagtanto kong hindi pala naulit ang kasaysayan, at hindi rin nabaligtad, kundi nagpapatuloy. Ang sistemang panlipunan na nagtulak sa mga residenteng ito para halos kapit-sa-patalim na magtanggol sa kanilang mga bahay ay siya pa ring sistemang nilabanan nina

1898 Mayo 31:

Idineklara ni Aguinaldo ang muling paglaban ng mga Pilipino mula nang sumuko siya sa mga Espanyol sa Biak na Bato.



Teatro Caviteño: Headquarters of the Philippine Army in Cavite before Jose Carlos CRR

Teatro Caviteño, kung saan idineklara ni Aguinaldo ang muling paglaban. Ito rin ang tumayong himpilan nila sa Cavite

Bonifacio noon, isang sistemang kontrolado ng dayuhan, mga asyendero at mga bulok na pulitiko sa bansa, walang pakundangan na nang-aapi sa masa na ang pawis at dugo ang bumubuhay sa buong lipunan.

Matindi ang pagkabigo nina Bonifacio sa unang opensiba nila sa Pinaglabanan. Pero ang opensibang ito ang nagbunsod ng mas marami pang labanan hanggang maipagtagumpay ng Katipunan ang Rebolusyon kahit ipinagkanulo pa ni Emilio Aguinaldo. Sa diwa rin ng Pinaglabanan nagpatuloy ang mga Katipunero laban sa mga sumakop na Amerikano, at nagpapatuloy ang pambansa-demokratikong rebolusyon ngayon.

Sa patlang-patlang na ilaw ng mga poste, nakita ko sa determinadong mukha ng mga taga-Corazon de Jesus ang wari'y ngiti sa mukha ng lalaking tanso. At tiyak ko na ngayon, ang liyad na katawan nito at nakataas na bisig ay hindi nanunumpa, nanunuya, naniningil, nanghahamon, o nagmamakaawa, kundi sumasaludo sa tibay ng loob ng mamamayang nakikibaka. At nananawagan na ipagpatuloy ang laban.



1898 Hunyo 02:

Pinamunuan ng Espanyol na Hen. Leopoldo Garcia-Peña ang 900 tropang impantri at 80 artilyeri sa pagbaligtad papunta sa mga pwersang Pilipino sa Labanan sa Alapan, Cavite.



BONIFACIO, BAYANI NG ANAKPAWIS

NI FIDEL EVANGELISTA

Habang tinataludtod ko ang isang babasahing luma
 ‘Sang lumang larawan ang aking nakita
 Si Gat Andres Bonifacio, siya ito, wala nang iba,
 Hawak ang gulok sa kanang kamay at rebolber sa kaliwa

Sa aking isipan, sa aking pagka-alaala’y
 Pinamunuan niya ang bayan sa isang himagsikan
 Layon niya’y lumaya sa abang kalagayan
 Sa pagdudusta, pang-aapi’t pagsasamantala ng dayong gahaman

Andres, Boni, Gat Andres Bonifacio
 Sa isipa’t ala-ala ng sambayanang Pilipino
 Di ka mawawaglit sa puso’t isipan ng mamamayan
 Libong taon man, ilang salinlahi ang magdaan

Tinapaktapakan ng mga buhong at gahaman
 Na elitista’t makadayuhang layon lang magpayaman
 Naghari-harian, nagkunwang makabayan
 Dahil tatak nila’y mapagkanulo’t taksil sa mamamayan

Lupa’t kalayaang inasam hindi nakamtan
 Dahil sa pananakop ng mga bagong dayuhan
 Tumindi ang karahasan, lumala ang kahirapan
 Kaya nagpatuloy pa rin ang paglaban

Tayong mga manggagawa’t mga magsasaka
 Na siyang lumilikha ng yaman ng bansa

1898 Hunyo 03:

Mga Espanyol sa Calamba, sumuko sa
 Katipunan sa ilalim ni Paciano Rizal
 pagkatapos ng tatlong araw na labanan.



*Paciano Rizal,
 pinuno ng KKK sa
 Calamba*

Uring anakpawis na nagpapasan ng hirap at dusa
Ng nasa kapangyariha'y pinasasakita't tinutuya

Mga anakpawis ngayo'y tumitindig, lumalaban
Sa pamumuno ng Partido, kasama ng hukbong bayan
Tayong nakararami sa lipunan ang mangingibabaw
Kakamtin...kakamtin! ang demokrasya't kalayaan!



1898 Hunyo 09:

Naagaw ng mga
Pilipino ang
lalawigan ng
Pampanga mula
sa mga Espanyol.



Dramatisasyon ng labanan sa Candaba

ASERO

NI TURKO LUCERO

1.

Alamin natin ang silbi

Ng bawat pulgada ng pako,

Ng bawat dipa ng alambreng tinik.

Alamin, bago gamitin bilang pambakod:

Harang at proteksyon ay kanino maglilingkod?

2.

Kay hirap likhain ng alambreng galbanisado

Sa nagbabagang pugon, mabangis na alimpuyo

Ang baling ng paningin, sa tinggang kumukulo.

Kapag aksidente'y dumatal at nahulog sa hurno

Sa klinika at pagamutan ay hindi papansinin

Ang kaawa-awang bangkay, sa morge na pupulutin

3.

Hammer, grip at cutter,

mahahalagang bahagi ng makina

Upang makagawa ng pako na walang mintis

Ang hirap at pagod na di alintana ng manggagawa

Ay limpak-limpak na tubo para lamang sa kapitalista

4.

Kalaykay ng pako,

Matulis at matingkad,

Sa timbangang de numero

1898 Hunyo 10:

Humigit-kumulang 5,000

tagapagtanggol ng Espanya ang
sumuko sa Katipunan sa lalawigan
ng Batangas.



*Mga sundalo
ng Katipunan
sa Batangas*

Ay kinakaladkad.

Pagkatapos ibalot ng manggagawa

Sa dugo at pawis na kanyang puhunan,

Ay handa nang ibenta sa pamilihan.

Lakas-paggawa para sa sahod na barat,

Ordinaryong araw ng mga bisig na banat.

5.

Ang bakal na ito

Ay kumukulong asero.

Naging tabak ni Bonifacio.

Naging karet,

Naging maso.

Naging rebolber,

Naging punglo.

Pinanday sa pakikibaka


At giting ng manggagawa.




1898 Hunyo 12:

Iprinoklama ni Aguinaldo ang kasarinlan ng Pilipinas sa ilalim ng proteksyon ng USA.

Kawit, Cavite






Ang buhay ay maihahalintulad
 Sa isang gaserang iindap-indap.
 Sa karimlan ng gabi
 At malakas na ihip ng hangin
 Ay bigla na lang naaidip,
 Subalit muli't muling sisindihan
 Para magtuluy-tuloy ang liwanag
 At mapawi ang dilim.
 Gaya ng ating laban sa loob ng pagawaan,
 Hindi hahayaang magapi sa isang iglap lang.
 Muling itatayo ang barikada,
 Pakikibaka ay hindi uurungan
 Upang makamit ang minimithing tagumpay.
 Gaya ng pakikibaka nina Gat Andres Bonifacio
 Na ipinapagpatuloy ng buong sambayanan,
 Muli't muli nating sisindihan ang tanglaw
 Na pilit pinupuksa ng mga taksil sa bayan.
 Ang kabayanihan ay inspirasyon at ilaw,
 Sa sama-samang pagsulong hanggang kalayaan.

1898 Hunyo 21:

Nagapi ng mga pwersa ng Katipunan sa
 ilalim nina Tinio at Tecson ang garison ng
 Espanyol sa San Isidro, Nueva Ecija at
 nakasamsam ng 1,050 riple at 500,000
 bala.



Pablo Tecson



Manuel Tinio

AGUINALDO O BONIFACIO: SINO ANG TUNAY NA BAYANI?

BALAGTASANG LIKHA NINA KA BASTY, KA JULIA, AT KA VIN

LAKANDIWA:

Sa inyong dumalong mga kapatid ko,
Pagmasda'y tagisan ng angking talino
Ng wari'y nabuhay muling mga tao
Isang Aguinaldo't isang Bonifacio.

Nagtalong mainit doon sa Tejeros
Kung sino ang dapat mamuno nang lubos
Hanggang Katipuna'y nagkagusot-gusot
At ang panlilito ngayon na'y bumalot.

Batay sa batid nang mga pangyayari
At sa mga bagong ngayo'y nasusuri,
Sa pangangatwiran kayo ang magmuni:
Sinong tatanghaling tunay na bayani?

Kaya't simulan na itong balagtasang
Pagsalubong nati'y isang palakpakan
Andres Bonifacio'y Tondo'ng pinagmulan
At si Aguinaldo'y Cavitenyo naman

AGUINALDO (unang tindig):

Ay! Kapatid kong 'to'y inyong kahabagan.
Aral ay kinapos hanggang hayskul lamang.

1898 Hunyo 27:

Sinimulan ang mga Pilipino ang pagkubkob sa mga sundalong Espanyol na nagtipon sa simbahan ng Baler sa Tayabas, Quezon; tumagal ng 11 buwan.



Anong kaalaman? Anong kahusayan?
Mangmang na palalong nagdunung-dunungan.

Sa ating tagumpay, ang baya'y paano
Kung anakpawis lang ang siyang mamumuno?
Ang armas na dapat sa isang supremo
Kargado ng bala na pang-edukado.

BONIFACIO (unang tindig):

Anakpawis nga ba'y iyong kinukutya?
Kasaysaya't bagay kami ang lumikha:
Damit at pagkain, gusali, kalsada,
Di ba't kahit baril na 'yong dala-dala?

Ako'y anakpawis, 'ya'y tunay, Kapatid,
Sa dusa at luha'y halos na masaid.
Itong Inang Bayan, daing niya'y narinig
Kaya't Katipuna'y nabuo, tumindig.

Pagtugon sa taghoy, nakipag-aralan,
Humalaw ng dunong 'di sa pamantasan.
Nabasang digmaan 'di rin sa aklatan
Kundi sa pagkilos ng buong lipunan.


At nang pag-usigin ng imbing Espanya
Nangahas isulong naipong sandata
Kahit ang tulad mo'y nag-alinlangan pa
Uring asenderong huli nang sumama.

AGUINALDO (ikalawang tindig):

Huli ngang ituring ang aking pagsanib

1898 Hunyo 27:

Tumulak ang Third American expedition papuntang
Maynila sa kumand nina Major-General Wesley Merritt
at Brigadier-General Arthur MacArthur.



Ngunit buo namang Cavite ang bitbit
At pinagtabuyan ang Espanyang ganid
Samantalang ika'y sa San Juan naipit!

Paglusob sa pusod ng Kamaynilaan
Ay nagbunga lamang ng kapahamakan.
Ako! humahanig at nagtatagumpay!
Di ako nabigo sa maraming laban.

BONIFACIO (ikalawang tindig):

Paningin mo'y binara ng kahambugan!
Ang Cavite kaya'y braso o paanan,
Maynila'y sikmurang lakas ng kalaban,
San Jua'y naging mitsa ng apoy ng bayan.

Sa tawag ng digma, ang baya'y tumugon
Hanggang Mindanao, Visayas at Luzon
Maraming labanan aming isinulong
Nabawi ang lupa sa prayleng ulupong.

Ni hindi nga buo ang 'yong niyayabang,
Cavite'y naghating Magdalo't Magdiwang.
Digmang makatwira'y hindi paligsahan.
Pagsisikap ito ng buong lipunan.

Lubos na pagbangon sa tinub'ang lupa
Ay hindi lang digma, awit din at tula.
Kayo ba'y may likhang pahayag, Kartilya?
Konstitusyon mo nga'y sa Maura kinopya.

AGUINALDO (ikatlong tindig):

1898 Hunyo 30:

Dumating sa Maynila ang First U.S.
expedition sa kumand ni Brigadier
General Thomas M. Anderson.



Panitika't sining mula pamantasan
 Siyang tunay na alam, kilala ng bayan.
 La Liga'ng umugit ng diwang panlaban,
 Sino kang sumulpot mula pusalian?

Mga talumpati, akda mo at tula,
 Sa mga marunong di kinikilala
 “Kalayaang” limbag sino'ng nakakita
 Kundi mga mangmang na kuto ng lupa.

BONIFACIO (ikatlong tindig):

Ang tulang panaghoy at hiyaw ng saklap
 Nagningas, dumiklap sa hanging pangarap
 Minamaliit man ng alta sosyedad,
 Masa'y nagkaisa, nangahas, nagsikap

Lipuna'y pinukaw ng tula at awit
 Pagliyang sa bayang bumukal sa dibdib
 Pagsasamang tunay ang ating ninais
 Hindi ang pagkilos nang may pamimilit.

Di tulad ng ibang mangibabaw lamang
 Sampu ng kapatid ay pinapapaslang.
 Sina Julian Santos at Francisco Roman
 Si Antonio Luna, si Jocson, nasaan?

AGUINALDO (ikaapat na tindig):

Ang mga taong 'yan ay basagulero,
 Sa mga plano ko'y di makipagsundo.
 May paratang ka ba na ako'y berdugo?
 Hinahamon nila aking pamumuno.

1898 Hulyo 06:

Nangako si Diktador Emilio Aguinaldo kay Gen. Thomas M. Anderson na nag-utos na siya sa mga tauhan niya sa Pilipinas na “huwag pipigilan” ang mga pwersang Amerikano na nakapasok na sa Pilipinas noong panahon ng Digmaang Amerikano-Espanyol.



May katwiran ako sila ma'y pinatay
Ikaw ang mahilig maghamon ng away
Kay Daniel Tirona'y nakipagsagutan
Di ka kumilala sa naging halalan.

BONIFACIO (ikaapat na tindig):

Pugad Lawin pa lang may pamahalaan
Na ang Haring Bayan ng Katagalugan
Ika'y walang-asal di nagsaalang-alang
Sa estadong tunay nitong buong bayan.

Limang buwan na palang plano n'yong palitan
Sa inyong Tejeros na moro-moro lang.
Kami'y buong pusong nakipagtulungan
Pakana na pala ng pagtampalasan.


Ang humirang sa 'kin ay ang haring bayan
Mamuno sa atin, laba'y pangunahan
Lusubin, agawin ang kapangyarihan
Durugin ang kuta ng mga dayuhan

Kamangmangan ko raw ang inyong dahilan
Na ipwera ako sa 'yong pamunuan.
May silbi nga kaya abugado't paham
Kung ibebenta lang ating kalayaan?

Katipunang likha ng laksang kamao
Himagsikang lipos ng pawis at dugo
Sa haring Kastila'y iyong isinuko
Tagumpay pinaslang sa Biyak-na-Bato!

1898 Hulyo 14:

Sumulat si Aguinaldo kay Admiral George Dewey lakip ang mga dikreto ng diktaduryal na gubyrno at pag-asang makikipagkaibigan at tutulong ang US sa Pilipinas. Sa araw ding ito, tumalak papuntang Pilipinas ang 4th United States Military Expedition sa kumand ni Maj. Gen. Elwell S. Otis, bilang paghahanda sa pagsakop sa Pilipinas.



Hen. Dewey

AGUINALDO (huling tindig):

Ikaw ay nagtaksil! Iya'y kataksilan!
Sa aking gubyerno'y may kaparusahan.
Sa aking hukuman, hatol: Kamatayan.
Sa pamumuno ko ay walang hahadlang.

Konsehong panggera'y aking bubuuin
Upang lahat kayo'y matamang usigin.
Ang kwatro syentos mil aking tatanggapin
Walang makatutol saan ko man dalhin.

BONIFACO (huling tindig):

Kung ang kaluluwa'y totoong mayroon
Ang mga bayani ng unang panahon
Sa 'yong kasakiman sila ay babangon.
Itong rebolusyo'y saan ba hahantong?

Mithi naming laya ay sadyang dalisay
At sukat ibuwis yaring tanging buhay.
Hangad gintong sinag na muling sumilay
Liwanag ng langit at buhang liwayway.

At ngayo'y ako pa ang pararatangang
Sumira sa aking binuong samahan
Sa tunay na taksil ang sawi kong bayan
Sisigaw sa langit, "katarunga'y nahan?"

LAKANDIWA:

Mga kaibigan, sa inyong narinig
Kinakailangang katwira'y mausig.

1898 Hulyo 15:

Itinalaga ni Aguinaldo ang
unang Kabinete ng
kanyang gubyerno



*Kumbensyon sa
Malolos, Bulacan*

Dahon ng lumipas 'di dapat ipinid,
Mga panlilinlang lubos nang iwaglit.

Matamang nakinig sa dal'wang kapatid
Ngunit isa lamang ang siyang matuwid
Sapagkat ang isa ay traydor! Ganid!
Dusa nitong baya'y di ibig mapatid

Sino nga bang dapat tanghaling bayani?
Siya bang pumaslang ng kanyang kalipi,
Sumuko sa hari, kapalit salapi
O ang nagpursiging baya'y magsarili?

Siya ba na dahilang tayo'y sakop ngayon
Ng imperyalistang bagong panginoon
Na tinulungan niyang dito makadaong
Kaya't hrap natin ay nagpapatuloy?

Itanghal na natin bayaning totoo:
Andres Bonifacio! Andres Bonifacio!
Mga pasya'y tumpak hakbang ay wasto
Digmaang nagwasak sa kolonyalismo!

Yaong himagsikang noo'y sinimulan
Nina Bonifacio at ng Katipunan
Mithing kalayaan laban sa dayuhan
Langat ang antas at ating dugtungan.

Ako'y Bonifacio, kami, kayo, tayo.
Mga magsasaka at proletaryado
Sumpang pyudalismo at imperyalismo.
Digmang bayan pa rin ang makagugupo!

1898 Hulyo 17: Dumating sa Parañaque ang 2nd expeditionary forces ng imperyalistang US sa kumand ni General Francis V. Greene.




EL DEPOSITO

NI KA ARMAN

Ang langit ay nagkulay abo
ang lupa ay nadiligan ng dugo
at ang tahimik na paligid
ay napalitan ng alingawngaw
ng putok ng baril at kanyon
at ng nangingibabaw na sigaw ng kalayaan
sa unang opensiba ng mga Pilipino laban sa mga Kastila
sa Rebolusyong 1896.
Natalo man dito ang Katipunan
hindi nito napigil
ang pagkalat ng armadong paglaban
sa buong kapuluan.

Ang dating El Deposito ay ang Pinaglabanan, San Juan ngayon.

Gusali ng El Deposito, 1900



1898 Hulyo 21:

Sumulat si Agoncillo kay Mabini na nagsasaad ng pagkabahala sa pakikipag-alyansa ni Aguinaldo sa US.



Felipe Agoncillo



Apolinario Mabini

PAANO MO NAAALALA SI BONIFACIO?

NI KA ARMAN

Artista ng bayan
Mahusay na lider
Organisador ng Katipunan
Nagsulong ng digmang bayan
Mabuting ama, asawa, anak
Ito si Boni.

Pero ngayon...

Kasama sa sampung piso
Na katabi ng Dakilang Lumpo
Nakatayo sa Monumento
Katabi ng Gotesco
Istasyon ng MRT
Sa pagitan ng Shaw
at Guadalupe, Makati
Puntahan ng mga mamimili
Doon sa may Divi
Hintayan ng byahe
Papuntang Alabang at Cavite
Tambayan ng mga sosy
Sa may Global City
Kahit siya'y nagmula sa uring api

Paano mo naaalala si Boni?



1898 Hulyo 23:

Tumalak ang 6th expedition ng imperyalistang US
papuntang Maynila na binubuo ng walong kumpanya ng
First South Dakota Volunteer Infantry sa kumand ni
Brigadier-General H.G. Otis, U.S.V.



A Crowded Barco—U. S. Soldiers about to leave for Manila.
Copyright 1909 by H. Y. Young.


Palawakin ang paningin
 Kasaysaya'y ungkatin, busisiin
 Laptop, bolpen, V-type pagsilbihin
 Hanggang makayanan na ang K3 at M14.
 Buhay iugnay sa pag-asa ng masa
 Halinang lumikha
 Ng mga bagong alaala.

V-type - stencil na nilalagay sa silkscreen at ginagamit sa pagpaparami ng babasahin, laganap sa Vietnam noon at sa kanayunan ngayon.
K3 - light machine-gun na gumagamit ng bala ng armalayt



1898 Hulyo 24:

Sumulat si Aguinaldo kina Gen. Anderson na umaasa siyang magiging mabuti ang pagtanggap ng US sa pakikibaka ng Pilipinas para sa kasarinlan.



ALAY KAY ANDRES BONIFACIO

NI EDUARDO ROSON SERRANO


Sa ika-150 taon ng iyong kaarawan
 Patuloy ka naming hinahangaan
 Sa matibay mong paninindigan
 Na itaboy ang sukab na dayuhan
 Na sumakop sa ating lupang sinilangan
 Kaya't pinangunahan mo rebolusyonaryong Katipunan
 Upang makamit natin ang pambansang kalayaan
 Nang ang mga magsasaka't malawak na mamamayan
 Ay makalaya sa tanikala ng pyudal na kalapastanganan
 Upang mapangibabawan ang kamangmangan
 At mapaunlad ang kabuhayan at pamayanan.

Sa ika-150 taon ng iyong kaarawan
 Nagpapatuloy ang radikal na panawagan
 Na tanging lunas sa dantaong kahirapan
 Ang rebolusyon na inyong sinimulan
 At ibinenta ng mga ilustradong taksil sa himagsikan
 Kaya't di naging ganap ang ating estadong bayan
 Hanggang daklutin tayo at pagpasapasahan
 Ng mga Kano't Hapon na mga imperyalistang kapangyarihan
 Kasabwat ang lokal na traydor at bayaran
 Mga malaking panginoong maylupang nangangamkam
 At mga burgesyang kumprador na napakagahaman
 Sa tubo't naninira pa sa kalikasan at kinabukasan
 Habang pinipinsala ang mga produktibong pwera ng lipunan.

Isang siglo na at kalahati
 Ikaw pa rin ang itinatangi

1898 Hulyo 25:

Dumating sa Maynila si Gen. Wesley Merritt
 ng Imperialist US Army.



Ng mga kababayan nating dukha't api
 Nitong lumalabang lahing kayumanggi
 Sa mga nananakop at sa ating pagkaduhagi
 Ikaw pa rin ang tunay na bayani
 Nitong bansang naghahangad ng pagsasarili
 Ng kalayaan ng mamamayan sa pang-aapi
 At pagsasamantala ng mga kaaway na imbi.

Sa loob ng ating ilang siglo ng paglaban
 Sa mga kolonyalista, militarista't imperyalistang kapangyarihan
 Para sa katubusan ng ating lupang tinubuan
 Patuloy na dumadagundong ang sigaw ng bayan
 Para sa tunay na pagbabagong panlipunan
 Na tiyak ang tagumpay bagama't pangmatagalan
 Upang itayo ang ganap na estado ng bayan
 Sa pamamagitan ng Bagong Demokratikong Rebolusyon ng Bayan
 Kasunod ang Rebolusyong Sosyalista para sa sambayanan at sandaigdigan!



1898 Hulyo 31:

Dumating sa Maynila si Brigadier-General Arthur MacArthur upang pamunuan ang Second Brigade ng First Division of the U.S. Army.



AWIT KAY GAT ANDRES BONIFACIO, BAYANING MANGGAGAWA

NI RENANTE GAMARA

Intro: *C-D-G-G/F#-Em-AM-D-D7-G-B7*

Em G Em G
Sa musmos pang manggagawa ng Maynila't kapuluan
C D G
Himagsika'y matatag mong pinamunuan
C D Em
Adhika sa bayan ay kalayaan
C D G B7
Giting at dangal pamana mong iniwan

Em G Em G
Ngunit darating lamang pangarap na araw
C D G
Kung MLKMZ ang sulong tanglaw
C D Em
Diwang panday sa kasaysayan
C D G B7
Ng tunggalian sa makauring lipunan

Refrain:

C D G G/F# Em
Bayani kang tunay na dakila
C D G
Laban sa dayong kapangyarihan

1898 Agosto 06:

Nagpaabot sina Heneral Ricarte at Pio del Pilar ng mga pangamba sa tunay na layunin ng US sa Pilipinas, habang naglabas ng proklamasyon si Aguinaldo sa US na nagpapaliwanag ng saklaw ng Rebolusyonaryong Gubyerno at humihingi ng pagkilala ng lahat ng bansa.



*Hen. Pio
del Pilar*

C D G G/F# Em
 Rebolusyong iyong sinindihan
 Am D D7 G B7
 Di man tapos aming dinugtungan

Em G Em G
 Bagong demokrasya at lipunang sosyalista
 C D G
 Luugit ng uring manggagawa
 C D Em
 Talibang Partido ang sandata
 C D G B7
 Ng masang lilikha sa masagana nating bukas.

Em G Em G
 Itinakdang tungkulin na sa sangkatauhan
 C D G
 Pawiin ang pagsasamantala
 C D Em
 Upang wala nang iilang
 C D G B7
 Pipiga ng yaman sa pawis ng karamihan.

Ulitin ang Refrain

Si Bonifacio ay nabibilang sa umuusbong na uring manggagawa sa Maynila nang pamunuan niya ang Himagsikan ng 1896, ngunit ang kabuuang pamunuan ng Katipunan ay ilustrado at nagdadala ng ideolohiyang liberal-burges na siya ring kamulatan ni Bonifacio.



1898 Agosto 13:

Pumutok ang “Kunwang Labanan sa Manila” sa pagitan ng Espanyol at Amerikano, isang araw matapos magpirmahan ang dalawang kolonyalistang kapangyarihan ng Protocol of Peace na nagkaisang ipasa sa US ang mga kolonya ng Espanya, kabilang na ang Pilipinas



Mga sundalong Amerikano sa Intramuros matapos ang kunwang labanan

SA ALAALA NI BONIFACIO, DAKILANG DESAPARECIDO

NI SILVIA MADIAGA

Ay! Mga kapatid. Sila'y hinanap ko sa mga pook na kanilang itinuro at nang ako'y dumating sinabi sa akin na sila'y nasa ibang bundok na lubhang mataas. Dumating ako sa mataas na bundok na sinabi nguni't siya'y hindi ko nakita. ... Ay! Mga kapatid. Kami'y hindi nagtigil ng paghanap sa kanya sa loob ng dalawang linggo na nagpapahinga lamang kung gabi. Sapagka't hindi ko siya natagpuan at wala namang makapagsabi ng kanyang kinaroroonan, aming sinundan ang mga kawal nguni't ang mga kawal na ito'y nagkaila at kung anu-anong pook ang itinuturo sa amin. - Gregoria de Jesus

Ay ! Oryang, aking kapatid, ngayo'y nawawala pa rin
Si Andres mong minamahal, dinahas ng mga taksil.
Buto't laman, maging diwa'y patuloy inililihim
Ngunit desaparecido'y di maaaring ilibing.

Kanilang inagaw ang mga babae at mga kasangkapan, ngunit isa sa mga babae ay nakatakas at nakapagsabi sa aming kawal na ang aming mga babae ay pinagdudukot...at nang kami ay nalalapit, kanilang pinaputukan ang aking asawa, at nang siya'y nalugmok, siya'y kanilang pinagsasaksak at pinalo ng kulata ng kanilang baril. - Gregoria de Jesus

Silang nagbabalat-kayong bayani't tagapagligtas,
Kasikata'y iniimbot, sukdol magkawatak-watak
Ang mga anak ng bayang pinakamabuti't tapat,
Ang inuusig na tunay ng mga agila't uwak.



*Kinuha nila ang aking rebolber at ang kaunti naming salapi.
Pagkatapos ay iginapos nila ako sa punong-kahoy at pinipilit nilang
ipagtapat ko sa kanila kung saan nakatago ang salapi na kanilang
sinasabing nailak namin. ..dinala kami ng mga kawal at kami'y
pinagbalik-balik sa mga bayan ng Indang, Maragondon at Naic. Ay!
Mga kapatid ko. ...kami ay ipiniit sa tila tapunan ng mga bilanggo at
... inilagay ako sa isang silid na may pagbabawal na makipag-usap
kahit kanino. – Gregoria de Jesus*

Marami kaming tulad mong inulila at binalo;
Sa paghanap ng liwanag, sa karimlan isinugbo.
Ganito na lang bang lagi ang papangyarihing kwento:
Ang kasaysayan ng bayang higit nang apat na siglo?

*“Sukat na! Papagsalitain natin naman ang sandata! Na tayo’y pag-
uusigin, mabibilango, ipatatapon, papatayin? Hindi dapat nating
ipanglumó ang lahat ng ito, mabuti pa nga ang tayo’y mamatay kay sa
manatili sa pagkabusabos.” – Andres Bonifacio*

*Matakot sa kasaysaysan pagka’t walang lihim na hindi nahahayag. –
Gregoria de Jesus*

Kasamang Manuel Manaog, Kiko Portem at Tish Pascual,
Sa inyo Leo Velasco at Rizalina Ilagan
Luisa Posa, Jonas Burgos at laksang di nangalanan,
Diwa ninyo’y yakap namin sa panata ng paglaban.

Huwag kayong mag-alala, pilit man kaming ginupo,
Angkang desaparecido’y di kailanman susuko.
Kami ang manggagawa, magsasakang libu-libo.

1898, Disyembre 10:

Tratado ng Paris, kung saan ipinagbili ng Espanya ang
Pilipinas sa USA sa halagang US\$20M.



Kami ang anakpawis, mga bagong Bonifacio.

Sa bayan nating ginahis, muli't muling dinusta,
Binaboy ng gahaman, sa dayuhan ibinenta
Nina Aguinaldo, Lava, dela Cruz, Lagman, Tabara,
Muli't muli ring bumangon, ating mulat na pag-asa.

Mula Balintawak, Negros, Mindanao at Marikina
Humuhugos sa lansangan, mga rali, martsa't welga.
Dating kuta ng Katipunan ngayo'y larangang gerilya.
Di nanahimik ang baril, nagtatagumpay, Kasama.

*Manuel Manaog – kadre militar sa Bikol, dinukot sa Maynila kasama ni
Geminiano Gualberto noong 1990.*

*Francisco “Kiko” Portem – kumander ng BHB sa Bikol, nawala sa kamay
nina Gen. Galido ng 2MIG, ISAFP noong 1975*

*Leticia “Tish” Pascual – kadre ng Timog Katagalugan na
dinukot noong 1975 sa Maynila.*

*Leo Velasco – NDF consultant na dinukot ng militar sa
Mindanao noong 2007*

*Rizalina Ilagan – kadre ng Timog Katagalugan na
dinukot nina Gen. Galido ng 2MIG noong 1977*

*Ma. Luisa Posa – lider ng Bayan Muna, kasama ng
lider ng Anakpawis na si Nilo Arado, dinukot nina
Col. Noel Buan ng ISAFP sa Iloilo noong 2007*

*Jonas Burgos – aktibista sa kilusang magsasaka na
dinukot noong 2008 sa Quezon City*

Emilio Aguinaldo - nagbenta ng Rebolusyong 1896

*Lava - rebisyunistang taksil ng lumang Partidong
pinagsanib*

*Luisito dela Cruz, Popoy Lagman, Arturo Tabara -
pinatalsik sa Partido dahil nagpaksyon, ayaw
magwasto at maraming krimen sa mamamayan*



1899 Pebrero 4 hanggang 1911:

Digmaang Pilipino-Amerikano.
Ipinagpatuloy ng Katipunan ang
pakikibaka sa mga bagong
kolonyalistang imperyalista.



*Portipikasyon ng Katipunan sa
San Roque, Bulacan*



*Kuta ng KKK sa Malate, nakaposisyon
ang kanyon na nasamsam sa Espanyol*

SUPREMO BONIFACIO: PULANG OBRERO

NINA KA HEART, KA JIM, AT KA RICO

Awiting rap sa 8/8 na tempo

Isinilang man na gapos sa hirap at dalita
 Sa sining nahasa, nahubog, nakabasa
 Nailantad sa bawat pahina ang misteryo ng novena
 Na ang buhay at lupa ay bihag ng kastila
 Naranasan natapakan nagalusan nasaktan.
 Habang di nila batid di na kayang pagbigyan,
 Tama na tama na! sinisigaw ng katauhan.
 Ito na ang panahon akdain ang himagsikan
 Gamitin ang husay ang laba'y pangunahan
 ang masa'y pamunuan itindig ang Katipunan
 Na apoy sa digmaang tutupok sa kalaban.
 Bawiin ang lupa, parusahan ang dayuhan,
 Wasakin ang estado 'wag na tayong magpigil
 Kaya bunutin ang tabak at agawin ang baril
 Sa dayong manunupil pasabugin na ang gigil
 Sa kalaban ay itutok walang dudang iputok!

Koro:

Kung sukat na ang pangamba ang umalipin ay itumba
 Kung sukat na ang galit, ang hari ay iligpit
 At kamtin ang kalayaan sa daluyong ng himagsikan

Sa saliw ng digmaan, nangagsiawit ang sandata
 Sa tugtog ng mithiing demokrasya at paglaya
 Iginuhit ang disenyo ng 'sang rebolusyunaryo
 Na binalot ng prisipyong matigas pa sa asero
 Mga aral at pag-asa ang tala at pamana
 Ang syang sinag sa puso ng pakikibaka.

Bagaman idineklara ng US na panalo na sila noong 1902, nagpatuloy ang labanan sa iba't ibang bahagi ng bansa. Mahigit 20,000 mandirigma at 500,000 sibilyang Pilipino ang namatay sa isa sa pinakabrutal na digmaan sa buong daigdig.



paghahamlet



masaker

Kagitingan, katapatan, kahusayan, katapangan
 Pagpugayan ang ama ng dakilang himagsikan
 Andres Bonifacio bayaning obrero
 Martir ng bayan, 'sang tunay na supremo.
 Kaya muli nating tanganan ang sandatang nabitawan
 Gisingin pasulungin bigkisin ang taumbayan
 Patuloy, isulong digmang bayang bagong tipo
 Ibagsak ang pyudalismo, burukratang kapitalismo
 Tuluyan nang wasakin, ibagsak imperyalismo.
 Sa tagumpay ng bagong rebo itayo ang sosyalismo!

Koro:

Kung sukat na ang pangamba ang umalipin ay itumba
 Kung sukat na ang galit, ang hari ay iligpit
 At kamtin ang kalayaan sa daluyong ng himagsikan!



ilang porma ng pagpapahirap na ginawa ng imperyalismong US



pagbilad sa araw at ulan



water cure



panununog

Sa kabilang
 panig ay
 napatay ang
 mahigit apat na
 libong
 sundalong
 Amerikano.

ANG BAGONG ALAMAT NG BAHAY-TORO

KWENTONG PAMBATA NI MARIA CATALONAN



Monumentong Palatandaan sa Unang Sigaw sa Pugadlawin, Bahay-Toro, Quezon City

Noong unang panahon, sa isang malawak at luntiang bahagi ng bayan ng Taga-Ilog, naninirahan ang tribu nina Lolo Toro at Lola Bakiya, ang mga anak nilang sina Makinis, Puyuan, Umikid, at ang apo nilang si Atimon. Marami silang magkakapamilya't magkakaibigan at sama-sama nilang tinatamasa ang kayamanan ng kanilang lugar. Ang mga burol at kapatagan ay masagana sa mga halamang pagkain at mga kaibigan nilang hayop.

1901, Abril 1:

Sa Malakanyang, sumumpa si Aguinaldo ng katapatan sa gubyerno ng US.



Si Aguinaldo sakay ng USS Vicksburg papuntang Maynila

Dito sila isinilang at lumaking malayang gumagala, naglalaro, at naliligo sa maraming malinaw at nagsanga-sangang mga sapa at ilog.

Atimon ang naging pangalan ng apo dahil sa kanyang katawang kasing bilog ng hinog na atimon na pinipitas sa kaingin kung malapit nang mag-ani. Laging sinasabihan ni Lolo Toro si Atimon na huwag lalayo sa kanilang lugar, lalo na kung paulod sa sapa, o sa katabing gubat kung saan nakatira si Amang Lawin, na ayaw raw na may dumadayo sa kanyang pugad.

Isang araw, habang umiinom sa sapa, nakita ni Atimon ang isang kumikinang na bato, na parang sumasayaw, lumulukso-lukso, gumugulong-gulong at tumatakbong kasabay ng mabilis na agos ng tubig. Splok, splok, swis, swis. Umikot pang muli, na parang siya ang tinatawag.

“Sino ka?” kanyang pagtataka.

“Ako si Diwang Malaya. Hindi mo ba nakikitang isa akong bato-balani? Matagal na ako rito, pero hindi mo ako napapansin dahil mas pinagkakaabalahan mo ang paglalaro. Sumama ka sa akin at ipapakita ko sa iyo ang malawak na daigdig at ang walang hangganang kakayahan mong umunlad basta’t may matatag kang paninindigan, mapanuring pananaw, malakas na kalooban, at mapamamaraang paggawa.”

“Pero sabi ni Lolo Toro, huwag akong lalayo at marami raw panganib.”

“Oo. Isa si Lolo Toro sa mga nabalani sa akin noong una, ngunit siya’y nag-alinlangan at nagkanlong na lang dito sa inyong

1901, Abril 19:

Naglabas si Aguinaldo ng “Proklamasyon ng Pormal na Pagsuko sa USA” at dito’y sinabihan ang mga lumalaban na isalung na ang armas.



lugar. Totoo ang sinasabi niya sa iyo na maraming panganib. Pero walang hindi kayang harapin basta't taglay mo ang mga nabanggit ko na. Nakikita mo ba itong sapa? Tulad ng kasaysaysan, walang makakapigil ng daloy nito. Dudugtong ito sa ilog at tutuloy sa dagat, gaano mo man subukang harangin. Halika na, at mabilis ang mga pangyayari ngayon sa ilaod. Sundan natin ang agos."

Habang nag-uusap sila'y tuluy-tuloy ang mabilis na agos ng tubig kasabay ng gulong ni Diwang Malaya, at siya rin ang pagsunod sa kanya ng kausap para masalo ang mga sinasabi nito. Kaya nang mapansin ni Atimon ay malayo na pala siya sa Bahay-Toro. Kahit natatakot siyang makagalitan ni Lolo Toro, mas malakas naman ang hatak sa kanya ng anyayang pamamasyal ni Diwang Malaya.

Dumugtong nga ang sapa sa ilog, at sa mas malaki pang ilog. Nakita ni Atimon ang ilang taong nakayuko sa taniman, na tinatanuran ng kapareho nilang mga tao pero mabalasik ang mga mukha. Ang mga nagtatanod ay lalaking nakadamit ng parang saya at may bitbit na krus, at ang ibang hindi nakasaya ay may dalang mga baril. Tinanong niya si Diwang Malaya kung ano 'yon.

"Ang mga nagtatanim ay mga Indio. Dati silang malaya tulad ninyo, pero sinakop sila at



Si Haring Leong Mapula

Hindi sumunod sa proklamasyon ang maraming pinuno ng Katipunan. Pumalit bilang pinuno si Miguel Malvar at nagpatuloy ang labanan sa iba't ibang dako ng kapuluan.



lahat na ng tinatanim at nililikha nila ngayon ay kinukunan ng buwis. Ang hindi magbigay ay kinukulung, pinapahirapan o kaya'y pinapatay. At kung hindi natin pipigilan, pati ang tahanan ninyo nina Lolo Toro ay kukunin ng mananakop at paluluhurin din kayong tulad ng ginawa diyan sa mga nakikita mo."

"Sino ba ang mga mabalasik na 'yan?"

"Yan ang mga kampon ni Gob Blanco, ang nakatira sa palasyo sa tabi ng Ilog Pasig na karugtong nitong ilog na binabaybay natin. Ang nakasuot ng parang saya ay mga prayleng nakasuot ng sutana. Ang may mga baril ay mga Guwardya Sibil. Galit sila sa akin. Pero alam mo, hindi lang si Gob Blanco ang galit sa akin. Ang kanyang panginoon, si Haring Leong Mapula na nakatira sa malayong lugar sa kabila ng dagat, ang nag-uutos na hanapin ako para ilibing sa balong malalim. Dahil kung mailigpit lamang nila ako matitiyak nila ang kanilang kapangyarihan."

"Kaya pala sinabi ni Lolo Toro na mapanganib," bulong sa sarili ni Atimon. At dahil nga nabalani na siya ni Diwang Malaya, nagsimula na siyang magsuri. Napag-isipan rin niyang dapat ay tumulong siya sa pagpapalayas hindi lang kay Gob Blanco kundi mismo sa Haring Leong Mapula para hindi maagaw ang tahanan nina Lolo Toro.

"Narinig ko ang binubulong mo," pangiting puna ni Diwang Malaya. "Mabuti ngang matandaan mo rin ang sinasabi ni Lolo Toro na maraming panganib. Dahil hindi lang ang mga prayle at Gwardya Sibil ang dapat mong ingatan. May mas mapanganib pa. Si Diwang Kolonyal. Nagpapagamit siya kahit kaninong haring mananakop, at nagbabalat kayo siya, kinukuha niya ang anyo ko. At ang mga nagiging kaibigan niya ay kinukuha

Ilan sa mga nagpatuloy ng paglaban sa imperyalismong US



*Republikang Tagalog
nina Macario Sakay*



Miguel Malvar



Artemio Ricarte



Vicente Lukban



*Faustino
Guillermo*



Simeon Ola

rin ang anyo ng mga kaibigan natin, nagmumukhang mabait pero mapagpakana at mapang-intriga ang kalooban.”

Maya’t maya’y may nakita silang maraming taong mabibilis na lumalakad, lumilingon-lingon sa palibot, at nag-uusap ng taintiman. Lumapit si Atimon upang makinig sa pinag-uusapan. Biglang hinawakan ng isang bata ang kanyang tumutubo pa lamang na sungay at itinulak siyang palayo.

“Sino ka? Nananiktik ka, ano?”

“Mabuti at maingat ka, mabuti at nagtatanong ka rin bago kumilos ng marahas,” pagtatanggol ni Diwang Malaya. “Bago ko siyang kaibigan.”

“At sino mang kaibigan mo ay kaibigan ko rin. Ako nga pala si Nonoy,” wika ng bata habang hinahaplos ang leeg ni Atimon, “magmadali na kayo at may pagtitipon, sasama tayo. Natuklasan ng mga sugo ni Haring Leong Mapula ang plano ng mga anak ng bayan na palayasin sila sa lupa ng mga Taga-Ilog. Dali, baka maiwanan tayo.”

Nanlaki ang mga mata ni Atimon nang matanto niyang doon sila papunta sa lugar ni Lolo Toro! At mas nakakagulat pa, kasama rin sa pagtitipon si Amang Lawin!

“Hindi ako nag-aalinlangan” wika ni Lolo Toro habang inuuunat-unat ang naninigas na niyang tuhod, “Sumama rin ako sa paglalakbay ni Diwang Malaya noong kalakasan ko pa. Ngunit sa mga kasamahan namin ay may mga nag-alinlangan, kaya’t hindi namin napalayas ang Haring Leong Mapula. Marami ang namatay na torete sa ating lahi, at kahit ang mga paslit na guya. Narito ako

1901, Setyembre 28:

Labanan sa Balangiga kung saan nilipol ng mamamayan ang Company G ng 9th US Infantry at nakasamsam ng 100 riple at 25,000 bala



ngayon dahil matanda na ako, pero tumutulong ako ng lihim sa mga paraang kaya ko. Si Amang Lawin ay kasamahan ko rin. Hindi kita pinapupunta sa kanyang lugar dahil masasaksihan mo ang kilos ng mga kaibigan doon at baka hindi ka marunong magtago ng lihim. Masyado ka pang bata. Pero ngayong natuklasan mo na si Diwang Malaya, hindi kita pipigilan kung saan mo gustong magpunta, basta't maninindigan ka lamang para sa mga katulad natin, magiging mapanuri, at magiging mapanlikha sa mga paraan ng paggawa. Magkakasama tayong magbibigay ng kanlungan sa mga anak ng bayan.”

Itinuro ni Nonoy kay Atimon ang mga nag-uumpukang tao. “Yon si Kuya Andres. Magaling ‘yan magtalumpati, mag-organisa at gumanap sa moro-moro. ‘Yon si Kuya Emilio



Pingkian. Magaling ‘yan magsulat, magaling ding lumaban. ‘Yon si Lola Sora. Lola naming lahat ‘yan.” Umiikot na ang ulo ni Atimon sa dami ng tinuturo ni Nonoy. Napakaraming tao! Mga kaibigan, mga kaanak. At lahat sila’y handang magpalayas kay Haring Leong Mapula!

Nagmistulang plasa sa gitna ng kakahuyan ang lugar ni Lolo Toro, nagpapalakpakan sila kahit seryoso ang mga mukha habang nagtatalumpati si Kuya Andres. Maya-maya’y nagsigawan

1902, Hulyo 4:

Deklarasyon ng US na tapos na ang digmaan, bagamat nagpatuloy ang labanan at mga masaker, lalo na sa mga Moro sa Mindanao, hanggang 1913



*Labanan sa Bud
Bagsak, Jolo*

na sila ng mabuhay at nagpunit ng mga papel na tawag nila'y sedula. Magsisimula na ang himagsikan.

At tuluy-tuloy na ngang sumama si Atimon sa mga bago niyang kaibigan. Kasama rin niya ang tiyo niyang si Puyuan, at lagi niyang kasama si Nonoy. Kaagapay rin nila si Diwang Malaya. Lumalakad sila ng gabi o madaling araw, sakay sa kanyang likod si Nonoy. Madalas ay pasan nila ni Tiyo Puyuan ang mga pinatalim na kawayan, minsa'y may mga baril na nakuha sa mga Gwardya Sibil. Kung minsan nama'y nagpapasan siya ng kasamang sugatan. Kung natutulog sa lupa, pinapaunan niya si Nonoy sa kanyang tagiliran para huwag ginawin ang bata. Sa maraming labanan at maraming kahirapan ay lubos na tumubo ang kanyang sungay at naging ganap na siyang torete, habang si Nonoy ay dumagdag din ang gulang. Nagpalit-palit ang mga nakatira sa malaking palasyo sa tabi ng Ilog Pasig pero nagpatuloy ang labanan. Hangga't nanghina ang mga sugo ng Haring Leong Mapula.

Ngunit nang malapit nang sumuko ang Haring Leong Mapula, dumating ang maputing Haring Agilang Kalbo. Nagkasundo sila na dahil nanghihina na si Haring Leong Mapula, papalit naman sa kanya si Haring Agilang Kalbo. Mas malupit, mas mayabang, mas maraming armas na makabago. Dumating ang mga kampon niyang



Si Haring Agilang Kalbo

1906, Marso 5-7:

Masaker sa Bud Dajo, Jolo kung saan pinatay ng mga pwersang Amerikano ang humigit-kumulang 1000 Moro, karamiha'y mga kababaihan at bata, na nagkanlong sa bunganga ng patay na bulkan ng Dajo.



dayuhang bakang puti lulan ng mga barko at sila naman ang sumalakay sa mga anak ng bayan.

At doon nga naintindihan ni Atimon ang sinasabi ni Diwang Malaya na mga nagmumukhang kaibigan pero mapagpakana ang kalooban. Mga dati'y kasama nila sa labanan pero ngayo'y kasama na ang mga puting bakang kampon ni Haring Agilang Kalbo. Sina Kuya Miong. Sina Kuya Trias. Sina Kuya Baldomero. Pinagtulung-tulungan nilang dakpin at patayin si Kuya Andres.

Nang akala nila'y mahina na ang mga anak ng bayan dahil wala na si Kuya Andres, lumusob sila ng todo-todo. Nagkagulo-gulo, dahil hindi na makilala ng ibang anak ng bayan ang tunay na kaibigan at ang nagbabalatkayo lamang.

"Nasaan na si Diwang Malaya? Iniwan niya tayo?" mangiyak-ngiyak nang tanong ni Atimon kay Nonoy.

"Tandaan ang sinabi niya, maging mapanuri. Nandun siya, binabalot ng mga tao kaya hindi mo makita. Huwag ka ngang nag-aalinlangan. Kailangan ng matatag na paninindigan sa mga pinaniniwalaan mong tama," bulong ni Nonoy."Yon ang magbibigay sa 'yo ng lakas ng loob."

Ngunit tuluy-tuloy ang putukan dahil matapang ang mga anak ng bayan kahit lamang na lamang sa armas ang kaaway. Kaya kasabay ng mga kanyon at baril, ginamit ni Haring Agilang Kalbo ang pinakatagu-tago niyang natatanging sandata. Mula sa kanyang nakasisilaw na bulsa, inilabas ni Haring Agilang Kalbo ang panyong may tatlong kulay. May nakabalot sa panyo na kanyang inilabas at pinagulong, isang kumikinang na bato na sumayaw-sayaw at nanghalina sa mata ng mga tao.

1930, Agosto 26:

Sa okasyon ng ika-34 na taong paggunita sa Sigaw sa Balintawak/Pugad Lawin, itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas sa pamumuno ng lider-manggagawang Crisanto Evangelista upang ituloy ang laban sa imperyalismong Estados Unidos at mga utusang aso nito. Ang mga kasapi sa Partido Komunista ay marubdob na naatasang "sumunod sa yapak ni Bonifacio."



PKP Chairman Crisanto Evangelista and General Secretary Guillermo Capesidoc.

“Hindi ‘yan tunay na bato balani, timbangin ninyo’y napakagaan dahil hungkag sa kaibuturan!” sigaw ni Nonoy, “si Diwang Kolonyal ‘yan na nagbabalatkayong si Diwang Malaya. Huwag kayong maniniwala!”

Ngunit nalunod na sa ingay at gulo ang babala ni Nonoy. Kahit si Atimon ay nalito. Nasilaw ang maraming tao, nabulag pa nga ang iba at hindi na makagalaw. Ang iba nama’y nag-umpukan sa kumikinang na bato na akala nila’y si Diwang Malaya, kaya’t manipis na ang nakabalot sa totoong Diwang Malaya.

Pinaputok nina Haring Agilang Kalbo ang kanilang mga baril at kanyon sa nalantad na batubalani. Ka-blum! Pak-pak-pak! Sumabog si Diwang Malaya kasabay ng pagtimbuwang ng iba pang mga anak ng bayan. Tulad ng unang kwento na ni Lolo Toro, marami ang namatay, pati mga paslit na guya. Pati si Tiyo Puyuan.

Kumabog ang dibdib ni Atimon. Mula sa mabilis na paglalakad, siya ay yumagyag. Hanggang sa tumakbo na nang paiskape. Tumakbo nang tumakbo, na halos dumadagundong ang lupa sa bagsak ng apat niyang paa.

“Huwag kang matakot! Hintayin natin sila!” palahaw ni Nonoy na buong higpit na nakayakap sa kanyang leeg para huwag mahulog. “Siguradong alam ni Kuya Emil Pingkian ang gagawin! Magsasama-sama pa silang muli, at kung hindi siya, marami pang ibang anak ng bayan na gagawa ng paraan!”

Ngunit parang hibang na nagpatuloy ng takbo si Atimon, at hindi naman makapanaog sa kanyang likod si Nonoy. Tumigil lang sila nang makarating sa bahay ni Lolo Toro, at doo’y nagtago

1964 Nobyembre 30:

Sa okasyon ng pagdiriwang sa kaarawan ni Andres Bonifacio, itinatag ang Kabataang Makabayan sa pamumuno ni Jose Maria Sison bilang taliba ng kabataang Pilipino sa Ikalawang Kilusang Propaganda upang ipagpatuloy ang paglaban sa imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo.



sa isang makahoy na sulok sa gilid ng dating pinagtipunang plasa, parehong hinihinal.

Maya't maya'y nariyan na sina Kuya Emil, hinahabol ng kampon ni Haring Agilang Kalbo. Lumalaban sila, umaatras, umaabante, ngunit nabawasan ang lakas, dahil may ibang dating kasamahan na naiwan na sa piling ni Diwang Kolonyal.

Winawagayway ni Haring Agilang Kalbo ang panyong may tatlong kulay at ipinukol ang sumpa sa mga taong lumalaban.

“Magbabalik kayo sa pinagsimulan ng lahat!” sigaw niya.

At sa isang saglit, naipon ang mga tao sa anyo ng pagtitipon nila tulad noong Unang Sigaw, at sila'y naging matigas na taong tanso.

“Hangga't nakatayo kayo riyang ay hindi malilimot ng mga makakakita ang paglapastangan ninyo sa akin!” Pasuyang tumalikod si Haring Agilang Kalbo at kasabay ng mga kampon niya'y nagbalik sa kanyang palasyo.

Tumulo ang luha ni Atimon. Ang lahat ba ng pinagtiyagaan nina Lolo Toro, mga pinaghirapan nina Nanay Makinis, ang pinag-alayan ng buhay nina Kuya Andres at Tiyo Puyuan, ay nagwakas sa wala? Napalayas nga si Haring Leong Mapula, pumalit naman ang mas malupit na Haring Agilang Kalbo?

At sa kapangyarihan ni Haring Agilang Kalbo ay pinalayas ang mga magsasaka sa kanilang tinataniman, pinutol ang mga punong-kahoy sa tanahan ni Amang Lawin, at kinalkal mula sa bituka ng lupa ang mga ginto, pilak at bakal na hinakot patungo

Ang mga datos ay kinuha sa mga isinulat o isinaysay nina Santiago Alvarez, Artemio Ricarte, Apolinario Mabini, Julio Nakpil, Gregoria de Jesus, Guillermo Masangkay at Pio Valenzuela. Kumuha rin ng mga datos at larawan mula sa praymer na **Bonifacio, Buhay at Pakikibaka ng Linangan ng Kulturang Pilipino (LKP), PAIS, at EILER; sa website ng National Historical Institute, **Philippine-American War** ni A. Dumindin, **Andres Bonifacio and the 1896 Revolution** ni Mila Guerrero, **Ang Pagsalakay ni Bonifacio sa Maynila** ni Z.A. Salazar, at mga blog sa Sobriety for the Philippines at Kahimyang Project.*

sa malayong kaharian sa kabila ng dagat. Tinibag ang mga totoong bundok at gumawa ng mga bundok ng basura. Gumawa ng mga ilog kung saan walang ilog, habang tinambakan ng semento ang mga tunay na ilog para matayuan ng mga pabrika. Naglagay ng mga ilaw na mas makinang pa kay Diwang Malaya kaya naging araw ang gabi at tuluy-tuloy na pinagtrabaho ang mga natirang indio na hindi naging tanso.

Hindi na nakaalis sina Atimon at Nonoy mula sa kanilang pinagtataguan sulok. Hindi nila alam na nasakop pala sila ng sumpa. Umulan at umaraw ay patuloy nilang tinatanaw ang mga taong tanso na nakatayo sa gitna ng plasa. Hindi nila napansin kung gaano katagal na silang nakaupo sa kanilang kinalalagyan hanggang isang araw, may nakita silang munting batong kikinang-kinang, palundag-lundag at pasayaw-sayaw sa kanilang paanan. Plik-plok, plik-plok.

“Kumusta kayo, mga kaibigan?” matamis, parang awit, ang tinig ni Diwang Malaya.

“Hindi ba pinatay ka ni Haring Agilang Kalbo?” nagtataakang natutuwang bulong ni Atimon sa muling pagkakita sa mahal na kaibigan.

“Hindi mo ba alam ang katangian ng bato-balani? Basagin mo at ang bawat pirasong tumalsik ay nakakabalani pa rin. ‘Yong isang bahagi ko lang ang nabihag ni Haring Agilang Kalbo na akala niya ay akin nang kabuuan.”

“Akala ko nawala ka na. Akala ko iniwan mo na kami.” Lumuluha si Atimon. Kahit hindi niya napansin ang paglipas ng panahon, nasabik pa rin siya sa kanyang kaibigan.

“Hindi ako mawawala. Hindi ako kayang wasakin ng ilandaang baril at kanyon. Ang tahanan ko ay kung saan may nagmamahal sa akin. Ang agos ng kasaysaysan ay agos ko rin.” Lumukso, sumalto, at paikot-ikot na sumayaw si Diwang Malaya papunta sa pampang ng sapa.

“Napilitan lang naman akong magtago dahil sa sumpa ni Haring Agilang Kalbo. At nagkabisa ang sumpa niya dahil may ilan pa sa mga kaibigan kong tulad mo na nagdalawang-isip, natangay o natakot sa

kanyang panlilinlang. Pero hindi ako mawawala. May mga bahagi akong maililibing ng mga sugo ni Haring Leong Mapula, ni Haring Agilang Kalbo, o kung sino pang sakim na hari ang aagaw sa tahahan natin. Pero lagi't lagi akong mabubuhay sa mga hindi nagpapalinlang, sa mga tunay na anak ng bayan. Dahil bahagi ko lang ang nakuha ng hari, hindi lubos ang kanyang sumpa. Kaya hindi niya naikulong sa mga rebultong tanso ang diwa ng mga kaibigan natin, malaya sila at naroon sa nagkakaisang mga anak ng bayan. Ipaglalaban nila ako at kung mapalayas na ang mga hari, mabubuo ako at hindi ko na kailangang magtago; magiging kaibigan ako ng lahat."

"Kailan pa kaya 'yon?"

"Huwag kang mainip. Nakabalik na ako, di ba? Pagmasdan mo ang mga nangyayari sa iyong paligid. Di ba't marami na tayong kaibigan na ayaw sumunod sa utos ng hari? Kaliwa't kanan, dala nila ang mga istrimer at bandera, nagpoprotesta. Sa mga pabrika, pana-panahong napapatigil ang pang-aalipin ng hari dahil sa lakas ng mga manggagawa. Lumalaban ang mga maralitang lunsod kung winawasak ng mga bagong Gwardya Sibil ang kanilang tahanan. Pasundin mo ang iyong diwa sa ilaya ng Ilog na ito, paakyat sa kabundukan, sa mga lugar na hindi mo pa naabot. Naroon ang mga magsasaka, nagtatanim at lumilikha ng bagong mas masaganang tahanan. Dumarami, humuhusay, patuloy na lumalakas habang lumalaban ang mga tunay na anak ng bayan laban sa mga sugo ni Haring Agilang Kalbo. Unti-unti na nilang nababawi ang mga Ilog. Hindi magtatagal ay makakarating na sila rito at palalayasin ang punong sugo ni Haring Agilang Kalbo sa palasyo sa gilid ng Pasig pati ang lahat ng kanyang kampon tulad nina Boss Dandy, Don Jaime, Tsip Henry at Sir Lucio. Babagsak si Haring Agilang Kalbo kung wala na siyang sugo."

At napangiti sina Atimon at Nonoy.

Wala na ngayong damo at halamang pagkain sa mga lugar na dating tahanan nina Lolo Toro. Bagama't tinatawag pa rin itong Bahay Toro, wala na roon sina Lolo Toro, Lola Bakiya, Makinis, Puyuan at Umikid. Ang naroon ay ang mga kalsadang Hereford, Jersey, Longhorn, Shorthorn, Aberdeen, Brown Swiss at iba pang mga bakang dayuhan, na saklaw ng Congressional Village. Maitim ang mga sapa at kahit

nakadugtong pa rin ang mga ito sa Ilog ng San Francisco del Monte na bumubuhos sa Ilog ng San Juan, napakabagal na ng daloy patungong Ilog Pasig maliban lang kung panahon ng tagbaha. Sa tirahan ni Amang Lawin ay nakatayo ang mga bahay na semento sa Pugad Lawin Villas at Fatima Village samantalang sa tapat ay ang Sitio Militar, mumunting barung-barong na kinumpuni mula sa mga labi ng sunog noong Abril.

Sa gilid ng plasa, nanonood sa mga nag-uumpukang taong tanso, nakaupo sina Nonoy at Atimon, na tumigas na sa tanso ang mga ngiti.

Paminsan-minsan ay lumilipad sa ibabaw si Amang Lawin upang tanawin ang kanyang dating tahanan, kahit hirap na hirap na siyang makita ito dahil sa kapal ng itim na usok mula sa mga tambutso ng pabrika at sasakyan. Pinagmamasdan niya ang nalalapit nang pagbagsak ng kampon ng Haring Agilang Kalbo, ang nalalapit nang pagkatanggal ng sumpa sa mga taong tanso.



Bahagi ng Monumento ng Unang Sigaw

*Ang Leong Mapula (Red Lion) ay sagisag sa selyo ng Espanya.
Ang Agilang Kalbo (Bald Eagle) ay sagisag sa selyo ng USA.*

PASASALAMAT

Nagpapasalamat ang Patnugutan ng *Ulos* sa lahat ng kasamang nag-ambag ng obra at tumulong sa pagbubuo ng isyung ito ng *Ulos*. Salamat kina Kasamang Andy at Kasamang Liway sa masigasig na pag-oorganisa ng mga palihan at pagtitipon ng mga ambag na likhang-sining; kay Kasamang Sandra sa pag-ambag ng datos at kaalaman sa buhay ni Andres Bonifacio; kay Kasamang MayaMor sa mga likhang biswal at mga larawan, at kay Kasamang Maxima sa matiyagang pananaliksik ng mga datos at larawang ipinaloob sa isyung ito. Salamat din sa Ang Bayan kung saan kinuha ang ilang larawang-guhit sa isyung Enero-Pebrero, 2000.

Mabuhay kayo mga kasama!